ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2012

# Liahona



## Ang Diyos ay Ating Ama, mga pahina 20, 52, 60


**Mga Tulong sa Pangkalahatang Kumperensya, p. 8**

**Paano Turuan at Tulungan ang mga Batang May mga Kapansanan, p. 32**

**Mga Batang Nagpapatay ng mga Technological Device, p. 61**



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

*Turuang Lumakad sa Liwanag,* ni Godofredo Orig

*Dito'y nakikita natin ang tinatahak ng isang pamilya habang papalapit sila sa liwanag ng templo. Sa mga larawan sa ibaba, ang pamilya ay nasa kadiliman ngunit hindi nagtagal ay nakilala nila ang mga misyonero. Sa mga larawan sa itaas, ang pamilya ay nagdarasal, nalaman na totoo ang ebanghelyo, at handa na para sa binyag at kumpirmasyon. Nakaharap sila sa templo kung saan sa bandang huli ay gagawa sila ng mga tipan na kailangan nila para sa buhay na walang hanggan.*

*"Ang mga taong lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag; . . . sa kanila sumikat ang isang liwanag" (2 Nephi 19:2).*




# Liahona, Pebrero 2012

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Hikayatin Silang Manalangin**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Tagapangalaga ng Tahanan**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


14 **Sa Pagsampalataya sa Diyos, Ako ay Hindi Nag-iisa Kailanman**
Ni Donna Hollenbeck
*Sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon, nadama kong nag-iisa ako. Wala akong mabalingan para mapanatag maliban sa lumuhod sa panalangin.*


**SA PABALAT**
*Ang Unang Pangitain,* stained glass na nasa Brigham City Third Ward meetinghouse, Brigham City, Utah, USA.


16 **"Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?"**
Ni Alexandria Schulte
*Sa aking misyon nakita ko sa buhay ng pamilya Aguilar ang mga pagpapala ng pag-aayuno.*

20 **Ang Doktrina ng Ama**
Ni Elder Quentin L. Cook
*Ang Diyos Ama ang Pinakadakilang Pinuno ng sansinukob, ang Kapangyarihan na nagbigay sa atin ng espirituwal na pagkatao, at ang May-akda ng planong nagbibigay sa atin ng pag-asa at potensyal.*

26 **Gutom sa Salita sa Ecuador**
Ni Joshua J. Perkey
*Paano napapagalak ng paglilingkod, pakikisalamuha, at pagbabalik-loob ang mga miyembro.*

32 **Paano Ko Tutulungan ang Batang Ito?**
Ni Danyelle Ferguson


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Komperensya ng Oktubre**

11 **Paglilingkod sa Simbahan: Pagharap sa Pamumuna sa Ating mga Tungkulin**
Hindi ibinigay ang pangalan

12 **Ang Ating Paniniwala: Binigyan Tayo ng Panginoon ng Isang Batas ng Kalusugan**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagtulad at Paggalang sa Ating mga Magulang sa Langit**
Ni Scott Van Kampen

## MGA YOUNG ADULT




42 **Nagsalita Sila sa Atin: Ito ay Inyong Gawain**
Ni Julie B. Beck
*Ang mga young adult ngayon ay talagang naaakmang lumahok sa gawain sa templo at family history.*

45 **Ebanghelyo sa Aking Buhay: Ang Hamon sa Aking Family History**
Ni Cristina Alvear




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Alam nina Daniel at Joseph.***


## MGA KABATAAN

46 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Nagdiborsyo ang mga magulang ko. Kung minsan ay pinapayuhan ako ng isa sa kanila na kontra sa payo ng isa pa. Ano ang gagawin ko?*

48 **Magiliw na Awa ng Panginoon**
Ni Elder David A. Bednar
*Matatamasa ninyo ang magiliw na awa ng Panginoon—mga espirituwal na kaloob na tulad ng lakas, proteksyon, katiyakan, patnubay, at mapagmahal na kabaitan.*


52 **Ang Ating Ama sa Langit**
*Ang alam ng mga Banal sa mga Huling Araw tungkol sa Ama sa Langit ay kakaiba, at ito ang gumagawa ng malaking kaibhan sa atin.*

54 **Isang Tinig para sa Matataas na Pamantayan**
Ni Hilary Watkins Lemon
*Si Gerson Santos, isang binatilyong taga-Portugal, ay madalas matagpuan ang kanyang sarili na namumukod-tangi at naninindigan sa mga pamantayan ng ebanghelyo.*

55 **Ang Bahaging para sa Atin**

56 **Huwag Patangay**
Ni Adam C. Olson
*Ang batas ng kalinisang-puri ay parang espirituwal na barandilya, sabi ni Saane, isang dalagitang taga-Tonga.*

58 **Mula sa Misyon: Isang Bautismuhang Walang Laman**
Ni Siosaia Naeata Jr.



## MGA BATA




60 **Natatanging Saksi: Sino ang Ama sa Langit?**
Ni Pangulong Boyd K. Packer

61 **Hindi Naka-plug**
Ni Annie Beer
*Mga tip sa pagpatay ng teknolohiya at pagtuon sa iba pang mahahalagang aktibidad.*

62 **Ang Ating Pahina**

63 **Magandang Ideya**

64 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Kapag Pinili Natin ang Tama, Pinagpapala Tayo**

66 **Isang Panalanging Makaligtas**
Ni Sueli de Aquino
*Sinikap kong lumangoy pabalik sa dalampasigan, ngunit tumaas na ang tubig. Sinikap kong makaahon.*

68 **Happy Valentine! Tine O. ng Nairobi, Kenya**
Ni Richard M. Romney
*Tinaglay ni Tine ang pangalan ni Jesucristo sa kanyang sarili at sinikap mamuhay na katulad ng Kanyang gawain.*

70 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Mga Scripture Figure sa Aklat ni Mormon**

**PEBRERO 2012 TOMO 15 BLG. 2**
**LIAHONA 10482 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** February 2012 Vol. 15 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org



## PARA SA MATATANDA


Tingnan sa pahina 32 ang isang artikulong naglalaan ng ilang mungkahi sa pagtuturo ng mga batang may mga kapansanan sa pag-unawa. Ipinaliliwanag sa website ng Simbahan na **lds.org/disability** ang iba't ibang klase ng kapansanan at kung paano tutulungan ang mga bata sa lahat ng edad na may kapansanan.

Magbasa tungkol sa matatapat na miyembro ng Orellana Branch sa Ecuador (tingnan sa pahina 26) at tingnan ang iba pa nilang mga retrato sa **liahona.lds.org**.



## PARA SA MGA KABATAAN

Gaya ng mga barandilyang nagpoprotekta sa mga tao sa hampas ng mga alon, pinananatili tayong ligtas ng mga pamantayan, sabi ni Saane, isang dalagitang taga-Tonga (tingnan sa pahina 56). Tingnan ang iba pang mga retrato niya at ng maganda ngunit mapanganib na mga blowhole sa Mapu 'a Vaea sa **liahona.lds.org**.



## PARA SA MGA BATA

Kilalanin si Tine na taga-Kenya sa pahina 68. Tingnan ang iba pang mga retrato niya at ng mababangis na hayop sa kanyang bansa sa **liahona.lds.org**.

## SA INYONG WIKA


Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org**.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *38*
***Ama sa Langit,*** *14, 20, 25, 52, 60, 66, 70, 80*
***Banal na katangian,*** *14, 20, 25, 52, 80*
***Basbas o pagpapala, mga,*** *40, 48, 72*
***Binyag,*** *58*
***Diborsyo,*** *46*
***Family history,*** *42, 45*
***Gawaing misyonero,*** *26, 54*
***Halimbawa,*** *54*
***Ikapu,*** *40*
***Jesucristo,*** *41, 80*
***Kabanalan,*** *55, 56*
***Kagalakan,*** *26*
***Kalinisang-Puri,*** *56*
***Kapansanan, mga,*** *32*
***Magiliw na awa,*** *48*
***Media,*** *61*
***Musika,*** *54*
***Pag-aayuno,*** *16*
***Pag-asa,*** *55*
***Pagbabalik-loob,*** *38*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *25, 68*
***Pagkakaisa,*** *26*
***Pagkamarapat,*** *41*
***Paglilingkod,*** *26*
***Pagsunod,*** *55, 64*
***Pagtuturo,*** *32*
***Pakikisalamuha,*** *26*
***Pamantayan, mga,*** *54, 56*
***Pamilya,*** *20, 25, 46, 80*
***Panalangin,*** *4, 46, 66, 70*
***Pananampalataya,*** *14*
***Pangkalahatang Kumperensya,*** *8*
***Plano ng kaligtasan,*** *20, 39*
***Primary,*** *32*
***Smith, Joseph,*** *52*
***Templo, mga,*** *41, 42*
***Tungkulin, mga,*** *11, 26, 32*
***Word of Wisdom,*** *12*

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# Hikayatin Silang Manalangin

Noong batang musmos pa ako, ipinakita sa akin ng aking mga magulang kung paano manalangin. Nagsimula ako sa isang larawan sa aking isipan na malayo ang Ama sa Langit. Nang malaki na ako, nagbago ang aking karanasan sa panalangin. Ang larawan sa aking isipan ay naging isang Ama sa Langit na malapit lang, na nalilibutan ng maningning na liwanag, at kilalang-kilala ako.

Dumating ang pagbabagong iyon nang magtamo ako ng tiyak na patotoo na ang pag-uulat ni Joseph Smith ng kanyang karanasan noong 1820 sa Manchester, New York, ay totoo:

"Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

"Hindi pa natatagalan nang ito'y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili mula sa kaaway na gumapos sa akin. Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).

Nasa kakayuhan ang Ama sa Langit noong magandang araw ng tagsibol na iyon. Tinawag Niya sa pangalan si Joseph. At ipinakilala Niya ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ng mundo bilang Kanyang "Pinakamamahal na Anak." Kailanman at saanman kayo manalangin, ang inyong patotoo tungkol sa katotohanan ng maluwalhating karanasang iyon ay magpapala sa inyo.

Ang Ama na pinagdarasalan natin ang maluwalhating Diyos na lumikha sa mga mundo sa pamamagitan ng Kanyang Pinakamamahal na anak. Naririnig Niya ang ating mga panalangin tulad ng pagdinig Niya sa panalangin ni Joseph—nang malinaw na para bang iniluluhog ang mga ito sa Kanyang harapan. Mahal Niya tayo nang sapat kaya ibinigay Niya ang Kanyang Anak bilang Tagapagligtas natin. Dahil sa kaloob na iyon pinapangyari Niyang magtamo tayo ng imortalidad at buhay na walang hanggan. At inaalok Niya tayo, sa pamamagitan ng pagdarasal sa pangalan ng Kanyang Anak, ng pagkakataong makipag-usap sa Kanya sa buhay na ito nang madalas kung gusto natin.

Ang mga maytaglay ng priesthood sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may sagradong tungkuling "bumisita sa bahay ng bawat miyembro, at *hikayatin silang manalangin nang malakas at nang lihim*" (D at T 20:47; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Maraming paraan para mahikayat ang isang tao na manalangin. Halimbawa, maaari tayong magpatotoo na inutusan tayo ng Diyos na manalangin sa tuwina, o maikukuwento natin ang mga halimbawa mula sa banal na kasulatan at sa ating sariling karanasan ng mga pagpapalang nagmumula sa mga panalangin ng pasasalamat, pagsamo, at pagtatanong. Halimbawa, maaari akong magpatotoo na alam ko na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin. Nakatanggap ako ng patnubay at kapanatagan mula sa mga salitang dumating sa aking isipan, at alam ko sa pamamagitan ng Espiritu na ang mga salitang iyon ay nagmula sa Diyos.

Naranasan ni Propetang Joseph Smith ang mga iyon, at mararanasan din ninyo iyon. Ito ang sagot sa kanyang taos-pusong panalangin:

"Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas" (D at T 121:7–8).

Isa iyong paghahayag mula sa isang mapagmahal na Ama sa isang tapat na anak na lubhang nag-aalala. Bawat anak ng Diyos ay maaari Siyang makausap sa panalangin. Walang panghihikayat na manalangin ang nagkaroon ng malaking epekto sa akin na tulad ng mga damdamin ng pagmamahal at kaliwanagang dumating sa mga sagot sa abang mga panalangin.

Nagtatamo tayo ng patotoo tungkol sa anumang utos ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa utos na iyon (tingnan sa Juan 7:17). Totoo ito sa utos na manalangin tayo sa tuwina nang malakas at nang lihim. Bilang inyong guro at kaibigan, ipinangangako ko na sasagutin ng Diyos ang inyong mga panalangin at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo sa inyong sarili na ang mga sagot ay nagmula sa Kanya. ■

PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER



**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

- "Ang mga larawan ay mahahalagang kagamitan sa pagbibigay-diin sa pangunahing ideya ng aralin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 232). Magpakita ng isang ipinintang larawan ni Joseph Smith o ng Unang Pangitain. Talakayin ang karanasan ni Joseph Smith sa panalangin. Paano magiging higit na makahulugan ang inyong mga panalangin kung ilalarawan ninyo ang "Ama sa Langit na malapit lang," tulad ng ginawa ni Pangulong Eyring?
- Tulad ng mungkahi ni Pangulong Eyring, isiping magpatotoo tungkol sa panalangin, na inilalarawan ang mga pagpapalang natanggap ninyo dahil dito, o magbahagi ng mga talata sa banal na kasulatan tungkol dito.

## MGA KABATAAN

### Mabisang Panalangin

Ni Austin C.

Ang panalangin ay isa sa mga pinakamaganda at pinakamahalagang paraan para makaugnayan at makausap ang ating Ama sa Langit at maaliw Niya tayo.


Habang nagdarasal ako isang gabi, naisip ko kung ano ang kailangan ng aking pamilya, ano ang pinasasalamatan ko, at ano rin ang kailangan kong pagsisihan. Pagkatapos kong magdasal, naisip ko ang maraming makamundong bagay na madaling makagambala sa pagkakamit ko ng aking mga mithiin.

Ngunit sa aking mga panalangin, nadarama ko na kung taos at mapakumbaba akong nagdarasal, gumagaan ang aking mga pasanin, nahuhugasan ang aking mga kasalanan, at nasasagot ang aking mga problema. Nalalaman ko kung gaano ako kalapit sa Diyos habang nagdarasal ako. Ipinapakita nito sa akin kung gaano tayo kahalagang lahat sa mga mata ng Diyos. Pinatotohanan ko na ang panalangin ay isa sa mga pinakamabisa at mahalagang bagay na magagawa natin.

## MGA BATA

### Naririnig Ako ng Ama sa Langit Kapag Nagdarasal Ako

Sinabi ni Pangulong Eyring na "naririnig [ng Ama sa Langit] ang ating mga panalangin . . . nang malinaw na para bang iniluluhog ito sa Kanyang harapan." Naririnig Niya tayo saanman tayo naroon o anuman ang nangyayari sa ating paligid. Makikita ba ninyo ang batang nagdarasal sa larawang ito?



PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Mga Tagapangalaga ng Tahanan



"Kayo ang mga tagapangalaga ng tahanan," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) nang pasimulan niya ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" sa general Relief Society meeting noong 1995. "Kayo ang nagluluwal ng mga anak. Kayo ang nangangalaga sa kanila at nagtuturo sa kanila ng mga kaugalian sa kanilang buhay. Walang ibang gawain ang napakalapit sa kabanalan na gaya ng pangangalaga sa mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos."[1]

Halos 17 taon na ngayong napagtibay ng pagpapahayag na ito na ang pinakamahahalaga nating responsibilidad ay nakasentro sa pagpapalakas ng mga pamilya at tahanan—anuman ang ating kasalukuyang sitwasyon. Nasa Salt Lake Tabernacle noon si Barbara Thompson, na ngayon ay pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, nang unang basahin ni Pangulong Hinckley ang pagpapahayag. "Napakagandang okasyon niyon," paggunita niya. "Nadama ko ang kahalagahan ng mensahe. Naisip ko rin sa sarili ko na, 'Magandang gabay ito para sa mga magulang. Mabigat ding responsibilidad ito para sa kanila.' Inakala ko sandali na hindi naman talagang nauukol iyon sa akin dahil dalaga naman ako at walang mga anak. Pero kaagad ko ring naisip, 'Pero talagang ukol iyon sa akin. Miyembro ako ng isang pamilya. Ako ay isang anak, kapatid, tita, pinsan, pamangkin, at apo. Talagang may mga responsibilidad ako—at mga pagpapala—dahil miyembro ako ng isang pamilya. Kahit ako lang ang nabubuhay na miyembro ng aking pamilya, miyembro pa rin ako ng pamilya ng Diyos, at responsibilidad kong tumulong na mapalakas ang iba pang mga pamilya.'"

Mabuti na lang, hindi tayo nag-iisa sa ating mga pagsisikap. "Ang pinakamalaking tulong sa atin," sabi ni Sister Thompson, "sa pagpapalakas ng mga pamilya ay ang malaman at sundin ang mga doktrina ni Cristo at umasang tutulungan Niya tayo."[2]

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 22:6; 1 Nephi 1:1; 2 Nephi 25:26; Alma 56:46–48; Doktrina at mga Tipan 93:40

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko matutulungan ang kababaihang binabantayan ko na magpalakas ng mga pamilya?

**2.** Paano ako magiging mabuting impluwensya sa aking pamilya?

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

"Nang maglingkod si Sister Bathsheba W. Smith bilang ikaapat na Relief Society general president [mula 1901 hanggang 1910], nakita niyang kailangang palakasin ang mga pamilya, kaya't pinasimulan niya ang mga araling ukol sa mga ina para sa kababaihan ng Relief Society. Kabilang sa mga aralin ang payo sa pagsasama ng mag-asawa, pangangalaga sa sanggol na nasa sinapupunan pa lamang, at pagpapalaki ng anak. Sinuportahan ng mga araling ito ang mga turo ni Pangulong Joseph F. Smith tungkol sa pagtulong ng Relief Society sa kababaihan sa kanilang mga tungkulin sa tahanan:

"'Saan man may kamangmangan o kaunti mang kakulangan sa kaalaman tungkol sa pamilya, mga tungkulin sa pamilya na nauukol sa mga obligasyon at umiiral sa pagitan ng mga mag-asawa at sa pagitan ng mga magulang at anak, doon may nakatatag na samahang ito at nasa malapit lamang. Sa pamamagitan ng likas na katangian at inspirasyon na nauukol sa samahan, ang mga ito ay handang magbahagi ng tagubilin kaugnay ng mga tungkulin niyon.'"[3]

**MGA TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 101.
2. Barbara Thompson, "Aking Palalakasin Ka, Aking Tutulungan Ka," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2007, 117.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 179–80.

Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

# Notebook ng **Kumperensya ng Oktubre**

*“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).*

Habang pinag-aaralan ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2011, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) para malaman at maiangkop ninyo ang mga huling turo ng mga buhay na propeta at apostol.

**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Isang Aklat na Nagpapabago ng Buhay

“Mas ilalapit kayo nito [ng Aklat ni Mormon] sa Diyos kaysa anupamang ibang aklat. Patitinuin nito ang buhay. Hinihimok kong gawin ninyo ang ginawa ng kompanyon ko sa misyon. Naglayas siya sa kanila noong tinedyer pa siya, at may naglagay ng Aklat ni Mormon sa isang kahong dala-dala niya sa paghahanap niya ng higit na kaligayahan.

“Lumipas ang mga taon. Nagpalipat-lipat siya ng lugar sa iba’t ibang panig ng mundo. Nag-iisa siya at malungkot isang araw nang makita niya ang kahon. Puno ang kahon ng mga bagay na dinala niya. Sa pinakailalim ng kahon, nakita niya ang Aklat ni Mormon. Binasa niya ang pangako rito at sinubukan iyon. Alam niyang iyon ay totoo. Binago ng patotoong iyon ang kanyang buhay. Naging maligaya siya nang higit pa sa pinapangarap niya.

“Maaaring hindi ninyo nababasa ang inyong Aklat ni Mormon na tulad ng nararapat dahil sa araw-araw ninyong responsibilidad at aktibidad. Isinasamo ko na basahin ninyong mabuti at madalas ang mga pahina nito. Naroon ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na siyang tanging daan pabalik sa Diyos.”

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Isang Saksi,” *Liahona,* Nob. 2011, 70–71.**

*Natagpuan niya ang Aklat ni Mormon. Binasa niya ang pangako at sinubukan iyon. Alam niyang iyon ay totoo.*

### Mga tanong na pag-iisipan:


- Ano ang maaaring hindi ninyo nakikita sa inyong Aklat ni Mormon tungkol sa buhay ninyo?
- Ano ang magagawa ninyo upang pag-igihin ang pag-aaral ninyo ng Aklat ni Mormon?
- Anong mga aral mula sa Aklat ni Mormon ang nakatulong para mapabuti ang inyong buhay?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa isang journal o talakayin ang mga ito sa iba.




Mga karagdagang sanggunian sa paksang ito: Pag-aralan ayon sa Paksa sa LDS.org, “Book of Mormon”; Tad R. Callister, “Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos,” *Liahona,* Nob. 2011, 74; *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 19–30, 117–30.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.







### SA KABABAIHAN NG SIMBAHAN

"Mas marami pang nakalaan sa inyo kaysa kaya ninyong wariin. Patuloy na ***pag-ibayuhin*** ang inyong pananampalataya at personal na kabutihan. ***Ipamuhay*** ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. ***Itangi*** ang kaloob na maging aktibo sa dakila at totoong Simbahang ito. ***Pakaingatan*** ang kaloob na paglilingkod sa pinagpalang organisasyon ng Relief Society. Patuloy na ***patatagin*** ang mga tahanan at pamilya. Patuloy na ***hanapin at tulungan*** ang ibang nangangailangan ng tulong ninyo at ng Panginoon."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag Mo Akong Kalimutan," *Liahona,* Nob. 2011, 123; idinagdag ang pagbibigay-diin.**




## Pangako ng Isang Propeta

"Talagang may epekto ang Aklat ni Mormon sa inyong pagkatao, lakas, at katapangang maging saksi ng Diyos. Ang doktrina at magiging na halimbawa sa aklat na iyon ay magpapasigla, gagabay, at magpapalakas ng inyong loob.

"Bawat misyonerong nagpapahayag ng pangalan at ebanghelyo ni Jesucristo ay pagpapalain sa araw-araw na pagpapakabusog sa Aklat ni Mormon. Ang mga magulang na nahihirapang ipasapuso sa isang anak ang patotoo tungkol sa Tagapagligtas ay matutulungan kapag naghanap sila ng paraan upang maihatid ang salita at diwa ng Aklat ni Mormon sa tahanan at buhay ng kanilang pamilya."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Isang Saksi," *Liahona,* Nob. 2011, 69.**




## Ang General Temple Patron Assistance Fund

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2011, tinalakay ni Pangulong Thomas S. Monson ang tungkol sa pagkakaroon ng General Temple Patron Assistance Fund. Tutustusan ng pondong ito ang "unang pagbisita sa templo ng mga miyembrong hindi kayang makapunta sa templo ngunit matagal nang inaasam ang oportunidad na iyon." Para makapag-ambag sa pondo, isulat ang impormasyon sa karaniwang donation slip na ibinibigay ninyo sa inyong bishopric o branch presidency.[1]

**TALA**

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Nob. 2011, 5.

PAGLALARAWAN NI PAUL MANN; MGA PAGLALARAWAN NINA LES NILSSON, WESTON COLTON, DEREK ISRAELSEN, CRAIG DIMOND, AT LAURENI ADEMAR FOCHETTO




# Mga Sagot para sa Inyo

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng kumperensya o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Ano ang ibig sabihin ng tayo ay "mga anak ng tipan"? Tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Tipan," 86.
- Bakit nangyayari ang masasamang bagay sa mabubuting tao? Tingnan sa Robert D. Hales, "Paghihintay sa Panginoon: Mangyari Nawa ang Iyong Kalooban," 71; at Quentin L. Cook, "Mga Tahimik Nilang Himig," 104.
- Bakit natin kailangan ang Aklat ni Mormon kung mayroon na tayong Biblia para turuan tayo tungkol kay Jesucristo? Tingnan sa Tad R. Callister, "Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos," 74.
- Kapag nahihirapan ako sa isang problema, paano ko malalaman ang dapat kong gawin? Tingnan sa Barbara Thompson, "Personal na Paghahayag at Patotoo," 9.

## PAGKILALA SA INYONG SARILI

"Si Jesucristo *ang* Bugtong at Pinakamamahal na Anak ng Diyos. Siya *ang* Lumikha sa atin. Siya *ang* Ilaw ng Sanlibutan. Siya *ang* ating Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ito ang pinakamahalagang kaalaman sa lupa, at malalaman ninyo ito sa inyong sarili."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mga Turo ni Jesus," *Liahona,* Nob. 2011, 93.**



DETALYE MULA SA *SI CRISTO NA MAY KASAMANG BATANG LALAKI,* NI CARL HEINRICH BLOCH; LARAWANG KUHA NI EMILY LEISHMAN

SULOK NG PAG-AARAL

## Hindi Lang Minsan

Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011 na "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," sinabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang pagsasaulo at pagninilay ng banal na kasulatan ay "susi sa paghahayag at patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo" (pahina 6).

Isiping isaulo ang tatlong talatang ito ng banal na kasulatan, na tatlong beses binanggit sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011:

Mosias 2:17[1]

Moroni 7:47[2]

I Kay Timoteo 4:12[3]

**MGA TALA**

1. Tingnan sa José L. Alonso, "Ginagawa ang Tama sa Tamang Panahon, Nang Walang Pagpapaliban," 14; Dieter F. Uchtdorf, "Mahalaga Kayo sa Kanya," 20; Henry B. Eyring, "Isang Saksi," 68.
2. Tingnan sa Richard G. Scott, "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," 8; Henry B. Eyring, "Isang Saksi," 68; Silvia H. Allred, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," 114.
3. Tingnan sa L. Tom Perry, "Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot," 43; Keith B. McMullin, "Ang Kapangyarihan ng Aaronic Priesthood," 47; Henry B. Eyring, "Paghahanda sa Priesthood: 'Kailangan Ko ang Tulong Mo,'" 58.



# PAGHARAP SA MGA PAMUMUNA SA ATING MGA TUNGKULIN

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Ang isang nakatutuwang pagpapala at hamon tungkol sa isang simbahang walang suwelduhang mga pinuno ay na kailangan nating magpasensya sa isa't isa at sa ating sarili habang natututo at lumalago tayo sa ating mga tungkulin. Nang maharap ako sa isang mahirap at sensitibong sitwasyon—na kinasangkutan ng ilang miyembro ng ward—sa aking tungkulin, hinarap ko ito sa pinakamainam na paraang alam ko at nagpatuloy sa aking gawain, sa paniniwalang tapos na ang problemang ito.

Nagkamali ako. Hindi lahat sa ward namin ay sumang-ayon sa paraan ng paglutas ko sa insidente, at naging malaking usapin ito. Sumang-ayon ang ilan sa ginawa ko. Inisip naman ng iba na nakagawa ako ng malaking pagkakamali. Sumama ang loob ko, pero dahil ginawa ko ang makakaya ko, sinikap kong huwag mag-alalang masyado tungkol dito.

Gayunman, nang hindi naglaon ay ma-release ako, labis akong nasaktan. Mangyari pa, alam ko na ang mga tungkulin sa Simbahan ay pansamantala lamang, pero dahil nataon [na ako ang bishop], pakiramdam ko ay sinisi o pinarusahan ako ng mga lider ko sa nangyari.


Tila naging mas mahigpit ang pagsusuri kaysa rati, at hindi ko tiyak kung gusto kong harapin kaagad-agad ang sinuman sa ward. Kaya buong linggo kasunod ng release ko, hindi ako nagsimba. Gayon din ang ginawa ko nang sumunod na linggo—at sumunod pang linggo. Habang tinatagalan ko ang hindi pagsisimba, mas nahirapan akong bumalik.

Pagkaraan ng ilang panahon, pinag-isipan ko ang nangyari. Natanto ko na kahit masakit ang nangyari, hindi ko dapat talikuran ang aking mga tipan. Totoo ba ang Simbahan o hindi?

Siguro ay tama ang paglutas ko sa sitwasyon noong nasa tungkulin ako; siguro ay hindi. Ang totoo ay natututo tayong lahat, at nagkakamali tayong lahat.

Masakit mang aminin, siguro ay hindi talaga mahalaga kung sino ang tama o mali kumpara sa mas mahahalagang bagay. Gayunman, ang *magiging* mahalaga ay kung tinupad ko ang aking mga tipan. Magiging mahalaga—kapwa sa aking pamilya at sa akin—kung nagsisimba ako, nagpapanibago ng aking mga tipan sa sacrament meeting, at patuloy na naglilingkod. At magiging mahalaga kung paano ako tumugon sa awtoridad ng priesthood.

Nagsimba akong muli. Hindi naglaon tumanggap ako ng ibang tungkulin. Sa tungkuling iyon—at mga tungkulin mula noon—ay kinailangan akong maglingkod sa ilan sa mga taong pumuna sa aking mga ginawa. Nahirapan ako roon. Pero masaya ako na hindi ko hinayaang humadlang ang mga puna nila sa pagtatamasa ko ng mga pagpapala ng pagiging aktibo sa Simbahan. ■



### PANINIWALANG MABUTI ANG INTENSYON NG ISA'T ISA

"Marahil ang pinakadakilang pag-ibig sa kapwa ay kapag mabait tayo sa isa't isa, hindi natin hinuhusgahan o binabansagan ang iba, naniniwala tayo na mabuti ang intensyon ng isa't isa o tumatahimik na lang tayo. Ang pag-ibig sa kapwa ay pagtanggap ng mga pagkakaiba, kahinaan, at pagkukulang ng isang tao; pagpapasensya sa isang taong bumigo sa atin; o hindi magdamdam kapag hindi ginawa ng isang tao ang isang bagay sa paraang inaasahan natin. Ang pag-ibig sa kapwa ay pagtanggi na samantalahin ang kahinaan ng ibang tao at kahandaang magpatawad sa isang taong nakasakit ng ating damdamin. Ang pag-ibig sa kapwa ay pag-asa sa mabuting intensyon ng isa't isa."

**Elder Marvin J. Ashton (1915–94) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Tongue Can Be a Sharp Sword," *Ensign*, Mayo 1992, 19.**

# BINIGYAN TAYO NG PANGINOON NG ISANG BATAS NG Kalusugan

Ang isa sa mga dakilang pagpapalang tinanggap natin nang pumarito tayo sa lupa ay ang katawang pisikal. Banal at napakahalaga ng ating katawan kaya tinawag ito ng Panginoon na mga templo ng Diyos (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16). Sinabi rin Niya sa atin na walang temporal sa Kanyang mga kautusan kundi lahat ng Kanyang "mga kautusan ay espirituwal" (D at T 29:35). Kaya't ang Kanyang mga kautusan hinggil sa kalusugan ng ating katawan ay para din sa ating espirituwal na kabutihan (tingnan sa D at T 89:19–21).

Dahil nais ng ating Ama sa Langit na pangalagaan natin ang ating katawan, naghayag Siya ng mahalagang impormasyon kung paano ito gawin. Karamihan sa impormasyong ito ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 89 at kilala bilang Word of Wisdom.

Dito'y natututuhan natin ang ilang bagay na dapat at hindi natin dapat gawin upang manatiling malusog ang ating katawan. Ang diwa ng batas na ito ay kumain ng masusustansiyang pagkain at iwasan ang anumang nakakagawian o nakasasama sa ating katawan. Kabilang sa mga bagay na iniutos ng Panginoon na huwag nating ipasok sa ating katawan ay ang alak at sigarilyo, na mga droga (tingnan sa D at T 89:5–8). Hindi tayo dapat gumamit ng anumang gamot maliban kung kailangan ito bilang medisina. Ang mga taong mali ang paggamit ng mga legal o ilegal na droga ay kailangang humingi ng tulong upang ang kanilang katawan ay muling malinis at mapalaya sa adiksyon. Ang malinis na katawan ay mas madaling makahiwatig sa Espiritu Santo.

Pinayuhan din tayo ng Panginoon laban sa paggamit ng "maiinit na inumin" (D at T 89:9). Ipinaliwanag na ng mga propeta na ang ibig sabihin nito ay kape at tsaa, na may mga sangkap na nakasasama sa katawan. Dapat nating iwasan ang lahat ng inumin, mainit man o malamig, na may mga sangkap na nakasasama sa katawan.

Dapat din nating iwasan ang anumang nakasasama sa ating katawan, tulad ng katakawan o pagtangging kumain ng masusustansiyang pagkain na nagpapalusog sa atin.

Bukod pa sa mga bagay na hindi natin dapat gawin, sinasabi sa atin ng Word of Wisdom ang mga bagay na dapat nating gawin. Ang ilan sa mga bagay na iyon ay ipinakikita rito.

Yaong mga sumusunod sa batas ng Panginoon ukol sa kalusugan ay "tatanggap ng kalusugan sa kanilang pusod at sa kanilang utak-sa-buto; at makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan; at tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina" (D at T 89:18–20). ■

---

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 197–203; at *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 223–25.



**Sa Word of Wisdom at sa iba pang mga talata sa banal na kasulatan, inihayag ng Panginoon ang mga tuntunin sa kalusugan:**

IBABA: PAGLALARAWAN © GETTY IMAGES; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, JOHN LUKE, ROBERT CASEY © CORBIS

*1. Ang mga prutas, gulay, at mabubuting halaman ay gagamitin "sa panahon nito" at "nang may mabuting pagpapasiya at pagbibigay-pasalamat" (tingnan sa D at T 89:10–11).*



*2. Ang karne at produktong nagmula sa poultry ay "[itinalaga] upang gamitin ng tao nang may pasasalamat; gayunman ang mga ito ay nararapat gamitin nang paunti-unti" (D at T 89:12).*



*3. "Lahat ng butil ay mabuti para sa pagkain ng tao" (D at T 89:16).*







*4. Hindi tayo dapat "gumawa nang labis kaysa [ating] lakas" (D at T 10:4).*



*5. Dapat nating ugaliin ang wastong pagtulog upang "ang [ating] mga katawan at [ating] mga isip ay mabigyang-lakas" (D at T 88:124).*

"Ang masusustansiyang pagkain, regular na ehersisyo, at wastong pagtulog ay kailangan para lumakas ang katawan."

**Pangulong Thomas S. Monson, "That We May Touch Heaven," *Ensign,* Nob. 1990, 46.**

# SA PAGSAMPALATAYA SA DIYOS, AKO AY Hindi Nag-iisa Kailanman

**Ni Donna Hollenbeck**

*"Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios" (Mga Taga Roma 8:16).*


"Hindi ka nag-iisa kailanman kapag sumampalataya ka kay Jesucristo at sa Ama sa Langit." Maraming beses ko nang narinig ang mga salitang ito, pero ngayon ko lang ito naunawaan nang lubusan.

Lahat ng tao kalaunan ay nahaharap sa di-maiwasang katotohanan na balang-araw ay maaari siyang mapag-isa. Para sa akin, dahil sa diborsyo, paglipat ng tirahan ng mga anak, at maagang pagreretiro, ang araw na ito ay dumating nang mas maaga kaysa inaasahan ko. Ang pinakamahirap na hadlang na kinailangan kong daigin ay ang mamuhay sa biglaang katahimikan at kahungkagang ito pagkaraang makapiling nang maraming taon ang aking pamilya at mga kaibigan, asawa at mga anak, at mga katrabaho.

Bagaman natuwa ako sa pagbisita ng aking mga home at visiting teacher at ng iba pang mga kaibigan, kadalasan ay nadama ko na lubos akong nag-iisa, at hindi ko gusto iyon. Dahil sa nakabibinging katahimikan kalaunan ay hindi ko napigilang umiyak. Wala akong mabalingan para mapanatag maliban sa lumuhod sa panalangin.

Matapos umiyak sa Ama sa Langit nang tila ilang oras, may nadama akong pagbabago sa aking kalooban, at nadama ko ang Espiritu ng Ama sa Langit. Sandaling natigil ang aking pag-iyak nang madama kong tumagos sa aking kaluluwa ang Kanyang pagmamahal. Alam kong naunawaan Niya ang aking kalungkutan, at napanatag ako nang sapat para lalo pang umiyak, tulad ng isang anak na napahagulgol nang makita ang kanyang ina. Nang isubsob ko ang aking ulo sa wari ko ay kandungan ng Ama sa Langit, alam ko na handa Siyang panatagin ako hangga't kailangan ko. Paminsan-minsan, naisip ko na napakatanda ko na para umakto nang ganito. Gayunman, alam ko na hindi mahalaga sa Ama sa Langit ang edad ko. Ang alam ko lang ay naunawaan Niya ako at lagi Siyang nariyan para sa akin.

Ngayon, bagama't mas gusto ko pa ring makapag-asawa, nagustuhan ko na rin ang katahimikan. Pinakikinggan ko ang mga alon sa dagat at pinanonood ang paglubog ng araw. Talagang humihinto ako at sinasamyo ang mga rosas. Nakikinig at kumikilos ako ayon sa patnubay ng Espiritu. Hindi ako takot mapag-isa dahil hindi ako nag-iisa basta't



nanalig ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Nadarama ko ang Espiritu ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa halos lahat ng aking ginagawa.

"Sa pagsampalataya kay Jesucristo at sa Ama sa Langit, hindi ka nag-iisa." Ang mga salitang iyon ay may bago at malalim na kahulugan sa puso ko ngayon, at alam ko nang walang pag-aalinlangan na ako ay hindi nag-iisa kailanman. Ako ay Kanyang anak, at mahal Niya ako. ■

---

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–20; Robert D. Hales, "Pagkakaroon ng Patotoo sa Diyos Ama; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; at sa Espiritu Santo,"* Liahona *at* Ensign, *Mayo 2008, 29; at Susan W. Tanner, "Mga Anak na Babae ng Ama sa Langit,"* Liahona *at* Ensign, *Mayo 2007, 106.*

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY



## BAKIT TAYO MAHAL NG AMA SA LANGIT?

"Mahal Niya tayo dahil puspos Siya ng walang-hangganang banal, dalisay, at di-maipaliwanag na pag-ibig. Mahalaga tayo sa Diyos hindi dahil sa ating résumé kundi dahil tayo ay Kanyang mga anak. Mahal Niya tayong lahat, maging yaong mga nagkasala, itinakwil, asiwa, malungkutin, o sawi. Napakalaki ng pag-ibig ng Diyos kaya mahal Niya kahit ang hambog, sakim, mayabang, at masama.

"Ibig sabihin nito, anuman ang ating katayuan ngayon, ay may pag-asa tayo. Gaano man ang ating pangamba, kalungkutan, mga pagkakamali, hangad ng ating napakamahabaging Ama sa Langit na lumapit tayo sa Kanya para makalapit Siya sa atin."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Pag-ibig sa Diyos,"** ***Liahona*** **at** ***Ensign,*** **Nob. 2009, 22–23.**



# “Hindi Baga Ito ang Ayuno na Aking Pinili?”

*Sa pamamagitan ng halimbawa ng isang pamilyang investigator, nalaman ko na tiyak ang mga pangako ng Panginoon kapag sinusunod natin ang batas ng pag-aayuno nang may pananampalataya at layunin.*

**Ni Alexandria Schulte**

Ako ay full-time missionary sa Texas, USA, nang una kong mabasa ang Isaias 58. Dito ay inilahad ng Panginoon ang doktrina ng batas ng pag-aayuno, na naglalahad ng halos 20 partikular na pagpapala para sa mga sumusunod sa Kanyang batas. Bago ako nagmisyon, nakita ko na ang marami sa mga pagpapalang ito sa sarili kong buhay at sa buhay ng aking mga kaibigan at kapamilya. Subalit naunawaan ko lang sa pamamagitan ng mga halimbawa at pananampalataya ng pamilyang investigator na totoo ang mga pangako ng Panginoon sa atin kapag katanggap-tanggap sa Kanyang harapan ang ating pag-aayuno.

***“Kung magkagayo’y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya’y magsasabi, Narito ako” (Isaias 58:9).***

Nang simulan naming magkompanyon na turuan si Corina Aguilar, ipinahiwatig na niya na nais niyang magsimba. Matapos malaman ang Panunumbalik ng ebanghelyo at mabasa at maipagdasal ang tungkol sa Aklat ni Mormon, nadama niya na ang Simbahan ay totoo. Isang bagay lang ang pumipigil sa kanya noon: ang kanyang asawang si Manuel.

Ayaw magsimbang mag-isa ni Corina—determinado siya na sama-samang matutuhan ng kanyang buong pamilya ang ebanghelyo. Gayunman, abala si Manuel sa mahabang oras na pagtatrabaho, at pag-uwi niya, ayaw niyang makinig sa dalawang misyonero.

Sinimulang ipagdasal ni Corina na magkaroon si Manuel ng hangaring makipag-usap sa amin, ngunit lumipas ang mga linggo na hindi nagbabago ang kanyang saloobin. Pagkatapos, isang araw pagkatapos ng isang aralin, tinanong kami ni Corina tungkol sa pag-aayuno. Huli na kami sa susunod naming pupuntahan, kaya maikli naming ipinaliwanag sa kanya na kapag nag-aayuno tayo, hindi tayo kumakain o umiinom ng dalawang magkasunod na kainan. Sa panahong iyon nagdarasal tayo sa Ama sa Langit na tulungan at patnubayan tayo o ang ibang tao. Matapos mangako na tuturuan pa namin siya sa susunod naming pagbisita, dali-dali kaming lumisan.

Makalipas ang ilang araw muli naming binisita si Corina. Nang nagtuturo na kami ginulat niya kami nang malungkot niyang sabihin, “Palagay ko hindi ko kayang mag-ayuno.” Ipinaliwanag niya na mula noong huli kaming magpunta, nag-ayuno na siya. Palilipasin niya ang maghapon na walang almusal o pananghalian at maghahapunan na lang. Pagkatapos ng hapunan, magsisimula siya ulit, hindi kakain hanggang sa hapunan kinabukasan. Tatlong araw niya itong ginawa. “Talagang nagsumikap ako,” sabi niya sa amin, “pero napakahirap.”

Mangha sa kanyang pananampalataya, agad naming ipinaliwanag na karaniwan sa isang tao ang isang araw lang mag-ayuno. Pagkatapos, sabik na malaman kung bakit niya ginawa ang gayong sakripisyo, itinanong namin, “Corina, pwede bang malaman kung bakit ka nag-ayuno?”

“Para sa asawa ko,” tugon niya.

Humanga kami sa hangarin niyang sundin ang mga utos ng Panginoon at mapagpala ang kanyang pamilya. Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Kadalasan kapag nag-aayuno tayo, mas nagkakaroon ng bisa ang mga matwid nating panalangin at pagsusumamo.”[1] Ganyan ang nangyari kay Corina. Nang sumunod na linggo pumayag si Manuel na makausap kami. Kahit alinlangan, matapos malaman ang tungkol sa plano ng kaligtasan, siya rin ay nanalangin at naglagay pa ng isang kopya ng Aklat ni Mormon sa kanyang trak para basahin sa oras ng pahinga sa trabaho. Kalaunan sina Corina, Manuel, at ang tatlo nilang anak ay magkakasama nang nagsisimba.

PAGLALARAWAN NI MICHAEL MALM

*Sa kagustuhang malaman ang dahilan ng sakripisyong iyon, tinanong namin si Corina kung ano ang kanyang ipinag-ayuno. "Para sa asawa ko," pagtugon niya.*

***"Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, . . . pagaanin ang mga pasan, at papaging layain ang napipighati" (Isaias 58:6).***

Bagama't malaki ang ipinagbago niya, nahirapan si Manuel na sundin ang Word of Wisdom. Binatilyo pa lang siya ay umiinom na siya ng alak. Hindi lang siya nahirapang tumigil, kundi takot din siyang pagtawanan ng kanyang mga kaibigan.

Nahirapan din si Corina sa bisyo ng kanyang asawa, at maraming taon niyang sinikap na tulungan ito. Ngayon, sa katatagpong pananampalataya at patotoo sa kapangyarihan ng pag-aayuno, regular na siyang nag-aayuno para magkaroon ng lakas si Manuel na sundin ang Word of Wisdom.

Ang pagmamahal ni Corina sa kanyang asawa ay nagpaalala sa akin ng kuwento sa Bagong Tipan nang makiusap ang isang ama sa mga Apostol na pagalingin ang anak niyang maysakit. Bagama't sumampalataya sila, hindi nila nagawa ang himala. Gayunman, pinagaling ng Panginoon ang bata, at pagkatapos ay ipinaliwanag na "ang ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno" (Mateo 17:21).

Kaya nga sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno ay unti-unting nagkaroon ng lakas si Manuel na makawala sa kanyang bisyo. At kahit noong una ay kinutya siya ng kanyang mga kaibigan, di-nagtagal ay mas iginalang nila siya nang magpakita siya ng katapatan sa Panginoon sa pagsunod sa Kanyang mga utos.

***"Papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, . . . at ikaw ay magiging parang halamang nadilig" (Isaias 58:11).***

Kasama ang tulong, lakas, at patnubay mula sa Panginoon, ang pag-aayuno ay nagbibigay ng pagkakataong "magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa" (Isaias 58:10) sa pagbibigay ng malaking handog-ayuno. Itinuro ni Pangulong Marion G. Romney (1897–1988), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Magbigay nang sagana, nang kayo mismo ay umunlad. . . . Ipinapangako ko sa bawat isa sa inyo na gagawa nito na kayo ay sasagana, kapwa sa espirituwal at sa temporal."[2]

Habang naghahandang mabinyagan ang mga Aguilar, sinubukan ang kanilang pananampalataya sa maraming paraan. Matapos lang itakda ang petsa ng kanilang binyag, nawalan ng trabaho si



Manuel, at hindi nila tiyak ni Corina kung paano nila babayaran ang upa sa bahay, ilaw at tubig, at mapapakain ang kanilang mga anak. Kahit tumanggap sila ng tulong pinansiyal mula sa kanilang pamilya, hindi iyon sapat para matugunan ang lahat ng gastusin nila.


Nang walang makita pang ibang paraan, nagpasiya ang mag-asawa na magdaos ng garage sale. Una nilang ibinenta ang ilang gamit na hindi nila kailangan sa apartment, pagkatapos ay ibinenta ang anumang maaari nilang ibenta. Pagkaraan ng mga isang linggo, nakaipon sila ng sapat na perang pambayad sa upa para sa buwang iyon pero nangamba pa rin kung paano nila titiisin ang susunod pang mga buwan.

Hindi nagtagal tinulungan sila ng mga miyembro ng branch. Kinausap ng branch president si Manuel upang alamin ang iba pang tulong na kailangan nila. At bilang isang branch ginawa nila ang kanilang makakaya para matulungan ang mga Aguilar.

Habang patuloy na sinunod ng mga Aguilar ang mga utos at ginawa ang lahat para matustusan ang kanilang pamilya, marami silang nakitang pagpapala—pati na ang mga bagong pagkakataong makapagtrabaho. Nalaman nila na maging sa mga oras ng pagsubok, nangangako ang Panginoon na maglalaan Siya para sa atin kung masunurin tayo.

***"Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, . . . at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod" (Isaias 58:8).***

Noong Nobyembre 9, 2008, nabinyagan sina Manuel, Corina, Jovani, at Lupito Aguilar. Inasam ng bunsong si Mariela na sumapit siya sa edad na walo at mabinyagan. Di-nagtagal natanggap ni Manuel ang Aaronic Priesthood at kalaunan ay ang Melchizedek Priesthood.



Makalipas ang isang taon pumasok sa templo sina Manuel at Corina upang tanggapin ang kanilang endowment, at ngayon ay naghahanda silang bumalik sa templo para maibuklod sa kanila ang kanilang mga anak.

***"Ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi" (Isaias 58:12).***

Bilang mga unang miyembro ng Simbahan sa kanilang pamilya, sina Manuel at Corina ay mga pioneer na naging mabuting huwaran sa kanilang mga inapo at sa iba dahil sa kanilang mga halimbawa ng pananampalataya at sakripisyo. Hindi lamang nila natulungan ang kanilang mga anak na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo, kundi ipinakita rin nila sa kanilang mga kaibigan at kamag-anak ang kagalakang dumating sa kanilang buhay dahil sa pagsunod sa mga utos. Ang ilan ay nagpaturo din sa mga misyonero at nabinyagan.


Ang pag-aayuno ay nagbukas ng daan upang mapagpala ng lakas at kapanatagan. Tulad ng pamilya Aguilar, lahat tayo ay nahaharap sa mga pagsubok at paghihirap habang sinisikap nating sundin ang Tagapagligtas. Maaari tayong mahirapang daigin ang sarili nating mga kahinaan o tukso o magdusa dahil sa mga pagkakamali ng iba. Maaari tayong manghina dahil sa mga pisikal o emosyonal na pasakit o kailangan nating magtiis ng kahirapan paminsan-minsan. Anuman ang ating pasanin, nakakatulong ang ating pagaayuno na "ilagay ang [ating] pasan sa Panginoon, at kaniyang aalalayan [tayo]" (Mga Awit 55:22). Kapag sinunod natin ang batas ng ayuno nang may pananampalataya at layunin, masasaksihan natin sa sarili nating buhay ang mga pagpapalang ipinangako sa Isaias 58. ■

*Sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno unti-unting nagkaroon ng lakas si Manuel na makawala sa kanyang bisyo, at naghanda ang mga Aguilar para sa binyag.*

**MGA TALA**

1. Joseph B. Wirthlin, "Ang Batas ng Ayuno," *Liahona,* Hulyo 2001, 89; *Ensign,* Mayo 2001, 73.
2. Marion G. Romney, "The Blessings of the Fast," *Ensign,* Hulyo 1982, 4.


Parson '88



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANG DOKTRINA NG AMA

*Ang isa sa mga pinakamasaya at pinakamahalagang katotohanang inihayag bilang bahagi ng Panunumbalik ay may kinalaman sa katangian ng ating Ama sa Langit at sa Kanyang personal na kaugnayan sa lahat ng taong isinisilang sa mundo.*

Kasama sa mga unang alituntuning nawala noong Apostasiya ay ang pagkaunawa tungkol sa Diyos Ama. Kaya nga hindi nakakagulat na kasama sa mga unang alituntuning inihayag sa Panunumbalik ang pagkaunawa tungkol sa Diyos Ama. Ayon sa prayoridad, ang unang pahayag ng pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw ay "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1).

Nauunawaan ng mga miyembro ng Simbahan na ang Diyos Ama ang Pinakadakilang Pinuno ng sansinukob, ang Kapangyarihang nagbigay sa atin ng espirituwal na pagkatao, at ang May-akda ng planong nagbibigay sa atin ng pag-asa at potensyal. Siya ang ating Ama sa Langit, at namuhay tayo sa piling Niya bilang bahagi ng Kanyang pamilya sa buhay bago tayo isinilang sa mundo. Doon ay natuto tayo ng mga aral at naghanda para sa mortalidad (tingnan sa D at T 138:56). Nagmula tayo sa ating Ama sa Langit, at mithiin nating makabalik sa Kanya.

Sa lahat ng doktrina, paniniwala, at alituntuning inihayag sa Kanyang mga anak, ang katotohanang may kinalaman sa Kanyang katauhan at katangian ang una nating dapat pagtuunan. Kinikilala natin ang Kanyang pag-iral at tunay na katangian upang makasama natin sa tunay na pagsamba ang mga naniniwala at propeta noong araw (tingnan sa Mosias 4:9). Ang layunin ng lahat ng inihayag, iniutos, at pinasimulan ng Ama para sa sangkatauhan ay upang tulungan tayong makilala Siya, tularan Siya, at maging katulad Niya para makabalik tayo sa Kanyang banal na kinaroroonan. Ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ang Ama at Kanyang banal na Anak na si Jesucristo (tingnan sa Juan 17:3; Jacob 4:5; Moises 5:8).

## Ang Walang-Hanggang Huwaran ng Pamilya

Mahalaga sa pagkilala sa Ama ang unawain ang inihayag na huwaran ng pamilya. Ang pamilya ang pinakamahalagang yunit sa panahong ito at sa kawalang-hanggan at ito ay inorden ng Diyos.[1] Ang mabuhay sa

***Madaling matutuhan ng mga misyonero at ng mga tinuturuan nila ang banal na kahalagahan ng doktrina patungkol sa Ama at sa Anak kapag pinag-aaralan nila ang Unang Pangitain ni Joseph Smith o ang plano ng kaligtasan dahil sumasaksi ang Espiritu Santo sa mga katotohanang ito.***

ANG UNANG PANGITAIN, NI DEL PARSON

piling ng mapagmahal na pamilya ay hindi lamang nagdudulot sa atin ng malaking kaligayahan, kundi tinutulungan din tayong matuto ng mga tamang alituntunin at inihahanda tayo para sa buhay na walang hanggan.[2] Bukod pa rito, ang mga ugnayan sa pamilya ay tumutulong sa atin na makilala, mahalin, at maunawaan ang Ama. Isang dahilan ito kaya laging binibigyang-diin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kahalagahan ng kasal at pamilya kapwa sa Simbahan at sa lipunan. Ang plano ng Diyos ay nagbibigay-daan upang umabot sa kabilang buhay ang mga ugnayan sa pamilya. Makababalik tayo sa piling ng Diyos, na nakabuklod nang walang-hanggan sa ating pamilya.[3]

Piniling hindi ihayag ng ating Ama sa Langit ang maraming detalye tungkol sa buhay natin sa piling Niya bago tayo isinilang. Marahil ay dahil marami tayong matututuhan sa pagmamasid lamang sa huwarang itinatag Niya sa lupa para sa mabubuting pamilya. Masusing pagmamasid at maingat na pamumuhay alinsunod sa mga huwaran ng mabuting pamilya sa mundo ang pinakamahalaga sa ating hangaring makilala ang Ama.

Ang Ama sa Langit at ang pamilya ay hindi mapaghihiwalay. Kapag naunawaan natin ang maraming aspeto ng kaugnayang ito, lubos pa nating mauunawaan kung gaano kapersonal at kaespesyal ang pagmamahal at kaugnayan ng Ama sa Langit sa bawat isa sa atin. Ang maunawaan ang nadarama Niya para sa atin ay nagbibigay sa atin ng lakas na mahalin Siya nang mas dalisay at lubos. Ang madama nang personal ang katotohanan, pagmamahal, at kapangyarihan ng kaugnayang iyon ang pinagmumulan ng pinakamatitindi at pinakamasasayang damdamin at hangaring maaaring dumating sa isang lalaki o babae sa mortalidad. Ang matinding pagmamahal na ito ay maghihikayat sa atin at palalakasin tayo sa oras ng paghihirap at pagsubok upang higit na mapalapit sa ating Ama.

### Mapagmahal na Pagpapasiya at Sadyang Pagkilos

Lahat ng tao ay isinilang na espiritung anak na lalaki o babae ng ating Ama sa Langit.[4] Ang salitang *inanak* ay isang pang-uring nagmula sa pandiwang *ipanganak* at nangangahulugang "nagkaroon ng buhay." Ang salitang *ipanganak* ay ginamit sa mga banal na kasulatan upang ilarawan ang proseso ng pagbibigay ng buhay (tingnan sa Mateo 1:1–16; Eter 10:31).

Sa inihayag ng Diyos na huwaran para sa mabubuting pamilya, ang pagsilang ng isang anak ay bunga ng maingat at mapagmahal na pagpapasiya. Ito ang mahimalang bunga ng mapagmalasakit at sadyang mga pagkilos ng mga magulang na makibahagi sa Ama sa Langit sa sagradong paglikha ng mortal na katawan para sa isa sa Kanyang mga espiritung anak. Sa pagkaalam na ang ating buhay ay bunga ng mapagmahal na pagpapasiya at sadyang pagkilos ay madarama natin ang ating kahalagahan sa mortalidad. Ang damdaming iyon ng kahalagahan ay magbibigay-katiyakan sa ating potensyal at poprotektahan tayo sa mga tukso.

Nasisiyahan si Satanas na gawing dahilan ang di-kagandahang mga sitwasyon ng pagsilang ng ilang tao para mag-alinlangan ang ilan sa atin tungkol sa ating kahalagahan at potensyal. Anuman ang sitwasyon ng pagsilang natin sa mundo, lahat tayo ay mga espiritung anak na lalaki at babae ng mga magulang sa langit. Ang Diyos ay isang mabuti at mapagmahal na ama. Ang ating mga espiritu ay nilikha dahil sa pagmamahal at sadyang pagpapasiyang bigyan tayo ng buhay at pagkakataon.

### Isa-Isa

Hindi lamang sadyang mapagmahal na ipinapasiya ng mabubuting magulang na magsilang ng mga anak sa mundo, kundi sila ay naghahanda, nananalangin, at sabik ding naghihintay sa paglaki ng bata sa sinapupunan, at umaasam din sa pagsilang ng kanilang anak. Matapos isilang, natutuwa silang hawakan, kausapin, alagaan, at protektahan ang kanilang anak. Nalalaman nila ang mga gawi at pangangailangan ng sanggol. Mas kilala nila ang kanilang anak kaysa kilala ng anak ang kanyang sarili. Gaano man karami ang mga anak ng mga magulang, bawat isa ay natatangi sa kanila.

Ang pagkaalam sa huwarang ito ay nagpapaunawa sa atin na bilang mga espiritung anak kilala ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Kilala na Niya tayo noon pa mang tayo ay inanak na mga espiritu. Tayo ang itinatangi Niyang mga anak na lalaki at babae, na bawat isa ay Kanyang minamahal.

### Kilala sa Pangalan

Isa pang huwaran ng mga pamilya sa mundo ang nagpapaunawa sa atin na mahal ng Ama ang bawat isa sa atin. Ang isa sa mga unang hakbang sa paglikha ng identidad ng bawat isa, matapos isilang ang bata, ay bigyan ng pangalan ng mga magulang ang kanilang anak. Ang pagbibigay ng pangalan ay mahalagang bahagi ng lahat ng kultura at kadalasan ay may kaakibat na mga sagradong seremonya dahil malaki ang kahalagahan ng pangalan sa identidad ng maytaglay nito. Hindi pinipili ng mga anak ang kanilang pangalan, ang kanilang mga magulang ang nagbibigay ng pangalan nila.

Sa halos lahat ng kultura ang isang bata ay binibigyan ng una (at sa ilang pagkakataon ay ng pangalawa, o gitnang)



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

pangalan. Karaniwan din sa iba't ibang panig ng mundo na bigyan ang mga bata ng apelyido o pangalan na iniuugnay sila sa kanilang mga magulang, pamilya, at ninuno. Ang ilang kultura ay gumagamit ng iba pang mga pagkakakilanlan tulad ng pangalawang apelyido (apelyido ng ina sa pagkadalaga, halimbawa) upang mas makilala ang kaugnayan ng bata sa pamilya at lipunan.

Sa gayon ding paraan, alam natin na kilala ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Kilala Niya tayo sa pangalan. Sa ilang talata sa banal na kasulatan na bumabanggit sa mga tao bago sila isinilang, tinukoy sila sa pangalan sa paraang kahalintulad ng kung paano tayo tinutukoy sa mortalidad. Sa nakatalang mga pagbisita ng Ama sa mga tao sa lupa, tinatawag Niya sila sa pangalan para ipakita na kilala at tukoy Niya ang bawat isa sa atin. Tulad ng sabi ni Propetang Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain na nagpakita ang Ama, "Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan" Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; tingnan din sa Moises 1:6; 6:27).

Kilala tayo ng Ama dahil isinilang sa Kanya ang bawat minamahal na espiritung anak na lalaki at babae, na nagbigay sa atin ng ating identidad at pagkatao. Tulad ng sinabi Niya kay Jeremias, "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita" (Jeremias 1:5).

## Sa Kanyang Wangis at Taglay ang Kanyang mga Katangian

Itinuturo sa Biblia na ang lalaki at babae ay nilikha sa wangis ng Ama (tingnan sa Genesis 1:26–27). Pinatototohanan kapwa ng siyensya ng genetics at ng personal na obserbasyon ang alituntunin na minamana ng anak ang anyo, hitsura, at mga ugali ng mga magulang. Ang ilan ay ibinabatay ang kahalagahan ng kanilang sarili sa pagkukumpara ng kanilang sarili sa iba. Ang paraang iyan ay maaaring humantong sa damdamin ng kakulangan o kahigitan. Mas makabubuting umasa nang tuwiran sa ating Ama para madama natin ang ating kahalagahan.

Ang ating mga pedigree chart sa buhay sa mundo ay nagpapakita ng maraming

***Ang mga ugnayan sa pamilya ay tumutulong sa atin na makilala, mahalin, at maunawaan ang Ama. Isang dahilan ito kaya laging binibigyang-diin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kahalagahan ng kasal at pamilya kapwa sa Simbahan at sa lipunan.***

*Kapag hinangad nating makilala ang Ama sa pamamagitan ng mga huwaran ng matwid na pamumuhay ng pamilya, mauunawaan natin ang lalim ng Kanyang pagmamahal sa atin at higit natin Siyang mamahalin.*

henerasyon pabalik sa nakalipas na mga panahon. Gayunman, ang sarili nating espirituwal na pedigree chart ay may dalawang henerasyon lamang—sa ating Ama at sa atin. Kawangis natin Siya, ngunit walang kaluwalhatian. "Ngayon ay mga anak [na lalaki at babae] tayo ng Dios, at . . . kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili" (I Juan 3:2; tingnan din sa D at T 130:1). Taglay ng bawat isa sa atin ang mga tagong potensyal na maging katulad ng Diyos na maaaring matupad sa pamamagitan ng Kanyang pagpapala at sa mahigpit na pagsunod na ipinakita sa atin ni Jesus. May kapangyarihan sa pagsambit o pagkanta ng mga salitang "Ako ay Anak ng Diyos."[5]

## Ang Pagmamahal ng Ama

Isa sa malalaking pagbaluktot sa ebanghelyo dahil sa Apostasiya ay ang sabihin na napakahigpit ng plano ng kaligtasan ng Diyos Ama. Si Frederic Farrar, isang pinuno ng simbahang Anglican, classical scholar, nananalig, at bantog na may-akda ng *Life of Christ,* ay labis na nalungkot sa maling pagkaunawa ng karamihan sa mga simbahang Kristiyano tungkol sa impiyerno at kaparusahan bunga ng mga maling pagkasalin sa King James Version ng biblia sa Ingles mula sa Hebreo at Griyego.[6]

Tulad ng inihayag kay Propetang Joseph Smith, ang plano ng kaligtasan ng isang mapagmahal na Ama ay angkop sa lahat ng tao, pati na sa mga taong hindi nakaririnig tungkol kay Jesucristo sa buhay na ito, mga batang namatay bago sumapit sa edad ng pananagutan, at yaong walang pang-unawa (tingnan sa D at T 29:46–50; 137:7–10).

Maging sa mga tao—di-tulad ni Satanas at ng kanyang mga anghel (tingnan sa Isaias 14:12–15; Lucas 10:18; Apocalipsis 12:7–9; D at T 76:32–37)—na hindi namuhay nang matwid ngunit hindi naghimagsik laban sa Diyos, ay naghanda ang mapagmahal na Ama ng mga kaharian ng kaluwalhatian na nakahihigit sa kalagayan natin sa lupa (tingnan sa D at T 76:89–92). Hindi mapag-aalinlanganan ang pagmamahal ng Ama sa Kanyang mga espiritung anak.

Kapag hinangad nating makilala ang Ama sa pamamagitan ng mga huwaran ng matwid na pamumuhay ng pamilya, mauunawaan natin ang lalim ng Kanyang pagmamahal sa atin at higit natin Siyang mamahalin. Ang mga pagsisikap na sirain at wasakin ang pamilya ay nilayon upang hindi madama ng mga anak ng Ama ang Kanyang pagmamahal na humihila sa kanila pabalik sa Kanya.

Ang mapang-abusong mga lalaki na may kapangyarihan, mga isinilang sa di-kasal na mga magulang, mga batang bunga ng di-akalaing pagbubuntis, at iba pang mga hamon ng lipunan sa ating panahon ay mas nagpapahirap pa sa mga dumaranas ng mga ito na makaunawa, umasa, at sumampalataya sa isang mabuti, mapagmahal, at mapagmalasakit na Ama. Tulad ng Ama na hangad tayong tulungan na makilala Siya, ginagamit ng kaaway ang lahat ng posibleng paraan para ihiwalay tayo sa Ama. Mabuti na lang at walang kapangyarihan, kasalanan, o kalagayang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ng Ama (tingnan sa Mga Taga Roma 8:38–39). Dahil una tayong minahal ng Diyos, maaari natin Siyang makilala at mahalin (tingnan sa I Juan 4:16, 19).

Talagang namamayani ngayon ang mga problema sa lipunan kaya nga dapat nating ituro ang doktrina ng Ama at ng pamilya para maiwasto, maitama, at madaig ang mga maling ideya at gawi na laganap sa mundo. Tulad ng magilas na pahayag ni Eliza R. Snow (1804–87), maraming tao sa mundo na tinatawag na "Ama" ang Diyos ngunit "kadahilanan ay [hindi] batid."

Salamat at naipanumbalik na ang ebanghelyo[7] at ang doktrina ng Ama ay muling napasamundo! ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.1.1.
2. Tingnan sa *Handbook 2,* 1.1.4.
3. Tingnan sa *Handbook 2,* 1.3.
4. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2010, 129.
5. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
6. Tingnan sa Frederic W. Farrar, *Eternal Hope* (1892), xxxvi–xlii.
7. "Aking Ama," *Mga Himno,* blg. 182.

# Yakap ng mga Bisig ng Kanyang Pagmamahal

Hindi ibinigay ang pangalan

Noong anim na taong gulang ako, nagdiborsyo ang mga magulang ko. Bagama't tumira ako kay Inay, bahagi pa rin ng buhay ko si Itay matapos silang maghiwalay. Naroon ako sa bahay niya tuwing Sabado't Linggo at isang araw sa kalagitnaan ng linggo.

Sa kabila ng kanyang mga pagsisikap na maging mabuting ama, noong pitong taong gulang ako, sinira niya ang tiwala ko sa napakasamang paraan. Ang pagkasira ng tiwalang ito ang nagpasimula ng paglawak ng distansya sa pagitan namin. Tuwing tatawag siya sa bahay, hindi ko sinasagot ang telepono. Nang malaki na ako, iginiit ko na ako ang magpapasiya kung kailan ako pupunta sa bahay ni Itay, sa halip na mapilitan akong sundin ang utos ng korte.

Noong hayskul ako, dumalang na ang aming pagkikita. Nakipagkita lang ako sa kanya nang dalawa o tatlong beses sa isang buwan. Noong kolehiyo na ako, mas dumalang pa ang mga tawag sa telepono, hanggang sa minsan ko na lang siya kausapin sa isang semestre. Ang relasyon ko sa aking ama ay naging pormal na lang kaysa tunay na ugnayan ng mag-ama.

Noong ikalawang taon ko sa kolehiyo, ipinasiya kong kausapin siya tungkol sa isang insidente noong bata pa ako na sa tingin ko ay siyang sumira sa relasyon naming mag-ama maraming taon na ang nakararaan. Umasa akong matapos na ito, magkapatawaran na kami, at magkaroon ng pagkakataong magsimulang muli. Sinabi ko sa kanya sa e-mail ang saloobin ko at hinintay ang kanyang tugon.

Kalaunan ay natanggap ko ang sagot niya sa e-mail. Bago ko binasa ang sagot ni Itay, ipinagdasal ko muna at hiniling sa Ama sa Langit na mapasaakin ang Kanyang Espiritu kapag binasa ko ang e-mail. Napakahalagang sandali nito sa buhay ko—makikita ko na ang sasabihin ni Itay at ang patutunguhan ng relasyon naming mag-ama. Natakot ako at nadama kong nag-iisa ako.

Nag-iisa nga ako, nakaupo sa aking silid sa harap ng aking computer. Kailangan ko ng suporta. Patuloy akong nanalangin sa Ama sa Langit at nadama ko ang Kanyang Espiritu. Sa wakas ay nagkalakas-loob akong basahin ito.


Napakaikli ng tugon ni Itay sa e-mail kung saan sinabi niya na wala siyang naaalala sa sinabi ko at hindi raw iyon ang tamang oras para sa kanya na pag-usapan ang aming nakaraan.

Sa pagwawalang-bahala niya sa isang bagay na napakahalaga sa akin at sa tila kawalang-balak niyang makipagbati ay labis akong nasaktan. Damdam ko ay pinabayaan ako ng tatay ko, napuno ako ng kalungkutan sa magulong relasyon naming mag-ama na mahigit nang isang dekada.

Habang nakaupo ako at humihikbi, nadama ko ang Espiritu. Noon ko lang nadama ang lubos na presensya ng aking Ama sa Langit. Literal kong nadama na "[yakap ako] magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal" (2 Nephi 1:15). Natiyak at nadama ko na ako ay minamahal habang nakaupo ako at umiiyak.

Maaaring hindi ako gaanong malapit sa tatay ko, ngunit kasama ko ang aking Ama sa Langit. Malaki ang impluwensya Niya sa buhay ko. Alam ko na mahal Niya ako, at laging nanaising mapalapit sa akin. Alam ko na Siya ay aking Ama. At nariyan lang Siya. ■

*Maaaring hindi ako gaanong malapit sa tatay ko, ngunit kasama ko ang aking Ama sa Langit.*



PAGLALARAWAN NI PAUL MANN




# Gutom sa Salita
## SA ECUADOR

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan

*"Mapapalad silang lahat na nagugutom at nauuhaw sa kabutihan, sapagkat sila'y mapupuspos ng Espiritu Santo" (3 Nephi 12:6).*

Sumandal si Ana Visbicut sa dingding sa labas ng bahay niya na may ngiti sa kanyang mukha. Katabi niya sa mahabang upuan ang kanyang mga anak, na nakangiti ring lahat katulad niya. Iyon ay isang mainit na Sabado ng hapon. Nakatira si Ana sa Puerto Francisco de Orellana, isang maliit na lungsod sa kagubatan ng silangang Ecuador. Kadaraan lang ng mga miyembro ng Orellana Branch presidency, na hindi sinasadyang nakaabala sa pakikipag-usap ni Ana sa mga misyonera, ngunit ayos lang iyon sa kanya. Natuwa siya sa kanilang pagdating. Marami siyang dapat ipagpasalamat at ginagawa niya ito nang taos-puso.

Hindi naman nito ibig sabihin na walang problema si Ana. Mag-isa niyang binubuhay ang lima niyang anak na mga bata pa. Mahirap maghanap ng trabaho sa araw-araw. At nang binyagan siya noong Agosto 2009, isa lang sa mga anak niya ang sumama sa kanya.

Ngunit nang sumunod na taon, dumating ang mga pagpapala nang tatlo pa sa kanyang mga anak ang sumunod sa kanyang halimbawa at nabinyagan at nakumpirma (ang isa ay napakabata pa noon).

Oo, nagniningning ang mga mata ni Ana sa pasasalamat. Natuklasan niya, tulad ng iba pang mga miyembro sa Orellana Branch, ang dalisay na kagalakang nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

### Ang Kagalakan ay Nagsisimula sa Hangarin

Noong Disyembre 2008, wala pang pormal na organisasyon ng Simbahan sa Puerto Francisco de Orellana. Sa panahong iyon, may ilang miyembrong nakatira doon, at ang ilan sa kanila ay matagal nang hindi nakasimba.

MGA LARAWANG KUHA NI JOSHUA J. PERKEY



*Kaliwa: Nagagalak si Ana Visbicut at ang kanyang mga anak sa ebanghelyo. Ibabaw: Nagtipon ang mga miyembro ng Orellana Branch para sa kumperensya ng branch noong 2010.*

Ngunit may nangyari. Inantig ng Espiritu ang mga puso at binago ang mga buhay, at hinikayat ang apat na pamilya na magsimulang magpulong nang sama-sama upang pag-aralan ang mga banal na kasulatan at turuan ang isa't isa. At kahit ngayon ay nadarama pa rin iyon sa buong lungsod.


"Ang mga tao rito ay gutom at uhaw sa ebanghelyo," sabi ng miyembro ng branch na si Fanny Baren Garcia.

Ang pagkagutom na ito ay naghikayat sa mga miyembro sa Puerto Francisco de Orellana na kontakin ang Simbahan at humingi ng pahintulot na magdaos ng sacrament. "Hindi kami ang nagpunta sa kanila," paggunita ni Timothy Sloan, dating pangulo ng Ecuador Quito Mission. "Tinawagan nila ako. Ang hangaring tugunan ang damdaming iyon—na sundin ang paanyaya ng Tagapagligtas sa buong Aklat ni Mormon na sumampalataya sa Kanya at magsisi—ay naroon na. Iyan ay isang mensahe sa ating lahat."

Nasa puso rin ng mga taong lumipat sa Puerto Francisco de Orellana ang hangaring iyon. Noong mga unang araw ng Enero 2009, iniisip tanggapin ni Marco Villavicencio—ang branch president ngayon—at ng asawa niyang si Claudia Ramirez, ang isang trabaho na kakailanganin nilang lumipat sa Puerto Francisco de Orellana mula sa kanilang tahanan sa Machala, sa kabilang ibayo ng Ecuador.

"Ang una kong itinanong," sabi ni President Villavicencio, "ay 'May Simbahan ba roon?' Pinag-usapan namin ito sa aming pamilya, at nanalangin kami upang malaman kung dapat kaming

## PAGTANGGAP SA TAGAPAGLIGTAS AT SA KANYANG EBANGHELYO



"Para matanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo, kailangan muna ng mga tao na tanggapin Siya na nagmamay-ari ng ebanghelyong ito. Kailangang magtiwala sila sa Tagapagligtas at sa mga itinuro Niya sa atin. Kailangang maniwala sila na may kapangyarihan Siyang tupdin ang Kanyang mga pangako sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Kapag ang mga tao ay may pananampalataya kay Jesucristo, tinatanggap at ipinamumuhay nila ang Kanyang Pagbabayad-sala at mga turo. . . .

"Mahal ko ang ebanghelyo ni Jesucristo, sapagkat itinuturo nito ang daan para makakain tayo ng bunga ng ebanghelyo, maranasan ang 'labis na kagalakan' (1 Nephi 8:12) na ito lamang ang may dala, at makapagtiis hanggang wakas sa lahat ng hamon sa buhay sa mundong ito. Itinuturo sa atin ng ebanghelyo ang lahat ng kailangan nating malaman upang makapiling muli ang ating Ama sa Langit bilang nabuhay na [mag-uli] at niluwalhating mga nilalang. Nawa ay manatili sa isipan nating lahat ang pangitain ng buhay na walang hanggan. Nawa ay maging masigasig tayo na sundin ang resipe para sa buhay na walang hanggan na siyang ebanghelyo ni Jesucristo."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Ebanghelyo ni Jesucristo," *Liahona* at *Ensign*, Mayo 2008, 44, 46.**

lumipat. Nang dumating ang alok na trabaho, nalaman namin na itinatatag na ang Simbahan sa Puerto Francisco de Orellana. Lumipat kami rito noong Pebrero 2009, at nabuo ang branch pagsapit ng Setyembre."

### Ang Kagalakan sa Paglilingkod

Ang hangaring lumapit kay Cristo ay kusang humahantong sa hangaring maglingkod. Binabago ng ebanghelyo ni Jesucristo kapwa ang nagbibigay at ang tumatanggap. Ang pagbabagong ito ay nangyayari kapag ang mga puso ay mapakumbaba, ang mga isipan ay bukas, at ang paglilingkod ay nagawa. Ang paglilingkod ay nakatulong nang malaki sa pag-unlad ng Simbahan sa Puerto Francisco de Orellana at nagpalakas sa mga naglingkod.

*"May pagkauhaw rito sa ebanghelyo. Talagang masigasig ang mga tao rito."*
**President Marco Villavicencio**

"Ano ang nadarama ko sa aking tungkulin?" tanong ni Clara Luz Farfán, na tinawag na maglingkod sa Relief Society presidency noong Setyembre 2010. "Masaya, dahil alam kong matutulungan ko ang ibang kababaihan na magsimba at mapapalakas ko ang kababaihang bagong binyag."

Gayon din ang damdaming lumaganap sa puso ng mga miyembro ng branch. Sabi ni Lourdes Chenche, ang Relief Society president, kailangan ang kasigasigan para mapalakas ang kababaihan, ngunit masaya niya itong ginagawa: "Bilang panguluhan at bilang mga miyembro ng Relief Society, binibisita namin ang kababaihan. Pinupuntahan namin sila kapag may mga problema sila. Binibigyan namin sila ng makakain kung kailangan. Ipinadarama namin na hindi sila nag-iisa, na tutulungan kami ni Jesucristo at ng branch. At itinuturo namin na dapat nilang gawin ang kanilang bahagi—manalangin, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at ihanda ang kanilang sarili. Nagdarasal kami kasama nila, pinapanatag namin sila, at lubos namin silang minamahal."

Ngunit hindi lamang kababaihan ang gumagawa nito. "Kinakausap namin ang branch president para malaman kung ano ang maaaring gawin," dagdag pa ni Lourdes. "Ibinabahagi namin sa kanya at sa branch council ang kanilang mga pangangailangan para maipasiya namin kung ano ang kailangan naming gawin."

Ang katapatan ng kababaihan sa paggawa ng kanilang bahagi ay karaniwan sa buong

*Ilalim, kaliwa: Ang branch president na si Marco Villavicencio kasama ang asawa niyang si Claudia, at kanilang anak. Ilalim, kanan: Dumalo si Clara Luz Farfán sa isang fireside kasama ang iba pang mga miyembro ng branch.*





branch. Sa isang proyekto para tulungan ang isang pamilya sa branch, "lahat kami ay sumali," sabi ni Lourdes. "Ang mga bata, kabataan, matatanda, Relief Society, at mga misyonero. Napakasaya ng naranasan namin. Alam ko na kapag tayo 'ay nasa paglilingkod ng [ating] kapwa-tao, [tayo] ay nasa paglilingkod lamang ng [ating] Diyos' [Mosias 2:17]. Kapag naglilingkod ako, parang ginagawa ko ito para kay Jesucristo. Iyan ang layunin ng kaharian."



*Kausap ni President Villavicencio at iba pang mga miyembro si Lourdes Chenche, branch Relief Society president at seminary teacher.*

### Ang Kagalakan sa Pakikisalamuha

May isang bagay sa pagkakaisa na di-maikakailang nagpapalakas, ang damdaming makabilang sa komunidad ng mga Banal. Dumarating ang mga pagpapala kapag tayo ay naging "mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Dios" (Mga Taga Efeso 2:19) at namumuhay na parang isang pamilya na "nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan. Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:8–9).

Ipinaliwanag ni Fanny, "Naniniwala ako na ang lakas natin ay nagmumula sa katotohanan na ang pakiramdam natin bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay iisang pamilya tayo. At palagay ko malaking kabutihan ang nagawa ng paglilingkod sa isa't isa. Ibinibigay natin ang anumang kinakailangan, at nakadama tayo ng pagkakaisa. Malugod nating tinatanggap ang lahat ng taong bagong dating sa simbahan. Binabati natin sila. Naniniwala ako na ang mensahe ng isang yakap ay higit pa sa isang libong salita."

*"Para kaming si Enos—gutom sa salita ng Diyos" (tingnan sa Enos 1:4).*
**Clara Luz Farfán**

Pinatunayan iyon ng mga karanasan ni Ana. Bilang nag-iisang magulang na may limang anak, palagi siyang nahaharap sa hirap ng buhay sa pagsisikap na tustusan ang kanyang pamilya sa panahong hindi madaling makakita ng trabaho, at nakapanghihina ng kalooban at espiritu ang pagsisikap na iyon. Malaking tulong sa kanyang pamilya ang pakikisalamuha ng mga miyembro sa branch sa mga oras ng kagipitan. "Dumarating ang mga miyembro at nagbabasa kami ng mga banal na kasulatan," sabi ni Ana. "Inaalagaan nila ako. Kapag nahihirapan kami, nariyan sila. Napakahalaga niyan sa mga bagong miyembro."

Ang pakikisalamuhang ito ay isa sa mga dahilan kung bakit umunlad kaagad ang branch. Mula sa 28 miyembro noong unang Linggo nito, umabot sa 83 ang dumadalo sa branch makalipas lamang ang isang taon, kabilang na ang ilang bisita na iba ang relihiyon.

Ginugol ng mga pinuno ng branch ang araw ng Sabado bago ang kumperensya ng kanilang branch sa pagbisita sa mga miyembro at investigator ng Simbahan. Ibinahagi nila ang mga banal na kasulatan sa kanila, at hinikayat silang magpakabait pa.

Isang lalaking nabinyagan ang napagbago kamakailan dahil sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan—sa pagbabasa nang mag-isa at nang kasama ang mga miyembro at misyonero. "Ang Aklat ni Mormon ang susi," wika niya. "Ito ay susi para sa akin." Nakasumpong siya ng kagalakan sa Simbahan. Malakas manghikayat ang ebanghelyo kaya sinimulan niyang magbayad ng ikapu bago pa man siya nabinyagan.

Ngunit ang pakikipagkaibigan ay higit pa sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba. Nababago nito ang uri ng pamumuhay.

"Bago ako sumapi sa Simbahan," sabi ni Bernabé Pardo, isa pang bagong binyag, "ang mga kaibigan ko lang ay yaong mga manginginom. Pero ngayong miyembro na ako, marami na akong kaibigan—mga tunay na kaibigan. Niyayaya nila akong magbasa ng Aklat ni Mormon. Inaanyayahan nila ako sa family home evening. Pinaglilingkuran nila ang isa't isa. Nakasama na ako sa mga paglilingkod nila. Ibang-iba na ang buhay ko ngayon. Nakatanggap ako ng napakaraming pagpapala. Nagbabayad ako ng ikapu, at pinagpapala ako ng Panginoon."

Ito ay isang uri ng pamumuhay na hindi lamang para sa matatanda. "Lagi naming itinuturo sa mga kabataang babae ang bisa ng pakikisalamuha, pagbati at pagsasali sa iba," sabi ni Claudia Ramirez. "Kapag

*Mula kaliwa: Si President Villavicencio kasama si Bernabé Pardo, isang bagong miyembro; pulong ng Relief Society; si Fanny Baren Garcia kasama ang asawa niyang si Ricardo, at kanilang mga anak; klase sa Doktrina ng Ebanghelyo.*

dumarating ang mga tao sa simbahan sa unang pagkakataon, ang nakikintal sa isipan nila ay kung paano sila tinanggap. Kaya itinuturo namin sa mga kabataang babae kung gaano kahalaga ang bawat kaluluwa sa Panginoon. Napakalaking tulong nito. At nagtakda kami ng mga kabataang babae ng mga mithiin para sa Pansariling Pag-unlad. Ito ang naghihikayat sa kanila na kaibiganin ang iba."

Ipinaliwanag ni President Villavicencio na "sinisikap naming sundin ang payo ni Pangulong Gordon B. Hinckley na bawat bagong binyag ay kailangang pangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, magkaroon ng kaibigan, at magkaroon ng tungkulin."[1]

Si Ana ang pangalawang tagapayo sa Primary presidency. Ang kanyang anak na si Jorge ang unang tagapayo sa teachers quorum.

"Binibigyan namin sila ng tungkulin," sabi ni President Villavicencio, "isang pagkakataong matuto sa pamumuno, at magkaroon ng isang taong aalalay sa kanila."

### Ang Kagalakan sa Pagbabago

Para kay Claudia, ang paglilingkod sa ebanghelyo ay nagbunga ng unti-unting pagkakaroon ng tiwala sa kanyang puso. "Nabinyagan ako noong walong taong gulang ako," sabi ni Claudia. "Lagi kaming nagsisimba. Pero habang lumalaki ako, marami akong nakitang mag-asawa na hindi nagkasundo. Madalas ko silang maisip, at nangamba ako na hindi ako makapag-aasawa kailanman dahil hindi iyon magtatagumpay. Takot akong ipagkatiwala ang buhay ko sa iba, na napakahirap niyon. Pero pagbalik ko mula sa misyon, nagbago ang isipan ko. Ang pagtuturo ng doktrina ay nagpapabago sa iyo."

Sina Claudia at Marco Villavicencio ay magkaibigan bago nagmisyon si Claudia. Di-nagtagal nang makabalik siya, magkasama








silang nagpunta sa templo kasama ang ilang kaibigan. May nangyaring espesyal. "Parang sinagot ng Panginoon ang aking mga dalangin, na ito ang lalaking maaari kong pakasalan," paliwanag ni Claudia. "Sumaakin ang napakalaking pagpapalang magkaroon ng mabuting asawa."

### Kagalakan sa Pamumuhay ng Ebanghelyo

"Ang kaligayahan natin ay hindi batay sa mga materyal na bagay," sabi ni Oscar Reyes, edad 15, "kundi kung paano tayo namumuhay. Kaya nga pinananatili kong banal ang araw ng Sabbath, dahil kalugud-lugod ito sa Diyos. At ito ang dahilan kaya ako magmimisyon at kung bakit ko gustong paglingkuran ang iba."

Sa pamumuhay ng ebanghelyo, nakasumpong ng tunay na kagalakan ang mga miyembro ng Orellana Branch. "Napakasaya ko," sabi ni Lourdes. "Kahit napakalayo ko sa aking pamilya, may pamilya rin ako rito, isang espirituwal na pamilya. Malaki ang patotoo ko sa gawaing ito. Alam ko na buhay si Jesucristo at na, kung tayo ay masunurin, pagpapalain Niya tayo."

Ito ang kagalakang laganap sa kanilang buhay anumang pagsubok ang dumating sa kanila. Ito ang kagalakang nagmumula sa matwid na pamumuhay. ■

TALA

1. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 47.







### PUERTO FRANCISCO DE ORELLANA, ECUADOR

Mga 60 milya (100 km) silangan ng Quito, ang malalaking bulkan at ang Andes Mountains ay nagpapabago sa saganang init ng klima sa Orellana Province. Ang malalawak na kagubatan na may sala-salabat na mga batis at ilog ay pumupuno sa tanawin sa lahat ng direksyon. Mga loro at toucan at libu-libong iba pang klase ng ibon ang naninirahan dito. Makakakita pa kayo rito ng mga unggoy at sloth, armadillo at capybaras at, ang kamangha-mangha, mga dolphin na kulay-rosas.

Ang lalawigan ay itinatag noong mga huling taon ng 1990s para suportahan ang paghahanap ng petrolyo. Ang maliit na komunidad ay mabilis na naging lungsod. Ang Puerto Francisco de Orellana ay nasa tagpuan ng mga Ilog ng Napo, Coca, at Payamino. Ngayon ang lungsod at mga paligid nito ay tirahan ng mga 80,000 katao.







*Nagsalita ang anim-na-taong-gulang na si Courtney T., na may Down syndrome, sa Primary sa tulong ng kanyang kapatid na si Justin. Itinuturo ng hanbuk ng Simbahan na "ang mga aralin, mensahe, at pamamaraan sa pagtuturo ay dapat iakma sa mga pangangailangan ng bawat tao."*

# Paano Ko Tutulungan ang Batang Ito?

**Ni Danyelle Ferguson**

*Nagtuturo ka ba ng mga batang Primary na may kapansanan sa pag-unawa? Narito ang ilang ideya sa pagtuturo sa kanila.*

Nagtatanong ang maraming guro at lider ng Primary kung paano paglingkuran ang isang batang may kapansanan sa pag-unawa, tulad ng autism, Down syndrome, o attention deficit/hyperactivity disorder (ADHD). Maaari nilang itanong: Paano ko matuturuan ang batang ito? Dapat ba siyang isama sa klase ng mga kaedad niya? Maaari ba siyang lumahok sa oras ng pagbabahagi o mga aktibidad?



*Ang may-akdang si Danyelle Ferguson kasama ang kanyang autistic na anak na si Isaac.*

Bilang ina ng isang batang autistic at bilang guro ng mga batang Primary na may kapansanan sa pag-unawa, marami akong natutuhang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga batang ito. Ang sumusunod na mga alituntunin ay ilan lamang sa mga natutuhan ko. Sana, makatulong ito sa pagsisikap ninyong paglingkuran at isali ang lahat ng bata sa inyong ward o branch Primary.

## Maglingkod na Tulad ni Jesus

Ipinakita sa atin ng Tagapagligtas kung paano paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng pag-aakma ng Kanyang mensahe at mga pagkilos sa mga pangangailangan ng bawat isa.[1] Halimbawa, nang bisitahin Niya ang mga Nephita, tinipon niya ang Kanyang maliliit na anak at "kinuha [sila], *isa-isa,* at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila" (3 Nephi 17:21; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang mga anghel naman ay "pinalibutan yaong mga musmos" ng apoy mula sa langit at "naglingkod sa kanila" (3 Nephi 17:24).

Nakikibahagi tayo sa ministeryo ng Panginoon sa pagtuturo sa lahat ng bata. Ipinaalala sa atin ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Tayo na pinagtiwalaan ng minamahal na mga anak ay nabigyan ng sagrado at marangal na pamamahala, dahil tayo ang hinirang ng Diyos na palibutan ang mga bata ngayon ng pagmamahal at apoy ng pananampalataya at pag-unawa kung sino sila."[2] Sa pagganap natin sa ating responsibilidad na tulungan ang mga batang may kapansanan, tutulungan tayo ng Panginoon na iakma ang ating paglilingkod at pagtuturo para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Para higit na maunawaan ang mga pangangailangang ito, maaaring makipagkita ang mga guro at lider ng Primary sa bata at mga magulang nito, na magandang pagkakataon para kaibiganin ng guro ang bata. Kadalasan ang pinakamagandang lugar para makilala siya ay sa kanyang tahanan, kung saan siya komportable at mas malamang na makipag-usap sa mga bagong kakilala.

## Matuto at Magtulungan

Ang mga guro at lider ay dapat maglaan ng oras para pag-aralan ang kapansanan ng bata. Magandang magsimula sa website ng Simbahan na lds.org/disability (makukuha sa ilang wika), kung saan nila mababasa ang mga

KALIWA: LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY; KANAN: LARAWANG KUHA NI ERIN JENSEN

*Kinakausap ni Emily S. at ng kanyang apat-na-taong-gulang na anak na si Landon, na may pervasive developmental disorder, ang Primary president na si Debra Maloof tungkol sa mga bagay na gusto ni Landon at sa epektibong mga estratehiya sa pagtuturo sa kanya. Mapaglilingkuran nang husto ang isang batang may mga kapansanan kapag nagtulungan ang bata at ang kanyang mga magulang at pinuno nang may pagkakaisa at kooperasyon.*



buod tungkol sa mga partikular na kapansanan, makukuha ang mga tip sa pagtuturo, at matatagpuan ang mga karagdagang sanggunian.

Matapos galugarin ang website, maaaring makipagkitang muli ang mga guro at lider sa mga magulang ng bata upang magbahagi ng mga ideya, magtalakay ng mga problema, at magtakda ng mga mithiin. Maaaring magbigay ng impormasyon ang mga magulang tungkol sa kanilang anak para magtagumpay ang mga guro, tulad ng mga ideya kung paano makipag-usap ang bata, aling mga aktibidad ang kinatutuwaan niya at alin ang iiwasan, at paano maghikayat ng angkop na asal. Mahalagang makipagtulungan sa mga magulang sa pagkakaroon ng pagkakaisa, kooperasyon, at patuloy na pakikipag-usap na kailangan upang mapaglingkuran nang husto ang isang batang may mga kapansanan.

Dapat ding konsultahin ng mga guro at lider ang kanilang mga lider ng priesthood sa pag-iisip kung paano mapaglilingkuran ang bata. Nang unang masuri na autistic ang aming anak, hindi namin alam kung gaano kahusay niyang magagawang lumipat sa Primary mula sa nursery kasabay ng kanyang mga kaedad. Lumapit sa aming bishop at Primary president ang isang sister sa aming ward na isang guro sa paaralan at nag-alok na alalayan ang aming anak. Nakipagkita kaming mag-asawa, ang Primary president, at ang isang miyembro ng bishopric sa kanya, at kinausap niya kami kung paano tulungan ang aming anak. Nagtakda kami ng mga mithiin at lumikha ng plano para maipaunawa sa kanya ang ginagawa sa Primary. Kadalasan ay kinailangan naming baguhin ang plano sa sumunod na tatlong taon, ngunit nang matutuhan niyang unawain ang nangyayari sa kanyang paligid, naging mas interesado siyang makihalubilo sa kanyang mga kaedad at lumahok sa mga aralin. Ang pag-unawa at katapatan ng sister na ito ay nagtatag ng pundasyong patuloy na sinasandigan ng aming anak. Ang kanyang pagmamahal at pakikipagkaibigan ay nagturo sa kanya na siya ay isang pinakamamahal na anak ng Diyos. Dahil diyan, patuloy niyang itinuturing ang simbahan na isang lugar na mapupuntahan niya para magpakatotoo at siya ay mahalin.

## Bumuo ng Pagkakaibigan at Pagtitiwala

Bilang mga guro maaari nating "sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas na magbigay ng pag-asa, pag-unawa, at pagmamahal sa mga may kapansanan."[3] Kapag nagpakita tayo ng tunay na interes sa mga batang may kapansanan, lalago ang pakikipagkaibigan natin sa kanila.

Ang mga batang may kapansanan sa pag-unawa ay maaaring makipag-usap sa paraang naiiba sa ibang mga tao. Kapag nakaakma ang mga guro sa estilo ng pakikipag-usap ng bawat bata, natuturuan nilang magtiwala at makipagkaibigan sa kanila ang mga ito at nagiging mas epektibo silang guro. Narito ang dalawang paraan para mapahusay ang komunikasyon:

- **Ipantay ang inyong mukha sa mukha ng bata.**[4] Kapag ginawa ito ng matatanda, hindi gaanong natatakot ang bata at mas nadarama nito na siya ay kabilang. Nakakatulong din ito sa mga batang nahihirapang magtuon kapag nasa isang grupo. Makukuha ng guro o alalay ang pansin ng bata at maibahahagi ang isa o dalawang pangungusap tungkol sa aralin sa klase paminsan-minsan.

- **Tuklasin ang mga interes ng bata.** Nadarama ng mga bata na pinahahalagahan sila kapag nagpakita ng interes ang iba sa mga bagay na mahal nila. Madalas mapamahal sa mga batang may kapansanan ang ilang bagay, tulad ng isang laruan, hayop, o laro. Maaaring ipakuwento ng guro sa bata ang kanyang mga interes at tukuyin ang interes na iyon sa aralin. Kahit hindi nagsasalita ang bata, maaari pa ring banggitin ng guro ang nakakainteres dito.

### Makihalubilo

Karaniwan, ang isang batang may kapansanan sa pag-unawa ay dapat isama sa kanyang regular na klase sa Primary. Mahalaga ito kapwa sa bata at sa kanyang mga kaedad. Sa pakikihalubilo ay natututo siya ng angkop na pakikisama sa iba at ng tamang asal sa simbahan at inihahanda siyang lumipat sa mga klase ng mga kabataan. Para sa magkakaedad, ang pagsasama-sama sa klase ay naglalaan ng mga pagkakataong maglingkod at maranasan ang kakaibang mga ideya ng mga batang may mga kapansanan. Naghihikayat din ng pagkakaibigan ang pagsasama-sama—isang mahalagang bahagi ng pagdama na sila ay kabilang at kailangan sa simbahan.

Noong preschool pa ang aming anak, madalas siyang tabihan ng isang batang babae sa upuan sa Primary. Gumawa ng mga card at larawan ang batang babae para sa kanya kung hindi siya dumalo sa klase. Hindi masabi ng anak namin ang pangalan ng bata, pero hinahawakan niya ang kamay nito at tinatawag itong "kaibigan ko." Ang kanilang pagkakaibigan ay nagbigay sa bata ng mga pagkakataong maglingkod at nagpasaya sa pagsisimba ng aming anak.

Para maging magkakaibigan sila, maaaring ipakilala ng isang magulang o guro ang bata sa kanyang mga kaedad sa unang araw ng klase at ikuwento ang kanyang pagkatao—na ibinabahagi ang kanyang mga talento, kagalingan, at paboritong mga aktibidad. Pagkatapos ay mababanggit nila ang kapansanan para maunawaan ng mga kaedad niya ang mga pangangailangan ng bata at anumang asal na maaaring kakaiba sa kanila. Kadalasan, kung ipaliliwanag ng mga magulang at pinuno ng Simbahan ang mga bagay na ito, magiging mas komportable ang kanyang mga kaedad na kaibiganin siya.

Isiping kontakin ang mga ekspertong makakatulong sa mga guro ng Primary na lumikha ng plano para mas makalahok ang bata. Kung minsan ay handang makipagkita ang guro ng bata sa paaralan sa mga magulang at lider ng Primary para ituro sa kanila ang mga pamamaraang epektibo sa bata sa paaralan. Baka nga handa pang magpunta sa simbahan ang guro para ipakita kung paano ito gagawin.

Sa ilang pagkakataon, maaaring gumawa ng mga eksepsyon para maturuan nang hiwalay ang bata, o maaaring gumawa ng iba pang pag-aakma. Ang bahagi ng Primary sa Serving in the Church sa LDS.org ay naglalaan ng iba pang patnubay tungkol dito.[5]



***Ang mapasama sa klase ng Primary ay nakakatulong kapwa sa batang may kapansanan sa pag-unawa at sa kanyang mga kaedad. Dito ay binabasa ni Audrey S. ang mga banal na kasulatan kay Isaac.***

### Sumuporta sa Klase

Maaaring mahirap tugunan ang mga pangangailangan ng bawat bata sa *anumang* klase sa Primary. Kapag may isang batang may mga kapansanan sa grupong iyon, maaaring kailanganing tumawag ng isang co-teacher o alalay. Naghahalinhinan ang mga co-teacher sa pagtuturo ng aralin at pag-alalay sa bata, o maaaring tumawag ng isa pang alalay na tututok sa batang may kapansanan. Dapat ay pag-usapan ng mga lider at guro sa Primary ang iskedyul ng mga aralin, gumawa sila ng sistema ng komunikasyon, at pag-usapan nila kung paano tutugunan ang iba't ibang sitwasyong maaaring mangyari. Tulad ng dati, mahalaga ang panalangin, komunikasyon, at pagpaplano sa pagkakaroon ng matagumpay na pagtutulungan at masayang karanasan sa pagtuturo.

Sa pagtawag ng isang co-teacher o alalay, isaisip na tinutulungan ng mga magulang ang kanilang anak at hinaharap ang mga hamong kaakibat ng pagpapalaki ng isang batang may kapansanan nang 24 na oras sa isang araw. Maaari silang mangailangan ng pagkakataong dumalo sa kanilang mga klase sa Linggo o tumulong sa ibang mga tungkulin; ang maikling pahingang ito ay maaaring magpanibago ng kanilang lakas at makapaghanda silang harapin ang mga hamon sa darating na linggo.

### Iakma ang mga Lesson Plan

Itinuturo sa hanbuk ng Simbahan na "dapat isama nang lubusan ng mga lider at guro ang mga miyembrong may mga kapansanan sa mga pulong, klase, at aktibidad hangga't maaari. Dapat iakma ang mga aralin, mensahe, at pamamaraan sa pagtuturo sa mga pangangailangan

KALIWA: LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY; KANAN: LARAWANG KUHA NI ERIN JENSEN

*Si Brooklyn C. (ikatlong bata mula sa kaliwa), edad apat, na autistic, ay gustung-gusto ang oras ng pagkanta sa Primary; ayon sa kanyang mga magulang, laging maganda ang pagtugon niya sa musika, at ang finger play ay nakadaragdag sa interes niya at ng ibang mga bata.*




ng bawat tao."[6] Ang pagtuturo ng mga aralin sa paraang tutugon sa mga pangangailangan ng bawat miyembro ng klase ay nangangailangan ng panalangin, pagkamalikhain, at sigasig.

Magsimula sa pagtuklas kung paano natututo nang husto ang bata. Ang Leader and Teacher Resources link sa lds.org/disability ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa pag-aakma ng mga aralin. Nakalista ang mga karagdagang mungkahi sa ilalim ng bawat heading ng kapansanan. Ang bahagi ng Primary sa Serving in the Church sa LDS.org ay isa pang magandang sanggunian. Ang mga pag-aakmang ginawa para sa isang batang may mga kapansanan ay makakatulong din sa iba pang mga bata. Epektibo sa akin ang mga pamamaraang ito:

- **Visual:** Maraming batang madaling matuto sa pagtingin, ibig sabihin nakakatulong ang mga larawan o bagay para maunawaan nila ang mga ideya. Maaaring tabihan ng co-teacher o alalay sa upuan ang batang may mga kapansanan at pakitaan ito ng mga drowing o larawan sa buong aralin para maipaliwanag ang itinuturo. Kung gustong magdrowing ng bata, maaaring gusto niyang magkaroon ng papel na maibabahagi sa kanyang alalay. Magkasama nilang maidodrowing ang mga bagay-bagay na binanggit sa aralin.
- **Pandinig:** Ang mga batang natututo sa pakikinig ay natutuwang makinig sa mga kuwento. Gustung-gusto rin nilang gamitin ng guro ang kanyang boses sa pagkukuwento—bumubulong, namamangha, o pinabibilis nang bahagya ang boses sa mga bahaging kapanapanabik. Maaaring kailanganin ng mga guro na simplihan at iklian ang mga kuwento sa aralin para maunawaan ito ng mga batang may kapansanan at manatili silang interesado. Isiping isalaysay ang kuwento, pagkatapos ay iangkop ang mga alituntunin mula sa kuwento sa isang sitwasyon o pangyayari sa tunay na buhay na pamilyar sa bata.
- **Pandama:** Ang mga batang natututo sa pamamagitan ng pagdama ay natutuwang humawak at humipo sa mga bagay-bagay. Kung sa labas nangyari ang isang kuwento sa aralin, maaaring magdala ng maipapakitang makinis na bato, sanga, o stuffed toy ang guro habang nagkukuwento at pagkatapos ay ipasa-pasa ito para makapaghalinhinan ang lahat sa paghawak at pagsusuri dito. Ang mga gawang-kamay at pahinang kukulayan ay iba pang makakatulong na mga bagay na mahahawakan.

## Lumahok sa Oras ng Pagbabahagi at Iba Pang mga Aktibidad

Ang paglahok ay mahalaga sa mga batang may mga kapansanan. Maging malikhain sa paghahanap ng mga paraan para maisali sila sa halinhinang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, at pagsasalita sa oras ng pagbabahagi. Kung nahihirapang magsalita ang isang bata, halimbawa, maaari siyang gumamit ng mga larawan para makipag-ugnayan. O maaaring gustong tumayo ng ilang bata sa pulpito pero napakamahiyain o ayaw magsalita.

Sa ganitong sitwasyon, hayaang tumayo ang bata sa pulpito at matuwa sa pagtayo roon habang ang magulang ang nagsasalita para sa kanya. Maaari siyang tumulong sa paghawak ng mga larawan para sa kanyang sasabihin o sa pagiging halimbawa sa paghalukipkip sa oras ng panalangin.

Narito ang ilang iba pang aktibidad at mga uri ng pag-aakma na maaari ninyong gawin:

- **Pagtatanghal ng Primary sa sacrament meeting.** Maaaring kailangan pa ng isang batang may kapansanan ang dagdag na suporta at pag-aakma dahil ang pagtatanghal sa sacrament meeting ay hindi bahagi ng normal niyang gawain. Ang pagsasali sa kanya sa ilang praktis ay tutulong sa kanya na makaakma sa mga pagbabago. Magandang ideya ang paupuin ang bata sa tabi ng kanyang alalay para maturuan siya bago siya kumanta o magsalita. Kung madali siyang maguluhan sa ingay o sa mga nakikita niya habang nakaharap sa kongregasyon, magreserba ng upuan malapit sa harapan para sa kanya at sa kanyang alalay. Sa ganitong paraan maaari siyang magkulay, tumingin sa mga aklat na may mga larawan, o umalis kung kailangan nang hindi naiistorbo ang ibang mga bata. Madali rin siyang makakaakyat sa harapan para sabihin ang kanyang parte o kumanta, pagkatapos ay bumalik sa upuan para kumalma. Maaaring ayos lang sa isa pang bata ang maupo sa harapan ngunit kailangang may hawak siyang malalaro, tulad ng dalawa o tatlong paper clip o isang makinis na bato na mahahawakan sa kanyang kandungan. Makakatulong ito sa mga batang nahihirapang makatuon kapag maraming tao.
- **Oras ng pagbabahagi.** Kung pinalahok ang klase ng isang bata sa oras ng pagbabahagi, tiyaking kasali ang batang may kapansanan sa paraang komportable sa kanya. Kung magsadula ng katatawanan ang klase, maaari siyang bigyan ng maikling parte o kahit parteng walang salita, ngunit mabihisan lang siya na katulad ng ibang mga bata ay madarama na niyang siya ay kabilang. Mahalaga sa kanya ang makabahagi sa mga karanasan ng kanyang mga kaedad para magkaroon ng mga kaibigan.
- **Mga ekstrang programa.** Kung kalahok ang Primary sa isang aktibidad tulad ng ward o branch talent show o Christmas program at ayaw ng batang may mga kapansanan ng malalakas na ingay o maraming tao, unahin ang kanyang klase sa programa. Pagkatapos ay mga magulang na niya ang magpapasiyang iuwi siya bago siya maguluhan.

## Anihin ang mga Pagpapala

Salamat sa aking anak na autistic, nagkaroon ako ng bagong pananaw sa kahulugan ng pagiging anak ng Diyos. Natututuhan ko na talagang kilala at mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Alam Niya ang ating mga pangangailangan at hinihikayat ang mga magulang at pinuno sa pamamagitan ng Espiritu Santo na pangalagaan at pagpalain ang buhay ng ating pamilya at ang mga batang pinaglilingkuran natin. Nagkaroon din ako ng matinding pasasalamat at pagmamahal sa mga guro ng aming anak sa Primary at mga pinuno ng Simbahan na nag-ukol ng oras para kaibiganin siya. Napakaganda nilang halimbawa ng pagmamahal ng Tagapagligtas.

Ang pagtuturo sa isang batang may mga kapansanan sa pag-unawa ay nangangailangan ng dagdag na oras at pagsisikap at kung minsan ay may kasama pang mga sandali ng pagkayamot. Ngunit sa pamamagitan ng panalangin, inspirasyon, at pag-asa sa Panginoon, magtatagumpay tayo kapag ginampanan natin ang mga tungkuling ipinagkatiwala sa atin na tulungan ang espesyal na mga batang ito. ■

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa* Handbook 2: Administering the Church *(2010), 11.8.6; 21.1.26.*

**MGA TALA**

1. Tingnan, halimbawa, sa Mateo 8:1–17; 9:1–13, 18–38.
2. M. Russell Ballard, sa "Behold Your Little Ones," *Tambuli,* Okt. 1994, 40; "Great Shall Be the Peace of Thy Children," *Ensign,* Abr. 1994, 60.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 21.1.26.
4. Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (2000), 88.
5. Tingnan sa "Teaching All Children, Including Those with Disabilities," lds.org/pa/display/0,17884,5727-1,00.html.
6. *Handbook 2,* 21.1.26.



MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY

### MGA PATNUBAY MULA SA MGA HANBUK NG SIMBAHAN

Ang mga hanbuk ng Simbahan ay naglalaman ng magandang impormasyon para sa mga guro at pinuno sa paglilingkod nila sa mga may kapansanan. Ang bahaging "Members with Disabilities" (21.1.26) ng *Handbook 2: Administering the Church* ay gumagabay at sumasagot sa maraming karaniwang tanong. Ang mga kabanata para sa mga auxiliary ay naglalaman ng karagdagang tagubilin. Ang *Handbook 1* ay naglalaman ng tagubilin sa mga lider ng priesthood, kabilang na ang patnubay sa pagbibinyag. Tingnan sa ilalim ng "disabilities" sa index para sa kumpletong listahan.

# GALING PO BA SA INYO ANG AKLAT NA ITO?

Kasasapit ko pa lang noon sa edad na 21 at serbidora ako sa restawran ng isang lokal na ski resort. Isang hapon matapos kong linisin ang komedor, inabutan ako ng isa pang serbidor ng isang aklat at sinabing gusto niyang ibigay iyon sa akin. Pinasalamatan ko siya at tinanggap ito.

Tiningnan ko ang pabalat: ang Aklat ni Mormon. Naging interesado ako, kaya ipinasiya kong magpunta sa kusina para suriin ito. Sa loob ng pabalat nakita ko ang maikling sulat ng serbidor sa akin. Dito sinabi niya na ang Aklat ni Mormon ay totoong aklat ng ebanghelyo ni Jesucristo at alam niyang aantigin nito ang puso ko. Ipinasiya kong basahin ito sa oras na iyon mismo.

Habang nagbabasa ako, nilukuban ako ng kakaiba at payapang pakiramdam. Hindi ko pa nadama ang gayong pakiramdam habang nagbabasa ng anumang aklat maliban sa Biblia. Ang una kong layon na magbasa ng ilang pahina ay agad nauwi sa ilang kabanata. Hindi ko mabitawan ang aklat. At nakarating ako sa 1 Nephi 15:11: "Hindi ba ninyo natatandaan ang mga bagay na sinabi ng Panginoon?—Kung hindi ninyo patitigasin ang inyong mga puso, at magtatanong sa akin nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, nang may pagsusumigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan, tiyak na ipaaalam sa inyo ang mga bagay na ito."

Kinailangan kong malaman kung totoo ang aklat na ito. Hindi ko alam kung paano tawagin ang Diyos sa panalangin, kaya tumingala na lang ako sa kisame ng kusina at nagtanong, "Galing po ba sa Inyo ang aklat na ito?" Agad kong nadama ang matatag na sagot na: "Oo." Naaalala ko na naisip ko, "Wow. Palagay ko tatapusin ko ang aklat!"

Tatlong buwan pagkaraan, nang



*Isang katrabaho ang nag-abot sa akin ng isang aklat at sinabing gusto niyang ibigay iyon sa akin. Naging interesado ako.*

matapos ko ang Aklat ni Mormon, binisita ko ang tatay ko sa California. Di-kalayuan sa bahay niya naraanan ko ang isang gusaling may mosaic sa harapan na pamilyar sa akin. Agad akong lumiko sa paradahan at nakita ko ang isang lalaki sa labas.

"Ano po ang ginagawa ng pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay sa gusali ninyo?" tanong ko. Ipinaalam niya sa akin ang tungkol sa kanyang simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kinuha ko ang aking Aklat ni Mormon sa kotse at tinanong siya tungkol sa mga talatang binilugan ko habang nagbabasa ako. Pinaghinay-hinay niya ako at ipinaliwanag na ang Simbahan ay may mga misyonerong naglaan ng dalawang taon ng kanilang buhay para sagutin ang mga tanong na tulad ng sa akin.

Ibinigay ko sa kanya ang address ng tatay ko, at kalaunan ay binisita ako ng dalawang elder. Humanga ako na sabik silang sagutin ang lahat ng tanong ko. Mas humanga pa ako na ang bagong mga konseptong itinuro nila sa akin ay parang mga pamilyar na bagay na muli kong naaalala. Pagkaraan ng limang linggo nabinyagan ako sa Simbahan.

Tatlumpu't dalawang taon na ang nakalipas mula noon, at binabasa ko pa rin araw-araw ang Aklat ni Mormon. Patuloy itong pinagmumulan ng liwanag at direksyon para sa amin ng pamilya ko. Lubos akong nagpapasalamat sa mga propeta noong araw na inukit ang mga salita ng Diyos sa mga laminang ginto, kay Joseph Smith na nagtiis ng pang-uusig at mga pagsubok upang maisalin at mailathala ang mga katotohanan nito, at sa serbidor na lakas-loob na ibinigay sa akin ang Aklat ni Mormon noong araw na iyon. ■

Cynthia Ann Lee, Nevada, USA

# ANG EBANGHELYO AY NAGBIGAY SA AKIN NG KAPAYAPAAN


Sumapi sa Simbahan ang pamilya ko noong anim na taong gulang ako, at nabuklod kami sa templo noong walong taong gulang ako. Masigasig na itinuro sa akin ng aking mga magulang ang mga doktrina ng aming bagong relihiyon, kaya lumaki ako na alam na magdudulot ng malaking kapayapaan ang panalangin, personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at iba pang mga aspeto ng ebanghelyo.

Gayunman, sa misyon ko lang tunay na napahalagahan ang plano ng kaligtasan. Habang naglilingkod ako sa Australia, pumanaw ang aking ama. Nang sabihin sa akin ng aking mission president ang nangyari, binigyan niya ako ng basbas ng priesthood na lubos na nakatuon sa plano ng kaligtasan. Ang basbas na iyon, pati na ang personal kong pag-aaral nang mga sumunod na araw, linggo, at buwan, ay nakatulong sa akin na matutuhan at mapahalagahan ang dakilang doktrinang ito nang higit kaysa rati. Nakita ko ang aking sitwasyon sa pamamagitan ng liwanag ng plano ng kaligtasan, at naunawaan ko kung gaano ito kaganda. Mula noon lubos nang naging makahulugan sa akin ang plano ng kaligtasan.

Sa patuloy kong pag-aaral ng mga banal na kasulatan mula nang magmisyon ako, natuklasan ko na halos lahat ng salita ng Diyos ay nagpapatotoo sa Kanyang "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8). Alam ko na mayroong kabilang buhay at na muli nating makakapiling doon ang ating mga mahal sa buhay. Malaking kapanatagan ang hatid sa akin ng kaalaman na nabuklod kami nina Inay at Itay at ng mga kapatid ko.

Ang buhay na ito ay puno ng masasakit na karanasan, ngunit hindi kailangang maging mahirap ang buhay. Lubos na pinagagaan ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga bagay-bagay. Dahil diyan, alam ko na makadarama ako ng kapayapaan at kapanatagan sa lahat ng oras, anuman ang nangyayari sa buhay ko. ■

Sina Rogers, New Zealand



***Nang sabihin sa akin ng aking mission president ang nangyari, binigyan niya ako ng basbas ng priesthood na lubos na nakatuon sa plano ng kaligtasan.***

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# MANINIGAS ANG PANANIM NINYO!


Noong naghahanda ang aming pamilya na mabuklod sa Logan Utah Temple, muli kaming nangako na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Higit sa lahat, nangako kami sa Panginoon na lagi kaming magbabayad ng ikapu. Di-nagtagal matapos kaming ibuklod, lumipat kami sa Wyoming, USA, para subukang magsaka.

Patapos na ang Abril nang simulan naming ihanda ang aming 300 akre (121 ektarya) ng lupa. Sinunog namin ang sagebrush, pinatag ang lupa, at nagbungkal kami ng mga kanal. Nang sa wakas ay magtanim kami, patapos na ang panahon ng pagtatanim. Nagpasiya akong magtanim ng barley, na tumutubo sa maikling panahon.

Natamnan ko na ang ilang akre nang lumapit ang isang rantserong tagaroon at nagsabing, "Nagsasayang ka lang ng oras, lakas, at pera sa ginagawa mo. Huling-huli ka na. Maninigas ang pananim ninyo pagsapit ng Agosto 21!"

Dumakot siya ng lupa at sinabi pa, "Natuyo ang lupa dahil sa pagkalaykay, pagsunog, at pagpapantay ninyo. Hindi tutubo ang mga binhi mo nang walang halumigmig."

Alam ko na tuyung-tuyo ang lupa, ngunit marami na kaming ginastos sa pananim, kaya nagpasiya akong ituloy ang pagtatanim. Sumampalataya ako na dahil ginawa namin ang lahat para ihanda ang lupa at nagbabayad kami ng buong ikapu, tutulungan kami ng Ama sa Langit. Matapos maitanim ang lahat,



***Natamnan ko na ang ilang akre nang lumapit ang isang rantserong tagaroon at nagsabing, "Huling-huli ka na."***

lumuhod kami ng aking pamilya sa panalangin, at humingi kami ng tulong sa Kanya.

Kinabukasan nagsimulang umulan, isang tamang-tamang ulan na sapat para hindi maanod ang aming mga binhi o gumuho ang malambot na lupa sa kaburulan. Hindi nawalan ng saysay ang aming taimtim na panalangin at mahaba at mahirap na mga araw ng pagtatrabaho.

Sa buong tagsibol at tag-init, nagtrabaho kami nang 12 hanggang 14 na oras bawat araw, anim na araw sa isang linggo, sa pagpapatubig, pagbabakod, at paghahanda para sa anihan. Tinupad din namin ang aming mga pangako sa Panginoon sa pagbabayad ng ikapu at masigasig na paglilingkod sa aming mga tungkulin sa ward. Ang butil ay lumaking malusog at mayabong; ang mga barley ay tila mabilis na lumago. Gayunman, nang matatapos na ang tag-init, nag-alala kami na baka masyadong lumamig at mamatay ang aming mga pananim. Nanalangin kami na pangalagaan ng Diyos ang aming mga pananim, at nanalig na tutuparin Niya ang Kanyang pangako sa mga nagbabayad ng ikapu. "Aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa" (Malakias 3:11).

Sumapit ang pinangangambahang araw, Agosto 21, at gayon din ang yelo. Ngunit nang puntahan ko ang bukid kinabukasan, nakita ko na ligtas ang aming mga pananim. Pagkaraan ng ilang linggo napuno ng inani naming barley ang maraming trak, na naibenta namin sa mataas na halaga.

Nang sumunod na tag-init ang ekta-ektaryang tanim naming alfalfa at barley ay matingkad na berde sa gitna ng maalikabok na kalupaan ng sagebrush. Isang araw nang patapos na ang Agosto, nagpapatubig ako nang makita kong paparating ang maitim at makapal na ulap. "Naku," naisip ko, "uulan ng yelo!" Lumuhod ako sa bukid at nagdasal, batid na maaaring masira ang aming mga pananim. Mabilis na dumating ang unos. Kita ko ang pag-ulan ng yelo sa hilaga at timog ng aking bukirin. Pinuntahan ko ang hangganan ng bakod namin sa hilaga. Umabot sa loob ng hangganan ng bakod namin ang pag-ulan ng yelo pero hanggang doon lang. Agad kong pinuntahan ang hangganan ng bakod namin sa timog. Doon ay sa labas lang ng hangganan ng bakod namin umulan ng yelo. Hindi naapektuhan ang aming mga pananim!

Namangha ang aming mga kapitbahay dahil napakapalad namin, at nagunita ko ang mga salita ni Malakias na "tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad" (Malakias 3:12). Talagang pinagpala kami. Nagpapasalamat ako na kapag ginagawa natin ang lahat para masunod ang mga utos ng Diyos, tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako. ■

Ben E. Fowler, Utah, USA

# MALUGOD KITANG TINATANGGAP SA AKING BAHAY

Noong Nobyembre 1997 tinawag akong maglingkod sa Chile Concepción Mission at hindi maglalaon ay matutupad ang hangarin kong pumasok sa templo at tumanggap ng higit pang kaliwanagan at kaalaman. Ngunit niligalig ako ng mga pag-aalinlangan. Dahil mahina ako at may mga pagkukulang, karapat-dapat ba talaga akong pumasok? Talaga bang tatanggapin ako ng Panginoon nang buong puso matapos ko Siyang suwayin nang ilang beses?

Sinabi ko sa aking stake president ang mga pag-aalinlangan ko, at ipinaunawa niya sa akin na kung nasa ayos ang buhay ko at talagang sinisikap kong gawin ang lahat ng naituro sa akin, karapat-dapat akong pumasok sa bahay ng Panginoon. Gumanda ang pakiramdam ko, at lumisan ako para sa missionary training center sa Santiago, Chile. Gayunman, ilang oras bago magpunta sa templo, nagbalik ang mga pag-aalinlangan ko.

Ang kagandahan at kapayapaan sa loob ng templo ay napakasagrado kaya habang nagtatagal ako roon, lalo akong nag-isip kung karapat-dapat nga ba akong maparoon. Pagkatapos sa silid-selestiyal, tila masaya at masigla ang lahat maliban sa akin. Gayunman, nang hawakan ko ang seradura ng pintuan para lumabas, nilukob ako ng kakaibang damdamin, at nadama ko na dapat akong manatili. Nadama ko rin na parang may tao sa likuran ko, at inakbayan ako sa kaliwang balikat para ipihit. Dahan-dahan akong pumihit.


Sa dingding nakita ko ang malaking larawan ni Jesucristo sa Kanyang Ikalawang Pagparito na nakalahad ang Kanyang mga kamay. Hindi ako makakilos. Pagkatapos ay malinaw kong narinig ang mga salitang ito sa aking isipan: "Malugod kitang tinatanggap sa aking bahay."

Dumaloy ang init sa aking buong katawan, at pumatak ang luha mula sa mga mata ko. Ang tanging naisip ko ay "Salamat po."

Ilang minutong wala akong tigil sa pag-iyak. Napuspos ng pasasalamat ang puso ko sa aking Tagapagligtas. Dama ko pa rin na mahina ako at may mga pagkukulang, ngunit alam ko na mahal Niya ako at palalakasin.

Maraming taon na ang nakalipas mula noon, ngunit tuwing pupunta ako sa templo, nagbabalik ang galak ng araw na iyon, pati na ang nakapapanatag na mga salitang ito: "Malugod kitang tinatanggap sa aking bahay." ■

Carina Daniela Paz, Salta, Argentina



**Ni Julie B. Beck**
Relief Society General President

# ITO AY *Inyong* Gawain

*Kayo ang natatanging inihandang henerasyon na may talento sa teknolohiya para gumawa ng family history at maglingkod sa templo.*

Naranasan ng propetang si Abraham ang pagbabago ng mga panahon ng buhay, katulad ng nararanasan ng mga young adult ngayon. Mababasa natin tungkol sa kanya sa Mahalagang Perlas: "Sa lupain ng mga taga-Caldeo, sa tirahan ng aking mga ama, ako, si Abraham, ay napagtantong kinakailangan para sa akin na makakuha ng ibang lugar na matitirahan" (Abraham 1:1). Dumating na ang panahon para lisanin ni Abraham ang kanyang mga magulang at magsarili bilang isang binata. Batid niya na may "higit na kaligayahan at kapayapaan at katiwasayan" (talata 2) para sa kanya kaysa nararanasan niya noon.

Hinangad at tinanggap ni Abraham ang mga pagpapala ng higit na kaligayahan, kapayapaan, at katiwasayan, at maaari itong matanggap ng lahat ng miyembro ng Simbahan, pati na ng mga young adult. Paano kayo maghahandang matanggap ang mga ito? Magtuon tayo sa isa sa ilang aktibidad na magagawa ninyo ngayon: ang paglahok sa gawain sa templo at family history.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nalaman na ninyo ang kahalagahan ng templo at ng mga ordenansa sa templo. Sa nakalipas na mga siglo, maraming taong nangamatay na walang alam tungkol sa ebanghelyo. Ang mga taong ito ay malalapit at malalayo ninyong kamag-anak. Hinihintay nilang gawin ninyo ang kinakailangang pagsasaliksik upang mapag-ugnay-ugnay ang inyong mga pamilya at maisagawa ang nakapagliligtas na mga ordenansa para sa kanila.

Ang kaunting kaalaman sa teknolohiya ay nakakatulong sa gawain sa templo at family history. Kayo ang natatanging inihandang henerasyon na may talento sa teknolohiya para gumawa nito. Malalim ang patotoo at pagpapahalaga ng aking Lola Bangerter sa gawain sa family history. Maraming taon na ang nakalilipas, nang magtipon siya ng 25,000 pangalan ng kanyang pamilya, kinailangan niyang isulat-kamay ang bawat pangalan sa mga form. Labis niyang pasasalamatan ang isang computer program na tutulong sa kanya na maging mas tumpak at mahusay. Ngayon ay daan-daan ang mga kabataan niyang inapo na may talento na matutulungan siya mula sa panig na ito ng lambong.

Nangako ang Panginoon na itanim sa inyong puso ang mga pangakong ibinigay sa mga ama at na ibabaling ang inyong puso sa mga ama upang ang mundo ay hindi lubusang mawasak sa Kanyang pagparito (tingnan sa D at T 2:2–3). Ang inyong kasanayan sa teknolohiya ay bahagi ng katuparan ng propesiyang ito, at sana ay madama ninyo ang kahalagahan ng gawaing ito. Kayo ay isinilang sa panahong ito upang gumawa ng gawain sa templo at family history. Kailangan ng inyong

KALIWA: LARAWAN © BUSATH.COM; KANAN: PAGLALARAWAN NI DEREK ISRAELSEN




***Kayo ay isinilang sa panahong ito upang gumawa ng gawain sa templo at family history. Sana ay madama ninyo ang kahalagahan ng gawaing ito.***

pamilya ang tulong ninyo. Kailangan ng inyong ward o branch ang tulong ninyo sa mahalagang responsibilidad na ito.

Tatanggap kayo ng mga personal na pagpapala sa paglahok ninyo sa gawain sa templo at family history. Isa sa mga ito ang pagkakataong maging karapat-dapat sa temple recommend, na nagpapakita ng inyong pagkamarapat sa harapan ng Panginoon. Ang temple recommend ay simbolo ng pagsunod.

Nilinaw ng tagubilin ng Unang Panguluhan kamakailan ang patakaran sa pagtatamo ng mga temple recommend at pagtanggap ng mga endowment. Inulit doon na ang pagtanggap ng temple endowment ng isang tao ay isang mabigat na bagay na dapat lamang ibigay sa mga yaong sapat na handa at nasa hustong gulang upang tumupad ng mga tipan na kanilang ginagawa. Pinagtibay rin ng Unang Panguluhan na ang mga miyembrong walang asawa na edad 19 hanggang 25 na wala pang mission call o hindi pa ikakasal sa templo ay hindi dapat irekomendang pumasok sa templo para sa sarili nilang endowment.[1] Gayunman, bawat karapat-dapat na miyembro na 12 taon pataas ay maaaring tumanggap ng limited-use recommend upang magpabinyag para sa mga patay.

Kayo na hindi pa karapat-dapat ngayon sa pribilehiyong magkaroon ng recommend ay maaaring makipagtulungan sa inyong bishop o branch president upang maging karapat-dapat kayo para sa recommend sa lalong madaling panahon. Huwag sana ninyong hayaan na wala kayo nitong mahalagang dokumentong ito.

Pinatototohanan ko na ang Pagbabayad-sala ay tunay at ang mga kasalanan ay mapapatawad matapos magsisi nang wasto.

Makakatulong kayong panatilihing abala ang mga templo. Ang gawain sa templo at family history ay *inyong* gawain. Malaki ang inaasahan sa inyo! Marami kayong magagawa dahil sa inyong lakas at mga kasanayan.

Kapag nakibahagi kayo sa gawain sa templo at family history, tiyak na mapapasainyo ang Espiritu upang panatagin kayo sa inyong mga hamon at gabayan kayo sa mahahalagang desisyong ginagawa ninyo. Kapag nakibahagi kayo sa gawaing ito bilang mga indibiduwal, sa mga grupo ninyo sa ward at institute, at sa inyong Relief Society at priesthood quorum, magkakaroon kayo ng mabubuting kaibigan at makahulugang mga karanasan sa lipunan. At dahil lumalawak ang inyong pakikisama at pakikipagkaibigan at gumagana ang Espiritu sa inyo, mas malamang na makakita kayo ng mapapangasawa at makabuo ng walang-hanggang pamilya.

Kapag nakibahagi kayo bilang mga indibiduwal, kasama ang inyong mga kaibigan, at sa inyong mga korum, Relief Society, at grupo sa institute, ang mga aktibidad na ito ay magpapaibayo sa inyong pananampalataya at kaligayahan habambuhay. Ito ay mga palatandaan ng pagkadisipulo na magpapatatag sa inyong pag-aasawa at pamilya sa hinarahap at mag-aanyaya sa Espiritu sa inyong buhay.

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Dahil ito ay totoo, malaki ang inaasahan sa inyo, na lumalaking henerasyon. Sana ay maging mga alagad kayo ng kabutihan—gaya ni Abraham—na hangarin ninyo ang mga pagpapala ng mga ama sa pakikibahagi sa gawaing ito, at sa gayon ay magkaroon kayo ng mas malaking kaalaman, kaligayahan, kapayapaan, at kapahingahan. ■

*Mula sa isang Church Educational System fireside para sa mga young adult na ibinigay noong Marso 2, 2008.*

**TALA**

1. Tingnan sa liham ng Unang Panguluhan, Set. 7, 2007.

## ANO ANG MAGAGAWA KO?

Narito ang ilang ideyang isasaalang-alang.

**DUMALO SA TEMPLO**

- Isiping anyayahan ang mga kapamilya, miyembro ng ward o branch, klase sa institute, o iba pang mga kaibigan na sumama sa inyo.
- Suportahan ang mga pagsisikap ng inyong ward o branch na makibahagi sa gawain sa templo.
- Kung maaari, magdala ng mga pangalan ng sarili ninyong mga ninuno.
- Isiping tumulong sa pag-aalaga ng mga bata para makadalo sa templo ang mga magulang.

**MANGOLEKTA NG MGA TALAAN**

- I-digitize ang mga larawan, slide, video tape, at iba pang mga talaan; ang paglilipat ng mga ito sa electronic format ay makakatulong sa inyo na mapangalagaan at maibahagi ang kasaysayan.
- Patunayan ang katumpakan ng mga talaan ng pamilya. Magandang magsimula sa new .familysearch.org. Ang mga online tutorial at ang inyong ward o branch family history specialist ay matutulungan kayong suriin ang site na ito. Kung pamilyar na kayo sa site na ito, isiping ituro sa iba kung paano ito gamitin.
- Samantalahin ang mga pagkakataong makapaglakbay. Kung bibisita kayo sa isang lugar na tinirhan ng inyong mga ninuno, makipag-ayos na makapanatili nang ilang panahon sa mga sementeryo, aklatan, o iba pang mga lugar doon na maaaring makatulong sa inyo na makilala ang inyong mga ninuno.

**LUMIKHA NG MGA TALAAN**

- Sumulat ng journal.
- Kung maaari, magdala ng kamera saanman kayo magtungo.
- Pag-aralan o turuan ang iba kung paano mag-index sa (indexing .familysearch.org), na gumagawa ng mga talaan mula sa lahat ng panig ng mundo na masasaliksik online.
- Kausapin ang mga kapamilya tungkol sa mahahalagang kaganapan sa kanilang buhay. Irekord ang mga interbyu.
- Magsimula ng isang family blog, na marahil ay humihiling sa mga kapamilya na lumikha ng mga entry tungkol sa pinagtutuunang paksa (tulad ng "Ang Paskong hinding-hindi ko malilimutan") o humihiling na ipaskil nila ang kanilang mga larawan at lahat ng magugunita nila.
- Pangalagaan ang mga relasyon ng pamilya sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa e-mail, telepono, at mga liham. Magplano ng mga reunion kapag maaari.
- Mag-organisa ng pagpunta sa isang sementeryo sa lugar.

Kasama ang inyong mga kabarkada, kunan ng larawan ang mga lapida, kung pinahihintulutan, at ipakita ito sa iba online. Magiging malaking serbisyo ito, lalo na para sa maliliit na sementeryo.



# ANG HAMON SA AKING FAMILY HISTORY

Ni Cristina Alvear

Si Bishop Page, ang bishop ng aming young adult ward, ay nagsimula sa pagpapaliwanag na ang gawain sa family history at templo ay hindi lamang para sa mga magulang o lolo't lola—ito ay responsibilidad ng *ating* henerasyon at bahagi ng dahilan kung bakit *tayo* ipinadala sa mundo sa panahong ito. At narito ang hamon: FamilySearch indexing. Katunayan, iminungkahi niyang mag-index ang aming ward ng 100,000 pangalan.

Napakalaking gawain niyan. Bawat tao ay kakailanganing mag-index ng 1,000 pangalan. Subalit nang itanong ni Bishop Page kung sino ang mangangakong gawin ito, lahat kami ay nagtaas ng kamay.

Ang hamon ay naging mahalaga kaagad sa buhay ko. Nag-download ako ng FamilySearch indexing software, nagbasa ng mga tutorial, at nagsimula.

Noong una, tila mahirap ito. Hindi laging madaling mabasa ang sulat-kamay. Ngunit tuwing makakatapos ako ng isang grupo ng mga pangalan, nadaragdagan ang kumpiyansa ko.

Dahil nagmula talaga sa Chile ang pamilya ko, ipinasiya kong mag-index ng mga pangalan sa Espanyol. Marahil dahil diyan, lalong naging personal ang karanasan. Hindi ko nadama na basta lang ako nagta-type ng mga pangalan dahil alam ko na bawat isa ay isang taong maaaring tumanggap ng mga pagpapala ng templo.

Agad kong natuklasan na ang pag-iindex ay magandang gawing aktibidad tuwing Linggo. Dahil malayo ang tirahan ko sa pamilya ko, pakiramdam ko kung minsan ay walang gaanong gagawin pagkatapos magsimba. Pero tinutulungan ako ng pag-iindex na gamitin ang oras ko sa makabuluhang paraan, at maaari akong makinig sa musika o mga pananalita habang ginagawa ko ito.

Napalakas ako nang banggitin ng aming stake president ang sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Walang gawaing higit na nangangalaga sa Simbahang ito maliban sa gawain sa templo at pagsasaliksik ng kasaysayan ng pamilya na sumusuporta dito. Walang gawaing higit na nagpapadalisay sa espiritu. Walang ibang gawain na nagbibigay sa atin ng higit na kapangyarihan. . . . Ang ating mga paggawa sa templo ay nagsisilbing kalasag at pananggalang natin, kapwa ng bawat isa at ng grupo."[1]

Maaaring tila pinupukol lalo na ang mga young adult ng "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (1 Nephi 15:24), at narito ako at pinangangakuan ng proteksyon. Nakadama ako ng matinding hangaring tulungan ang mga kaward ko na maranasan din ang pagpapalang iyon, kaya nagbuo kami ng isang kaibigan ko ng indexing party. Maraming nagdala ng laptop. Ipinahiram ng mga taong pamilyar na sa pag-iindex ang kanilang computer at sinagot ang mga tanong ng mga nagsisimula pa lamang.

Sa sumunod na ilang buwan, nagdaos din ng mga aktibidad ang mga lider ng ward na nakatuon sa aming mithiin. Kapag may isang nahirapan, hinihikayat namin ang isa't isa. Namangha ako sa pagkakaisang nadama namin sa paglilingkod sa Panginoon at sa isa't isa, nang magkakasama.

Sa huli, hindi umabot ang ward namin sa mithiin naming 100,000 pangalan, kahit maraming nakakumpleto ng 1,000 pangalan. Gayunman, ang hamon ng aming bishop ay hindi tungkol sa dami; tungkol iyon sa pagtulong sa amin na magkaroon ng patotoo sa family history. At dahil kasama rito ang paglilingkod, sakripisyo, at pagliligtas sa iba, nadama namin ang nakadadalisay na epekto nito.

Nagpapasalamat ako sa pagkakataong makibahagi sa gawain ng Panginoon. Sa paggawa ng Kanyang gawain, higit ko rin Siyang nakilala. ■

**TALA**

1. Boyd K. Packer, "Ang Banal na Templo," *Liahona* at *Ensign,* Okt. 2010, 35.

### ANO ANG FAMILYSEARCH INDEXING?

Sa loob ng maraming taon nakatipon ng mga talaan sa genealogy ang Simbahan mula sa daan-daang bansa. Ang mga talaan ay na-scan sa mga computer. Ngayon ay maida-download na ng mga boluntaryo ang mga digital image ng mga talaang iyon at maililipat ang impormasyon sa isang searchable online index. Lahat kung gayon ay maa-access ang mga index sa familysearch.org.

Ang mga indexing project ay makukuha sa maraming wika. Maging pinakabagong miyembro ng lumalaking komunidad ng mga indexer sa pagpunta sa indexing.familysearch.org.

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Nagdiborsyo ang mga magulang ko. Kung minsan ay pinapayuhan ako ng isa sa kanila na kontra sa payo ng isa pa. Ano ang gagawin ko?"

Mahirap ang sitwasyong iyan. Mahirap na nga ang diborsyo sa isang pamilya. Ngayon ay may hamon kang igalang ngunit hindi bigyang-lugod ang iyong mga magulang.

Kung maaari, kausapin sila tungkol sa iyong mga problema. Baka ipasiya nilang magkaisa alang-alang sa iyo. Kung ayaw mong baguhin ang kanilang isip, masusunod mo ang payo ng magulang na matindi ang damdamin tungkol dito—huwag ka lang niyang palabagin sa mga utos.

Kung mabuti ang payo nila sa iyo pero magkaiba—gaya ng subukan mong sumali sa school choir o sa volleyball team—ipagdasal mo ang ipapasiya mo matapos mo silang pakinggan. Gagabayan ka ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kung tanungin ka ng isang magulang, ipaliwanag mo nang maayos na nagdasal ka at nagpasiya ayon sa nadarama mong tama.

Kung payuhan ka ng isang magulang na gumawa ng mali, kailangan mong mag-isip ng paraan para makapagpasiya ka nang tama. Halimbawa, kung hilingin ng tatay mo na huwag kang magsimba para masamahan mo siya sa bahay, subukan mong lutasin ang sitwasyon na makakapagsimba ka at masasamahan mo siya pagkatapos. Tandaan na ang pagpili ng tama ay isang paraan ng pagbibigay-galang sa iyong mga magulang.

### Magtanong sa Bishop Mo



Maaari kang humingi ng payo sa iyong bishop o branch president. Malaki ang maitutulong niya sa iyo, yamang pinagkalooban siya ng Ama sa Langit ng kapangyarihang tulungan tayo. Alam ko na napakahirap pumili sa mga pagpapasiyang ito, ngunit kailangan mong suriing mabuti ang bawat payo ng iyong mga magulang at piliin ang pinakamainam para makapagpatuloy ka at umunlad.

*Joseph S., edad 17, La Libertad, Peru*

### Matuto ng mga Bagong Kakayahan

Mukhang mahirap, pero posibleng kayanin ang diborsyo—at magkaroon ng mabuting buhay ang pamilya. Ang isang pangyayaring nagpapabago sa buhay na tulad ng diborsyo ay maaaring ilagay sa mahihirap na sitwasyon ang mga tao, ngunit matutulungan din sila nitong malaman ang kanilang mga kalakasan at matuturuan sila ng ilang bagong kakayahan. Kung kailangan mo ng tulong na malaman kung paano ito kayanin, magtanong sa paborito mong kamag-anak o sa iyong school counselor o bishop. At kung nahihirapan kang kausapin ang iyong mga magulang, subukan silang sulatan.

*James P., edad 17, Cebu, Philippines*


### Manalangin para sa Patnubay



Naranasan ko rin ang ganyang problema. Tuwing magkasalungat ang natanggap kong payo, lumuluhod ako at nagdarasal sa aking Ama sa Langit para malaman kung aling payo ang susundin ko, tulad ng ginawa ni Propetang Joseph Smith para malaman kung alin sa lahat ng sekta ang totoo. Sa tuwina ay malakas at malinaw ang mga sagot, at alam na alam ko ang tamang payong susundin ko.

*Anita O., edad 17, Western, Ghana*

### Sundin ang Halimbawa ni Nephi



Bilang misyonero naharap na ako sa ganitong mga sitwasyon, at lagi akong sumasangguni sa halimbawa ng pagsunod ni Nephi. Tuwing tatanggap siya ng payo mula sa kanyang mga magulang, sinusunod niya ito dahil mabuti ito at nagmula sa Diyos. Ngunit nang mabali niya ang kanyang busog, nagreklamo ang kanyang ama at ang iba pa. Hinikayat ni Nephi, sa pamamagitan ng halimbawa, ang kanyang ama na manalangin para sa patnubay. (Tingnan sa 1 Nephi 16:18–25.) Ito ang ating halimbawa.



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

Tanggapin ang payo ng iyong mga magulang, ngunit kung ang payo ng isa ay iba sa gustong ipagawa sa iyo ng Panginoon, lakasan ang loob na magalang na sabihin sa kanya kung bakit hindi mo susundin ang payong iyon. At ang pinakamagandang dahilan ay na gusto nating piliin ang tama.

*Elder Kapila, edad 21, Democratic Republic of the Congo Kinshasa Mission*

### Ikaw ang Magdedesisyon



Mahirap kapag magkalaban ang dalawang taong nilalapitan mo para hingan ng payo. Magkakaiba ang opinyon ng mga tao. Ngunit sa ganitong mga sitwasyon, kailangan mo lang silang kapwa pakinggan, buksan mo ang iyong isipan, at sa huli ay magdesisyon sa sarili mo kung ano ang pinakamainam na paraan at anong paraan ang sasang-ayunan ng Panginoon. Mahirap tanggihan ang isang magulang, ngunit kailangan mong tandaan na hindi ito paligsahan. Mamahalin mo pa rin sila, at malamang na maging masaya sila na tama ang naging desisyon mo, kahit hindi iyon ang mismong desisyong iminungkahi nila.

*Janiece H., edad 18, North Carolina, USA*

### Pagkaalam Kung Ano ang Tama



Madalas akong bigyan ng magkaibang payo ng mga magulang ko, ngunit lagi kong alam kung ano ang tama. Isinilang ako sa ebanghelyo. Alam ko ang katotohanan, kaya nalalaman ko kung aling payo ang dapat kong sundin. Sa ilang sitwasyon, kailangan nating manalangin sa Ama sa Langit at makinig lang sa marahang tinig ng Espiritu Santo o magpunta sa bishop at makinig sa kanyang sasabihin.

*Erica C., edad 18, Bahia, Brazil*

### Lumapit sa Iyong mga Lider

Lagi mong malalapitan ang iyong mga lider. Sa pamamagitan ng mga organisasyon ng Young Women at Young Men, nagpadala ng mga lider ang Panginoon para pasiglahin ang mga kabataan. Sila ay natawag upang tulungan kayo at turuan, kaya maganda silang pagkunan ng inspirasyon at mga sagot. Makakalapit ka rin sa iyong bishop para doon. Ang mga lider na ito ay itinalaga upang tumulong lalo na sa mga kabataan.


*Rebecca S., edad 15, Washington, USA*

### Nakakatulong ang Panalangin



Manalangin na malaman mo ang lahat ng bagay na inihingi mo ng payo sa iyong mga magulang. Kung minsan magkaiba ang mga pananaw ng mga magulang tungkol sa mga sitwasyon. Matutulungan ka ng Ama sa Langit na gumawa ng tamang desisyon. Mahalaga ang payo ng magulang, ngunit kapag magkalaban ang iyong mga magulang, lumapit sa iyong Ama sa Langit para sa payo at patnubay. Ang pagdarasal ay laging makakatulong sa iyo sa pagharap sa gantiong mga sitwasyon.

*Leah H., edad 17, California, USA*



**PAGPAPAHILOM AT PAG-ASA**

"Lahat ng dumanas ng diborsyo ay alam ang pait na dulot nito at kailangan ang nagpapahilom na kapangyarihan at pag-asang nagmumula sa Pagbabayad-sala. Nariyan ang nagpapahilom na kapangyarihan at pag-asang iyon para sa kanila at sa kanila ring mga anak."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Diborsyo," *Liahona* at *Ensign*, Mayo 2007, 71.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Talagang nasaktan ako sa ginawa ng isa sa mga kaibigan ko. Alam ko na dapat akong magpatawad, pero paano ko malalagpasan ang sakit?"

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Marso 15, 2012, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona*, Questions & Answers 3/12
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# Magiliw na Awa ng Panginoon



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Sa katapatan at pagsunod, natatanggap natin ang mahahalagang kaloob na ito at, kadalasan, tinutulungan tayo ng Panginoon na makilala ang mga ito sa Kanyang takdang panahon.*

Paulit-ulit kong pinag-isipan ang talatang ito mula sa Aklat ni Mormon: "Datapwat masdan, ako, si Nephi, ay magpapatunay sa inyo na ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalahat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, upang gawin silang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas" (1 Nephi 1:20).

Pinatototohanan ko na ang magiliw na awa ng Panginoon ay tunay at hindi ito basta-basta nangyayari o nagkakataon lamang. Kadalasan, ang takdang panahon ng magiliw na awa ng Panginoon ay tumutulong sa atin na kapwa mahiwatigan at kilalanin ang mga ito.

**Ano ang Magiliw na Awa ng Panginoon?**

Ang magiliw na awa ng Panginoon ang siyang lubhang personal at indibiduwal na mga pagpapala, kalakasan, proteksyon, katiyakan, patnubay, mapagmahal na kabaitan, kasiyahan, suporta, at espirituwal na kaloob na natatanggap natin mula sa at dahil sa at sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo. Tunay na iniaangkop ng Panginoon ang "kanyang mga awa alinsunod sa mga kalagayan ng mga anak ng tao" (D at T 46:15).

Alalahanin kung paano sinabihan ng Tagapagligtas ang kanyang mga Apostol na hindi Niya sila iiwang mag-isa. Hindi lamang Niya isusugo ang "ibang Mangaaliw" (Juan 14:16), maging ang Espiritu Santo, kundi sinabi ng Tagapagligtas na pupuntahan Niya sila (tingnan sa Juan 14:18). Imumungkahi ko na ang isa sa mga paraan para puntahan tayo ng Tagapagligtas ay sa pamamagitan ng Kanyang sagana at magiliw na awa. Halimbawa, kapag naharap tayo sa mga hamon at pagsubok sa buhay, ang kaloob na pananampalataya at angkop na tiwala sa sarili na higit pa sa ating sariling kakayahan ay dalawang halimbawa ng magiliw na awa ng Panginoon. Ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan at kapayapaan ng budhi ay mga halimbawa ng magiliw na awa ng Panginoon. At ang kasigasigan at katatagan na nagbibigay sa atin ng kakayahang magpatuloy nang may kagalakan sa kabila ng mga pisikal na limitasyon at espirituwal na paghihirap ay mga halimbawa ng magiliw na awa ng Panginoon.

Sa isang stake conference kamakailan, kitang-kita ang magiliw na awa ng Panginoon sa nakaaantig na patotoo ng isang bata pang maybahay at ina ng apat na anak na ang asawa ay napatay sa Iraq noong Disyembre ng 2003. Naalala ng matatag na babaeng ito, matapos masabihan na namatay ang kanyang asawa, kung paano niya natanggap ang Christmas card at mensahe ng kanyang asawa. Sa gitna ng biglaang pangyayari na nagpabago sa kanyang buhay ay dumating sa butihing babaeng ito ang napapanahon at magiliw na paalala na talagang magkakasama-sama ang mga pamilya magpakailanman. May pahintulot akong magbanggit mula sa Christmas card na iyon:

"Sa pinakamabuting pamilya sa daigdig! Magkakasama kayong magsaya at tandaan

MGA PAGLALARAWAN NI KEITH LARSON



*Dumating sa miyembrong babaeng ito ang kailangang-kailangang espirituwal na pagtiyak at pagsaksi. Madalas ay sa takdang panahon ng Panginoon natin nakikita at pinakaiingatan ang Kanyang magiliw na awa.*

ninyo ang tunay na kahulugan ng Pasko! Ginawang posible ng Panginoon na magkasama-sama tayo magpakailanman. Kaya kahit magkakalayo tayo, magkakasama-sama pa rin tayo bilang pamilya.

"Pagpalain kayo ng Diyos at panatilihin kayong ligtas at ang Pasko nawang ito ay maging regalo ng pagmamahal natin sa Kanya!!!

"Buong pagmamahal, Daddy at ang iyong nagmamahal na asawa!"

Malinaw na ang pagkawalay na tinukoy ng lalaki sa kanyang Pamaskong bati ay patungkol sa pagkawalay niya dahil sa kanyang destino sa militar. Pero sa babaeng ito, tulad ng tinig mula sa alabok ng isang pumanaw na walang-hanggang asawa at ama, ay dumating ang lubhang kailangang espirituwal na katiyakan at patotoo. Tulad ng sabi ko kanina, ang magiliw na awa ng Panginoon ay hindi basta-basta nangyayari o nagkakataon lamang. Ang katapatan, pagsunod, at pagpapakumbaba ay nag-aanyaya ng magiliw na awa sa ating buhay, at kadalasan sa takdang panahon ng Panginoon natin nakikilala at pinakaiingatan ang mahahalagang biyayang ito.

Kailan lang ay nakausap ko ang isang lider ng priesthood na nahikayat na isaulo ang mga pangalan ng lahat ng kabataang edad 13 hanggang 21 sa kanyang stake. Gamit ang mga retrato ng mga kabataang lalaki at babae, gumawa siya ng mga flash card na nirebyu niya habang nasa biyahe at sa iba pang mga pagkakataon. Mabilis na naisaulo nitong lider ng priesthood ang lahat ng pangalan ng mga kabataan.

Isang gabi napanaginipan ng lider ng priesthood ang isang binatilyo na kilala lang niya sa retrato. Sa panaginip nakita niya ang binatilyo na nakasuot ng puting polo at may name tag ng misyonero. Katabi ang kanyang kompanyon, tinuturuan ng binatilyong ito ang isang pamilya. Hawak ng binatilyo ang Aklat ni Mormon, at mukhang nagpapatotoo siya tungkol sa katotohanan ng aklat. Noon nagising ang lider ng priesthood mula sa kanyang panaginip.

Sa sumunod na pagtitipon ng priesthood, nilapitan ng lider ang binatilyong nakita niya sa kanyang panaginip at tinanong kung



magiliw na awa ng Panginoon sa pamamagitan ng isang inspiradong lider ng priesthood. Uulitin ko, ang magiliw na awa ng Panginoon ay hindi basta-basta nangyayari o nagkakataon lamang. Sa katapatan at pagsunod, natatanggap natin ang mahahalagang kaloob na ito at, kadalasan, tinutulungan tayo ng Panginoon na makilala ang mga ito sa Kanyang takdang panahon.

Hindi natin dapat maliitin o balewalain ang kapangyarihan ng magiliw na awa ng Panginoon. Malaki ang nagagawa ng kasimplihan, kabutihan, at palagiang pagdating ng magiliw na awa ng Panginoon para palakasin at protektahan tayo sa mga panahon ng kaguluhan na katulad ngayon at sa darating na panahon. Kapag hindi kayang ilarawan sa salita ang kapanatagang kailangan natin o ipahayag ang kagalakang nadarama natin, kapag walang saysay na subukang ipaliwanag ang di-maipaliwanag na bagay, kapag ang katwiran ay hindi makapagbigay ng sapat na pag-unawa tungkol sa mga kawalang-katarungan at di-pagkakapantay-pantay ng buhay, kapag hindi sapat ang karanasan sa buhay at pagsusuri upang makuha ang hangad na resulta, at kapag mukhang nag-iisa na lang tayo, tunay ngang pinagpapala tayo ng magiliw na awa ng Panginoon at ginagawang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas (tingnan sa 1 Nephi 1:20).

***Ang magiliw na awa ng Panginoon ay hindi basta-basta nangyayari o nagkakataon lamang. Sa katapatan at pagsunod, natatanggap natin ang mahahalagang kaloob na ito.***

maaari niya itong makausap sandali. Matapos ang maikling pagpapakilala, tinawag ng lider ang binatilyo sa pangalan at sinabing: "Hindi ako isang taong mapanaginip. Wala pa akong napanaginipang miyembrong walang asawa sa stake na ito, maliban sa iyo. Ikukuwento ko sa iyo ang panaginip ko, at pagkatapos ay gusto kong tulungan mo akong unawain ang kahulugan nito."

Ikinuwento ng lider ng priesthood ang kanyang panaginip at tinanong ang binatilyo kung ano ang kahulugan nito. Sa matinding damdamin, sinabi lang ng binatilyo, "Ibig sabihin po nito ay alam ng Diyos kung sino ako." Lubhang makabuluhan ang pag-uusap ng binatilyong ito at ng kanyang lider ng priesthood, at nagkasundo silang magkita at mag-usap paminsan-minsan sa susunod na mga buwan.

Tumanggap ang binatilyong iyon ng

## Sino ang Pinili ng Panginoon na Tumanggap ng Kanyang Magiliw na Awa?

Ang salitang *pinili* sa 1 Nephi 1:20 ay mahalaga sa pag-unawa sa konsepto ng magiliw na awa ng Panginoon. Nakasaad sa diksyunaryo na ang salitang *pinili* ay isang taong hinirang, mas nagustuhan, o napili. Maaari din itong gamitin para tukuyin ang hinirang o pinili ng Diyos.[1]

Ang ilang tao na mali ang pagkarinig o pagkabasa sa mensaheng ito ay maaaring balewalain o iwaksi sa kanilang personal na buhay ang magiliw na awa ng Panginoon, sa paniwalang "Tiyak na hindi ako ang napili o

pipiliin kailanman." Maaaring mali ang ating akala na ang gayong mga biyaya at kaloob ay para lamang sa ibang mga taong mukhang mas mabuti o mataas ang katungkulan sa Simbahan. Pinatototohanan ko na ang magiliw na awa ng Panginoon ay para sa ating lahat at nasasabik ang Manunubos ng Israel na ipagkaloob sa atin iyon.

Ang mapili o mahirang ay isang kalagayang hindi lamang sa atin ipinagkakaloob. Bagkus, tayo ang magpapasiya sa huli kung pinili tayo. Pansinin lamang ang gamit ng salitang *napili* sa sumusunod na mga talata:

"Masdan, marami ang tinawag, subalit iilan ang *napili*. At bakit hindi sila *napili?*

"Sapagkat ang kanilang mga puso ay labis na nakatuon sa mga bagay ng daigdig, at naghahangad ng mga parangal ng tao" (D at T 121:34–35).

Naniniwala ako na ang pahiwatig ng mga talatang ito ay madaling unawain. Ang Diyos ay walang listahan ng mga paborito kung saan maaari nating asahang mairagdag ang ating pangalan balang araw. Hindi Niya nililimita "ang hinirang" sa iilang tao lang. Sa halip, ang *ating* puso at *ating* mga pangarap at *ating* pagsunod ang siyang magpapasiya kung mapapabilang tayo sa mga hinirang ng Diyos.

Tinuruan ng Panginoon si Enoc tungkol sa punto mismong ito ng doktrina. Pansinin lamang ang paggamit ng salitang *piliin* sa mga talatang ito:

"Masdan ang iyong mga kapatid; sila ay gawa ng sarili kong mga kamay, at ibinigay ko sa kanila ang aking kaalaman, sa araw na aking nilalang sila; at sa Halamanan ng Eden, ibinigay ko sa tao ang kanyang kalayaang mamili;

"At sa iyong mga kapatid aking sinabi, at nagbigay rin ng kautusan, na kanilang nararapat mahalin ang isa't isa, at na kanilang nararapat *piliin* ako, na kanilang Ama" (Moises 7:32–33; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Tulad ng nalaman natin sa mga banal na kasulatang ito, ang mga pangunahing layunin ng kaloob na kalayaang pumili ay ang mahalin ang isa't isa at piliin ang Diyos. Sa gayon ay nagiging hinirang tayo ng Diyos at inaanyayahan natin ang Kanyang magiliw na awa kapag ginagamit natin ang ating kalayaang piliin ang Diyos.

Ang isa sa pinakatanyag at madalas banggiting mga talata sa banal na kasulatan ay matatagpuan sa Moises 1:39. Malinaw at maikling inilarawan sa talatang ito ang gawain ng Amang Walang Hanggan: "Sapagkat masdan, ito ang *aking gawain* at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (idinagdag ang pagbibigay-diin).

Isang kasamang banal na kasulatan na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan ang naglalarawan nang gayundin kalinaw at kaikli sa ating pangunahing gawain bilang mga anak ng Amang Walang Hanggan. Ang nakakapagtaka, ang talatang ito ay parang hindi gayon katanyag at hindi gaanong nababanggit. "Masdan, ito ang *iyong gawain,* ang sumunod sa aking mga kautuan, oo, nang buo mong kakayahan, pag-iisip at lakas" (D at T 11:20; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung gayon, ang gawain ng Ama ay ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak. Ang ating gawain ay ang sundin ang kanyang mga utos nang buo nating kakayahan, pag-iisip, at lakas—at sa gayon tayo ay nagiging hinirang at, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tinatanggap at nakikilala natin ang magiliw na awa ng Panginoon sa ating pang-araw-araw na buhay.

Pinagpapala tayong tumanggap ng inspiradong payo mula sa mga pinuno ng Simbahan ng Tagapagligtas—payong akma sa ating panahon at mga sitwasyon at hamon sa buhay. Tayo ay tinuruan, pinasigla, pinalakas, tinawag na magsisi, at pinatatag. Tulad ninyo, ako rin ay sabik na kumilos ayon sa mga paalala, payo, at personal na inspirasyong tinanggap natin. Tunay ngang "ang Panginoon ay mabuti sa lahat: at ang kaniyang malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa" (Mga Awit 145:9).

Nagpapasalamat ako sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at sa kaalamang napasaatin ngayon tungkol sa magiliw na awa ng Panginoon. Ang ating mga hangarin, katapatan, at pagsunod ay nag-aanyaya at tumutulong sa atin na mahiwatigan ang Kanyang magiliw na awa sa ating buhay. Bilang isa sa Kanyang mga lingkod, pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo, ang ating Manunubos at Tagapagligtas. Alam ko na Siya ay buhay at na ang Kanyang magiliw na awa ay para sa ating lahat. Bawat isa sa atin ay may mga mata para malinaw na makita at mga tainga para malinaw na marinig ang magiliw na awa ng Panginoon habang pinalalakas at tinutulungan tayo ng mga ito sa mga huling araw na ito. Nawa'y laging mapuspos ng pasasalamat ang ating puso sa Kanyang sagana at magiliw na awa. ■

***Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2005.***

**TALA**

1. *Oxford English Dictionary Online,* pangalawang edisyon (1989), "Chosen."

# ANG ATING AMA SA LANGIT

*Natututo tayo tungkol sa Ama sa Langit sa simula pa lamang ng karanasan natin sa Simbahan—mula sa una nating panalangin hanggang sa unang pagkanta natin ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno, *blg. 189). Ang alam ng mga Banal sa mga Huling Araw tungkol sa Diyos Ama ay kakaiba, at ito ang gumagawa ng malaking kaibhan sa atin.*

## PAGKAKITA SA AMA

Narito ang tatlong salaysay sa banal na kasulatan tungkol sa mga taong nakakita sa Ama:

- Esteban (tingnan sa Mga Gawa 7:56)
- Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17)
- Joseph Smith at Sidney Rigdon (tingnan sa D at T 76:20)

Ngunit, tulad ng sabi ni Jesus, "ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Juan 14:9).

## TOTOO AT INDIBIDUWAL

"Ang isa sa mga dakilang pangkalahatang doktrina ng Simbahang ito ay ang ating paniniwala sa Diyos Amang Walang Hanggan. Siya ay isang katauhan, totoo at indibiduwal. Siya ang dakilang Tagapamahala ng sansinukob, gayunpaman Siya ang ating Ama, at tayo ay Kanyang mga anak.

"Nananalangin tayo sa Kanya, at ang mga panalanging iyon ay pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng tao. Tiwala ako na **naririnig Niya ang ating mga panalangin at sinasagot ang mga ito.**"

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Ang mga Bagay na Nalalaman Ko," *Liahona* at *Ensign*, Mayo 2007, 83.**


## ANG NAG-IISANG TUNAY NA DIYOS

"Ang Ama *ang* nag-iisang tunay na Diyos. *Ang* bagay na ito ay tiyak: **walang sinumang tataas pa sa Kanya;** walang sinumang papalit sa Kanya. . . . Siya si Elohim, ang Ama. Siya ang Diyos. Siya lang *ang* nag-iisang Ama."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Pattern of Our Parentage," *Ensign*, Nob. 1984, 69.**



ANG UNANG PANGITAIN, NI GARY L. KAPP



## PAKIKINIG SA AMA

Kapag nangungusap ang Diyos Ama, pinatototohanan Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Halimbawa:

- Sa binyag ni Jesus (tingnan sa Mateo 3:17)
- Sa Bundok ng Pagbabagong-anyo kina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa Mateo 17:5)
- Sa paghahayag kay Nephi (tingnan sa 2 Nephi 31:11, 15)
- Sa pagpapakita ni Jesus sa lupalop ng Amerika (tingnan sa 3 Nephi 11:7)
- Sa Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17)

## ANG MISYON NG TAGAPAGLIGTAS NA IHAYAG ANG AMA

“Sa lahat ng ginawa at sinabi ni Jesus, . . . ipinakikita Niya sa atin kung sino at ano ang pagkatao ng Diyos Amang Walang Hanggan, kung gaano Siya katapat sa Kanyang mga anak sa bawat panahon at bansa. Sa salita at gawa **sinikap ni Jesus na ihayag** at ipaalam nang husto sa atin **ang likas na katangian ng Kanyang Ama, na ating Ama sa Langit.**”

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Kadakilaan ng Diyos,” *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2003, 70.**

## MGA MAGULANG SA LANGIT: ISANG MAKAPANGYARIHANG KATOTOHANAN

“Isipin ang kapangyarihan ng ideyang itinuro sa pinakamamahal nating himnong ‘Ako ay Anak ng Diyos’ (*Mga Himno,* 1985, blg. 189). . . . Narito ang sagot sa isa sa malalaking katanungan sa buhay, ‘Sino ako?’ Ako ay anak ng Diyos na may espiritung angkan ng mga magulang sa langit. **Ang mga magulang na iyon ang nagpapakita ng ating walang-hanggang potensyal.** Ang makapangyarihang ideyang iyon ay nagbibigay sa atin ng lakas. Mapapalakas nito ang bawat isa sa atin na gumawa ng mga tamang pasiya at hangarin ang pinakamabuti na nasa ating kalooban.”

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Powerful Ideas,” *Ensign,* Nob. 1995, 25.**

## NAGTURO SI JOSEPH SMITH TUNGKOL SA DIYOS AMA

Maraming itinuro sa atin si Joseph Smith tungkol sa likas na katangian ng Diyos dahil nakita niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo at tumanggap ng maraming paghahayag.

***Anong uri Siyang nilalang?*** “Ang Diyos mismo ay minsang naging katulad natin, at isang taong dinakila, at nakaupo sa luklukan sa kalangitan!”[1]

***Ano ang hitsura Niya?*** “Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao.”[2] “Kung makikita ninyo Siya ngayon, makikita ninyo Siya sa hubog ng tao—katulad [ninyo].”[3]

***Ano ang ating kaugnayan sa Diyos?*** “Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katangian ng Diyos, hindi nila nauunawaan ang kanilang sarili.”[4] “Ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan . . . anak ang turing Niya sa kanila.”[5]


***Bakit Niya binuo ang plano ng kaligtasan para sa atin?*** “Ang Diyos mismo, nang makitang naliligiran siya ng mga espiritu at kaluwalhatian, . . . [ay] nagtatag ng mga batas na nagbibigay sa iba ng pribilehiyong umunlad na katulad niya.”[6]

***Ano ang susi para mapalapit sa Diyos?*** “Kapag nauunawaan natin ang pagkatao ng Diyos, at alam natin kung paano lumapit sa Kanya, sisimulan Niyang ihayag sa atin ang kalangitan.”[7]

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 47.
2. Doktrina at mga Tipan 130:22.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 48.
4. *Mga Turo: Joseph Smith,* 46.
5. *Mga Turo: Joseph Smith,* 46.
6. *Mga Turo: Joseph Smith,* 244.
7. *Mga Turo: Joseph Smith,* 48.

# Isang Tinig para sa Matataas na Pamantayan



**Ayon sa pagkakuwento kay Hilary Watkins Lemon**

Maliliwanag na ilaw. Naghihiyawang mga tao. Libu-libong tagahanga sa Facebook. Nang masali sa top-10 finalist ang 17-taong-gulang na si Gerson Santos sa Portuguese televised musical talent competition na *Ídolos,* kinailangan niyang umakma sa kasikatan at atensyong kaakibat ng kanyang tagumpay. Nagpasiya si Gerson na tanggapin ang kakaibang pagkakataong ito na ipahayag ang ebanghelyo at kaagad nakilala sa iba't ibang Portuguese media bilang "Mormon competitor" na handang sagutin ang mga tanong tungkol sa kanyang relihiyon.

**Pangalan:** Gerson Santos
**Edad:** 17
**Lokasyon:** Setúbal, Portugal
**Mga Hilig:** Kumanta, umarte, tumugtog ng gitara, manood ng sine, isayaw ang kanyang mga kapatid na babae, kumatha at tumugtog ng musika kasama ang kanyang kapatid na lalaki, at mag-aral sa music conservatory

### Paano ka nagpasiyang sumali sa *Ídolos?* Paano ka naghanda?

Ang *Ídolos* po ay isang television show na talagang gustung-gustong kong panoorin. Noon pa man ay mahilig na akong kumanta at umasa akong makasali balang araw sa isang music competition. Hindi ako nag-alinlangan ngayong taon; nagpalista lang ako sa programa at nagpunta sa audition kasama si Itay. Siguro masasabi po ninyo na buong buhay akong naghanda para sa *Ídolos*. Lahat po ng naranasan ko sa *Ídolos* ay kamangha-mangha, walang eksepsyon. Sinikap kong samantalahin ang lahat ng pagkakataong dumating sa akin.

### Anong mga gawaing misyonero ang ginawa mo sa kompetisyon?

Minsan po sa isang hapunan kasama ang ibang mga kalahok, nag-usap kami nang kaunti tungkol sa relihiyon, at nagkuwento ako tungkol sa aking relihiyon at mga pamantayan ng Simbahan. Kalaunan binigyan ko po ang bawat kalahok ng tig-iisang kopya ng polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* para mas maunawaan nila ang paniniwala ko. May ilang nagsabi na parang konserbatibo ang mga pamantayan ng Simbahan, ngunit may ilan ding pumuri sa akin sa pagkakaroon ng matataas na pamantayan sa mga panahong ito.

### Marahil ay naubos ang oras mo sa *Ídolos*. Paano ka pa nagkaroon ng oras sa mga responsibilidad mo sa Simbahan?

Patuloy po akong nagdarasal, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, pumupunta sa seminary, at nakikibahagi sa sakramento tuwing Linggo. Kasalukuyan po akong naghahanda para sa misyon, isang bagay na gusto kong gawin mula pa noong maliit ako. Naglilingkod ako sa aming ward bilang ward pianist, ward missionary, at assistant sa bishop sa priests quorum. Kailangan kong pagtuunan ang kompetisyon, pero sinisiguro ko po na inuuna kong paglaanan ng oras ang Panginoon. ■

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI GERSON SANTOS

# Ang Bahaging para sa Atin



PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

## HUWAG MAWALAN NG PAG-ASA

Ang isa sa mga pagsubok na pinagtiisan ng aming pamilya ay nang magkasakit ang panganay kong kapatid na lalaki na kalaunan ay namatay. Talagang napakahirap niyon sa amin noong una, ngunit nalagpasan ng aming pamilya ang pagsubok na iyon. Dahil nabuklod sa templo ang aming pamilya, alam namin na muli naming makakapiling ang kuya ko kasama ang Ama sa Langit at si Jesucristo pagdating ng tamang panahon.

Alam ko na ang pagsubok na ito ay isa sa mga paraan na inihanda kami ng Panginoon para sa iba pang mga pagsubok —upang tulungan kaming maging mas malakas. Lahat ay may titiising mga pagsubok, at alam ng ating Ama sa Langit na malalagpasan natin ang mga ito. Kaya hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa.

Carmila R., edad 18,
Southern Tagalog,
Philippines

## PAANO MAGKAROON NG MALINIS NA ISIPAN

Ang mga taong kayang kontrolin ang kanilang isipan ay mga taong kayang supilin ang kanilang sarili, sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1] Ang isang paraan para makontrol ang inyong isipan ay piliin ang inyong paboritong himno at magkaroon ng retrato o larawan ng templo. Idispley ang larawan sa inyong kuwarto. Tuwing may makikita kayong tao na mahalay ang pananamit, repasuhing mabuti ang himno sa inyong isipan o isipin ang templo. Kung hindi mawala sa inyong isipan ang maruruming kaisipan, manalangin at mag-ayuno para malimutan ang mga ito.

Joseph D., edad 20, Haiti

**TALA**


1. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Karapat-dapat na Tugtugin, mga Karapat-dapat na Kaisipan," *Liahona,* Abr. 2008, 31.

## MASYADONG MARAMING PATAKARAN?

Nitong nakaraang taon naisip ko na napakaraming patakaran sa Simbahan, at naisip ko, "Paano naging masaya sa langit?" Damdam ko ay para akong nakatali sa Simbahan at imposible akong makawala.

Noon ko pinagmasdan ang buhay ng aking mga kaibigan. Bakit hindi ko pinagdaanan ang ilan sa mga pagsubok nila? Isang gabi bigla ko itong naunawaan—hindi ko dinanas iyon dahil sinunod ko ang mga patakarang ibinigay sa akin ng Ama sa Langit. Naisip ko rin na kung susundin mo ang mga patakaran, maaari kang lumigaya at makabuo ng isang pamilya at mamuhay nang walang hanggan sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesus.

Stephanie H.,
edad 13,
Utah, USA


LARAWAN NG SALT LAKE TEMPLE NA KUHA NI CRAIG DIMOND

Isumite ang inyong kuwento, retrato, o feedback sa liahona.lds.org o ipadala sa e-mail sa liahona@ldschurch.org. Kung sa e-mail, isama ang inyong buong pangalan, ward o branch, stake o district, at pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail). Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

# *HUWAG* PATANGAY

*Isang tinedyer na Tongan ang nagsalita tungkol sa mabubuting dahilan kaya may mga barandilya.*



***Ipinagdiwang nina Saane (kanan) at Amelia (gitna) ang araw ng kasal sa templo ng kanilang kapatid na si Manatu.***

Ang ganda at lakas ng Mapu ʻa Vaea blowholes sa Tonga ay kamangha-mangha. Kapag humampas ang mga alon sa tatlong-milyang (4.8 km) kahabaan ng baybayin sa pulo ng Tongatapu, pumapasok ito sa daan-daang butas sa bulkanikong bato na sumasalpok ang tubig na sintaas ng 60 talampakan (18 m) sa ere.

Gustung-gusto ni Saane F., edad 16, ang kagandahan ng lugar—ang pagsasanib ng sinag ng araw at salpok ng tubig sa bawat hampas ng alon.

Ngunit ang lakas ng kalikasan ay maaaring maging mapanganib at maganda rin. Ang mga bisitang napapalapit nang husto, sa pag-uusisa man o sa labis na katuwaan, ay nagugulat sa lakas ng mga alon at, hindi kaagad nakakatakas, at natatangay palaot.

Ang mapanganib na panig ng Mapu ʻa Vaea ay nagbibigay ng espirituwal na babala tungkol sa lakas ng tukso—lalo na patungkol sa kadalisayang seksuwal. Ang kapangyarihang lumikha ng buhay ay maganda kapag sinunod ang mga wastong hangganan, ngunit kung padadala tayo sa tukso mula sa ligtas na lugar, maaari tayong matangay.

### Pag-unawa Kung Bakit Mahalaga ang Kalinisang-puri

Sa araw ng kasal ng kanyang kapatid na babae sa Nukuʻalofa Tonga Temple, nakita ni Saane ang magpapasaya sa kanya. "Gusto kong maging karapat-dapat na makasal doon



MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

Para mapanood ang video at makita ang iba pang mga larawan ng Mapu ʻa Vaea, bisitahin ang liahona.lds.org.

Para mapanood ang video tungkol sa kalinisang-puri (sa Ingles), bisitahin ang lds.org/youth/video/chastity-what-are-the-limits?



balang araw dahil dito," sabi ni Saane.

Gayunman, sisikapin ni Satanas na huwag mangyari iyon sa sinuman sa atin. Nakumbinsi na niya ang marami na katanggap-tanggap at walang masamang ibubunga ang pagtatalik nang hindi kasal. Ngunit ang maling paggamit ng kapangyarihang bigay ng Diyos para lumikha ng buhay ay mabigat na kasalanang nagiging dahilan ng espirituwal, emosyonal, at pisikal na kapahamakan.[1]

"Sinisikap nang husto ni Satanas na pigilan tayong makabalik sa ating Ama sa Langit," sabi ni Saane. "Kung hindi ko maingat na susundin ang batas ng kalinisang-puri, maaaring mawala ang pagkakataon kong makasal sa templo."

## Pagsunod sa mga Barandilyang Inilaan ng Diyos

Para ligtas na masiyahan ang mga bisita sa kagandahan ng Mapu ʻa Vaea, naglagay ng mga barandilya ang pamahalaan ng Tonga sa ilang lugar.

Naniniwala si Saane na naglaan ang Ama sa Langit ng mga barandilya—o mga pamantayan—para hindi tayo mahulog sa tukso. Ang mga pinuno ng Simbahan, mga banal na kasulatan, at *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay pawang naglagay ng malinaw na mga hangganan na kung susundin ay pananatilihin tayong ligtas. Higit sa lahat, ang pagsunod sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo ay magpapanatili sa atin sa ligtas na lugar.

"May mga taong nagbabalewala sa mga barandilya ng Panginoon," wika niya. "Hindi nila nauunawaan ang mga ibubunga nito, o inaakala nilang maiiwasan nila ito. Para kang lumilipad kapag tumalon ka mula sa bangin, pero laging lupa ang bagsak mo."

## Pagtatakda ng Sarili Nating mga Barandilya

Patungkol sa kadalisayang seksuwal, siguradong mahuhulog ka kapag sinubukan mong dumukwang sa barandilya. Kapag nagpatangay tayo sa tuksong makipagtalik nang hindi kasal, mas mahihirapan tayong labanan ito.

Dahil hindi kailangang idetalye ng Simbahan kung paano kumilos sa bawat sitwasyon, lumikha si Saane ng sarili niyang mga barandilya sa pamamagitan ng pagpapasiya nang maaga kung paano iaangkop ang mga pamantayan ng ebanghelyo sa mga sitwasyong maaari niyang makaharap.

Lumikha siya ng isang poster na nakalista ang siyam na pangako sa kanyang sarili at sa kanyang Ama sa Langit na kumilos ayon sa personal niyang mga barandilya, pati na ang klase ng mga taong magdedeyt sa kanya, pananamit na isusuot niya, at pananalitang gagamitin niya. Maaaring ibilang sa iba pang mga personal na barandilya ang pagpapasiya kung paano iiwasang manood, magbasa, o makinig ng anumang pupukaw sa damdaming seksuwal.[2]

"Ang pagtatakda ko ng matataas na pamantayan ay pananatilihin akong ligtas," sabi ni Saane.

## Pagbalik sa Ligtas na Lugar


Gaya ng mga natangay sa malalakas na alon sa Mapu ʻa Vaea, yaong mga nagpatangay sa tukso ay nasa mapanganib na lugar. Ang malakas na kapit ng kasalanang seksuwal ay mahirap takasan—ngunit posible sa tulong ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga lingkod.

Sa huli, hindi man umalis sa ligtas na lugar ang isang tao kailanman o nahirapan ngunit nakabalik doon, ang mithiin ay manatili roon. Ang pagsunod sa mga barandilyang inilaan ng Panginoon at pag-unawa kung paano ito iaangkop sa ating mga personal na sitwasyon ay maghahanda sa atin na matamasa ang magandang kapangyarihang ipinagkaloob sa atin ng Diyos—sa tamang panahon at tamang paraan.

"Higit sa lahat, inaasam kong makasal sa templo," sabi ni Saane. "Alam ko na kung susundin ko ang mga utos, pati na ang batas ng kalinisang-puri, magiging karapat-dapat akong tumanggap ng mga pagpapalang pinapangarap ko." ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 53.
2. Tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 55.



### ISANG SULYAP SA SELESTIYAL NA KAGALAKAN

"Magpakasal sa templo sa hinaharap. Walang katulad ang tagpong napakatamis at napakasagrado. . . . Doon mismo'y mababanaag ninyo ang selestiyal na kagalakan. Maging alisto; huwag tulutang agawin sa inyo ng tukso ang pagpapalang ito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Maging Isang Halimbawa," *Liahona* at *Ensign*, Mayo 2005, 113.**

# ISANG BAUTISMUHANG WALANG LAMAN

*Paano tayo makapagbibinyag kung walang tubig sa bautismuhan?*

**Ni Siosaia Naeata Jr.**

Alas-7:45 n.u. iyon sa isang maulang umaga ng Agosto rito sa Freetown, Sierra Leone, West Africa. Nagplano kami (mga full-time missionary sa Freetown District) ng isang serbisyo sa binyag at determinado kaming idaos iyon, umulan man o umaraw. Noon ko natanggap ang tawag ni Brother Allieu, isang miyembro ng branch namin, pero hindi ko lubos na maunawaan ang sinasabi niya, dahil mabilis siyang nagsasalita sa Krio, ang katutubong wika roon. Sinabi ko sa kanya na huminga nang malalim at magsalita nang dahan-dahan. Ginawa nga niya iyon at sinabing, "Elder Naeata, walang tubig sa bautismuhan. Sori po. Walang tubig."

Pinasalamatan ko siya sa pagtawag at saka ko ipinaabot ang masamang balita sa iba pang mga elder. Agad kaming nag-isip kung paano pa namin maisasagawa ang sagradong ordenansang ito. At noon ipinaalala sa amin ni Elder Agamah ang isang talon at batis sa itaas ng kalapit na bundok sa isang lugar na tinatawag na Mellow. Sumang-ayon ang lahat ng elder na dapat naming subukang idaos doon ang binyag, kaya humingi kami ng pahintulot na gawin iyon.


Nang mangagtipon ang lahat kalaunan noong umagang iyon sa paanan ng bundok, saka pa lamang naisip ng grupo na napakahirap ng gagawin namin. Gayunman, walang pag-aatubiling nagsimulang umakyat ng bundok ang grupo. Naglakad at nagkuwentuhan ang kalalakihan at kababaihan at maging ang mga bata paakyat ng basa at madulas na daanan. Habang daan-dahang umaakyat, bahagya kaming lumihis ng daan para makatawid ng ilog.

Habang naglalakad, nawala ang sigla ng ilan sa grupo nang lumakas ang ulan, ngunit nagpatuloy pa rin kami nang may pag-asa. Gayunpaman, tila walang katapusan ang bakubakong daan. Sa wakas ay dumating din kami sa aming pupuntahan. Nagalak ang aming puso, ngunit patuloy pa rin ang pagbuhos ng ulan sa amin. Habang naghahanda kami para sa serbisyo sa binyag, sumilong kami mula sa ulan sa ilalim ng malaking puno ng mangga.

Nagsimula kami sa pag-awit ng himnong "Espiritu ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 2). Matapos ang pambungad na debosyonal nagtungo kami



PAGLALARAWAN NI ALLAN GARNS



sa lugar na pagbibinyagan. Mabilis ang bagsak ng tubig mula sa talon patungo sa batis kung saan namin isasagawa ang sagradong ordenansa.

Lumusong ang isang ama sa batis at tinulungan ang anak na lalaki sa paglusong sa tubig nang biglang tumigil ang ulan. Tumagos ang mga sinag ng araw sa mga ulap at napuno ng liwanag ang batis. Dama namin ang presensya ng Espiritu. Matapos binyagan ng ama ang kanyang anak, bininyagan ng isang lalaki ang kanyang asawa, at bininyagan naman ng mga elder ang kanilang mga investigator. Patuloy na sumikat ang araw, gayon din ang mga ngiti sa aming mukha.

Tinapos namin ang serbisyo sa pag-awit ng "Magsisunod Kayo sa Akin" (*Mga Himno,* blg. 67). Oo, tunay ngang sumunod kami sa Kanya. Sinundan namin ang aming Tagapagligtas paakyat at pababa ng bundok, patawid ng umaapaw at umaagos na mga batis, paakyat ng matarik at basang mga daanan, at sa gitna ng ulan. At ang mga bininyagan ay tunay ngang sumunod sa halimbawa ng Tagapagligtas nang lumusong sila sa tubig ng binyag. ■




**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Sino ang Ama sa Langit?

Ang Ama ang nag-iisang tunay na Diyos. Walang magpapabago sa kaugnayan natin sa Kanya.



Sa espirituwal marangal ang inyong pinagmulan, ang supling ng Hari ng langit. Isaisip ang katotohanang iyan at manangan dito.



Ikaw ay anak ng Diyos. Siya ang ama ng iyong espiritu.



Siya ang Ama. Siya ang Diyos. Pinagpipitaganan natin ang ating Ama at ating Diyos; sinasamba natin Siya.



Tulad ng pagsunod ng lahat ng buhay sa huwaran ng mga magulang nito, tayo man ay maaaring lumaking kawangis ng ating Ama sa Langit kung mamumuhay tayo nang matwid at susunod sa Kanyang mga utos.

MGA PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON

*Mula sa "We May Be Like Him,"* Friend, *Ene. 2004, 45; "Your Test of Courage,"* New Era, *Mar. 1990, 6; "The Pattern of Our Parentage,"* Ensign, *Nob. 1984, 69.*




# Hindi Naka-plug

Ni Annie Beer

Sa dami ng nakatutuwang teknolohiya sa paligid natin, napakadaling pag-ukulan ng oras ang mga ito kaysa mas mahahalagang aktibidad tulad ng pagbabasa, paglalaro sa labas, o paggugol ng oras sa pamilya at mga kaibigan. Ilan sa ating mga mambabasa at kanilang pamilya ang nakaisip ng mga paraan para mabalanse ang kanilang buhay—na isinasaisip na mananahan ang Espiritu sa masasaya at mabubuting tahanan.

Sa aming pamilya nakakakuha kami ng "TV Tickets" sa simula ng linggo. Ang isang tiket ay katumbas ng isang oras na panonood ng TV. Sa likod ng bawat tiket ay may listahan ng mga kailangang gawin bago namin magamit ang tiket, tulad ng paglilinis ng kuwarto, paggawa ng homework, at mga gawaing-bahay. Sa halip na laging gumamit ng teknolohiya, gusto naming magbasa, sama-samang maglaro, at maglaro sa labas kasama ng aming mga kaibigan.



Trevor at Nicolette C., edad 10 at 13, Utah, USA




Sa halip na laging manood ng TV, gusto naming magbasa! At pagkatapos ng lahat ng gawain namin at malinis na ang bahay, maaari na kaming mag-Internet. Gumagamit kami ng timer para masundan namin ang oras na ginugugol namin sa computer.

Ellie, Jared, Ethan, at Abby H.; edad 8, 11, 2, at 6; California, USA



Nag-download kami ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan at angkop na musika sa aming mga MP3 player. Nakalagay ang computer namin sa lugar na makikita ng lahat. Hindi kami nanonood ng TV bago pumasok sa paaralan o hanggang hindi tapos ang aming homework at gawain sa bahay sa hapon. May mga programa sa TV namin na naka-block para hindi na mapanood. Sa halip na manood ng TV, naglalaro kami sa labas, tumutulong sa hardin, o naglalaro ng board games nang sama-sama. Kapag balanse ang ating buhay, mas tahimik at payapa ang ating tahanan.

Sarah, Steven, Christie, at Jason L.; edad 7, 15, 20, at 18; Queensland, Australia





MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

# **Ang** Ating **Pahina**


## PAGLINGKURAN ANG ISA'T ISA




Alam ko na hiniling sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na paglingkuran ang ibang tao. Isang Linggo ng hapon gusto kong bisitahin ang lola ko, na nag-iisa lang sa bahay niya, at samahan siya sa pagtulog sa gabing iyon. Pinayagan ako ni Inay, kaya nasorpresa at masaya ang lola ko nang makita ako. Nagkuwentuhan kami, nagmeryenda, at magkasamang nagbasa ng *Liahona*. Pagkatapos magdasal, natulog na kami.

Noong gabi na, sumama ang panahon—humangin, kumidlat, kumulog, at umulan ng yelo! Nagising kami, at sabi ng lola ko siguradong takot na takot na siya kung hindi ko siya sinamahan. Masaya akong mapaglingkuran siya sa ganitong paraan.

**Vinício R., edad 10, Brazil**







**Ang Salt Lake Temple,**
***ni Eve D., edad 4, Ukraine***



**Isang Misyonera sa Red Square,**
***ni Emile D., edad 9, Ukraine***



***Si Mia Lynn L., edad 5, mula sa Germany, ay nag-aaral nang maging misyonera. Habang nananghalian isang araw kasama ang kaibigan, binasbasan ni Mia ang pagkain, kaya nagtanong ang nanay ng kaibigan niya sa nanay ni Mia tungkol sa mga paniniwala ng Simbahan. Ngayon maiimbita na ni Mia ang kaibigan niya sa Primary.***



## PINAKIKINGGAN NG AMA SA LANGIT ANG ATING MGA PANALANGIN



Malaki ang pananampalataya ko kay Jesucristo at sa Kanyang mga utos at, higit sa lahat, sa panalangin. Isang araw ng Linggo binisita namin ng lolo ko sa ama ang aking lola-sa-tuhod. Nagpasiya akong dalhin ang tuta ko. Nang pauwi na kami nabundol ng isang batang lalaking nakabisikleta ang tuta ko. Natakot ang tuta ko, at hinabol ang bata. Sinundan namin ito ng lolo ko, pero hindi namin siya nakita. Umuwi kami na hindi ito kasama. Malungkot na malungkot kami. Tumawag ang aking lola-sa-tuhod at pinahanap ako ng tahimik na lugar at ipagdasal ko raw ang tuta ko.

Kinaumagahan nakarinig kami ng tahol ng aso—umuwi ang tuta ko! Alam ko na pinakinggan ng Ama sa Langit ang panalangin ko.

**Stephanie P., edad 8, Honduras**

Maaari ninyong isumite ang inyong drowing, retrato, o karanasan online sa liahona.lds.org; ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "Our Page" sa subject line; o ipadala ito sa koreo sa:

*Liahona,* Our Page
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 11 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at nakasulat na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.

# "Nakikita kayo ng inyong Ama sa Langit. Mahal Niya kayo."


**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan**
**Mula sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011**



PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Kapag PINILI Natin ang TAMA, Pinagpapala Tayo



Si Daniel ay nakikipaglaro ng football sa kanyang mga kaibigan nang makita niya si Joseph na mag-isang nakaupo at nanonood. Hindi gaanong mahusay maglaro ng football si Joseph. Pero ipinasiya ni Daniel na mas gusto niyang isali si Joseph kaysa manalo sa laro. Tumakbo siya papunta kay Joseph at nagtanong, "Gusto mo bang makipaglaro sa amin?"

Pinili ni Daniel ang tama.

Nangako sa atin ang Ama sa Langit at si Jesucristo na kapag pinili natin ang tama, pagpapalain tayo. May mabubuting halimbawa tayong matutularan sa mga banal na kasulatan. Narito ang dalawa:

- Nang sundin ni Noe ang utos ng Panginoon na gumawa ng arka, nailigtas niya ang ilang miyembro ng kanyang pamilya sa Malaking Baha. (Tingnan sa Genesis 6–8.)
- Nang mabali ni Nephi ang kanyang busog, gumawa siya ng bagong busog sa halip na sumuko. Nanalangin ang kanyang amang si Lehi na tulungan sila, at itinuro ng Panginoon kay Nephi kung saan kukuha ng pagkain. (Tingnan sa 1 Nephi 16:18–32.)

Kung minsan mahirap piliin ang tama, ngunit pinagpapala tayo ng Ama sa Langit kapag ginawa natin iyon. Sa paggawa natin ng mga tamang desisyon, mapapanatag at liligaya tayo. ■

## Larong PAT [Piliin ang Tama]

Idikit ang pahina 65 sa makapal na papel. Kapag tuyo na, gupitin ang mga kard. Maghahalinhinan ang mga maglalaro sa paghanap ng dalawang kard na magkatugma: ang isang kard ay nagpapakita ng isang sitwasyong may pagpipilian, at ang katugmang kard ay nagpapakita ng isang taong pinipili ang tama. Halimbawa, ang kard na nagpapakita ng isang batang lalaking kumikita ng pera ay katugma ng kard na nagpapakitang nagbabayad siya ng ikapu.

Paano Laruin: Paghalu-haluin ang mga kard at ipagtataob ang mga ito. Ititihaya ng isang manlalaro ang dalawang kard. Kapag nagtugma ang mga kard, itatabi ng manlalaro ang mga kard at ititihaya ang dalawa pang kard. Kung hindi magkatugma ang mga kard, muling itataob ng manlalaro ang mga ito at ang susunod na manlalaro na ang magtitihaya. Maaari itong laruin ng maliliit na bata gamit ang mas kaunting mga kard o kaya'y nakatihaya ang mga kard.


## Awitin at Banal na Kasulatan


- Mosias 2:22
- "Piliin ang Tama," *Mga Himno,* blg. 145


MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT


MGA BATA























# Isang Panalanging Makaligtas

Ni Sueli de Aquino

Batay sa tunay na buhay

*"Kinakausap ko ang Ama sa Langit. Sinasagot Niya ako 'pag ako'y nagdasal nang tapat" ("I Pray in Faith,"* Children's Songbook, *14).*

Mahal ko ang kalikasan! Gusto kong pakinggan ang huni ng mga ibon, ang pagaspas ng mga dahong sumasayaw sa hangin, at ang ugong ng dagat.

Kung minsan pumupunta sa dalampasigan ang aming pamilya kasama ang ibang mga pamilya. Naglalaro ng volleyball ang mga tatay, at nakaupo naman ang mga nanay sa ilalim ng payong at nilalaro ang maliliit na anak.

Isang hapon tuwang-tuwa ako pagdating namin sa dagat! Payapa ang mga alon, at may mga lawa-lawa sa baybay-dagat. Tumakbo ako papunta sa tubig. Gusto kong lumangoy na parang isda at kumuha ng mga kabibe.


"Huwag kang lalayo, Sueli!" pagtawag ng aking ina habang tinitipon ang maliliit na anak sa lilim ng malaking payong.

"Opo, Inay," sabi ko habang ibinabaon ang mga daliri ng paa ko sa basang buhangin.


Naghanap ako ng mga kabibe at tiningnan ang maliliit na isda sa mga lawa-lawa sa baybay. Nang magtampisaw ako sa isa sa mga lawa, lumingon ako sa pamilya ko. Nakikita ko ang mga payong sa malayo. Nalaman ko na napakalayo ko na pala. Sinubukan kong lumangoy pabalik sa dalampasigan, pero mataas na ang tubig. Lalong lumalim ang lawa habang pinipilit kong makaahon.

Napapagod na ako, at alam kong nasa panganib ako. Ang tanging naisip ko ay humingi ng tulong sa Ama sa Langit. Nagdasal ako sa aking isipan. Pagkatapos na pagkatapos kong magdasal, may humatak sa akin at sinagip ako. Isa iyon sa mga kaibigan ni itay. Nagpapasalamat ako na sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin at tinulungan ako sa pamamagitan ng isang tao.

Nang sumunod na pumunta kami sa dagat hindi na ako lumayo sa pamilya ko, tulad ng hindi ko paglayo sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. ■



PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS



## ANG AKING AMA SA LANGIT

Sa kuwentong ito, nalaman ni Sueli na binabantayan siya ng Ama sa Langit. Para malaman ang iba pang mahahalagang bagay tungkol sa Ama sa Langit, piliin ang mga tamang salita para punan ang mga patlang.

1. Siya ang ama ng aking ______________.
2. Ipinadala Niya ako para mabuhay sa ________________, kung saan nagkaroon ako ng katawan at matututo ako at uunlad.
3. Alam Niya ang aking _______________ at lahat ng tungkol sa akin.
4. Ako ay mahal Niya at _______________ ako.
5. Pinakikinggan at sinasagot Niya ang aking ___________.
6. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak, si Jesucristo, para ituro ang ebanghelyo at itatag ang Kanyang __________________.
7. Ipinadala Niya ang Espiritu Santo para panatagin at __________ ako.
8. Kung susundin ko ang mga utos, ako ay _____________ na muli kasama ang Ama sa Langit.

| | | | |
|---|---|---|---|
| mabubuhay | gabayan | espiritu | mundo |
| Simbahan | binabantayan | mga panalangin | pangalan |

# Happy Valentine!

## Tine O. ng Nairobi, Kenya

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan



Sa maraming lugar sa mundo, ang Valentine's Day—Pebrero 14—ay ipinagdiriwang bilang araw ng pag-ibig. Pero paano kung ang pangalan mo ay Valentine? Nagiging araw ba ng pag-ibig ang bawat araw?

Iyan ang nadarama ng siyam-na-taong-gulang na si Tine O. ng Nairobi, Kenya, tungkol dito. Ang tawag sa kanya ng lahat ay "Tiny," pero ang buong pangalan niya ay Valentine.

"Pinangalanan akong Valentine dahil isinilang ako noong Pebrero 14," paliwanag niya. At dahil tapat siya sa kanyang pangalan, sinisikap niyang ibigin ang lahat. "Nang binyagan ako, tinaglay ko ang pangalan ni Jesucristo," wika niya. "Ibig sabihin, dapat akong magmalasakit sa lahat, tulad ng gagawin Niya."



Mahal ni Valentine ang kanyang pamilya. Gustung-gusto rin niyang matuto tungkol kay Jesucristo.

MGA LARAWANG KUHA NI RICHARD M. ROMNEY

Paano ginagawa ni Tine ang bawat araw na araw ng pag-ibig? Maraming paraan.

"Ang una kong ginagawa ay magdasal," wika niya. "Pinasasalamatan ko ang aking Ama sa Langit para sa Kanyang Anak dahil mahal ko si Jesucristo. Pinasasalamatan ko ang aking Ama sa Langit para sa aking pamilya at sa pagbubuklod ng templo sa mga pamilya dahil mahal ko ang aking pamilya. Pagkatapos ay hinihiling ko sa Ama sa Langit na basbasan ang mga maysakit dahil alam ko na mahal din Niya ang mga maysakit."

**Ang Pamilya ni Tine**


Bunso si Tine sa pamilya at may tatlo siyang kuya at dalawang ate. "Tinutulungan niya ako kapag may kailangan ako," sabi ng kuya ni Tine na si George. "Tulad noong mawala ang bolpen ko, binigyan niya ako ng isa." Sabi ng ate niyang si Brenda, hindi nagagalit si Tine kapag iwinawasto siya ng iba.

Sa bahay, Swahili at Ingles ang sinasalita ng pamilya ni Tine. Gustung-gusto nilang magdaos ng family home evening. "Sama-sama kaming nag-aaral ng mga banal na kasulatan," sabi ni Tine. "Natututo kami tungkol sa Tagapagligtas, at halinhinan kami sa pagdarasal sa pamilya."

"Sinisikap kong tularan si Jesus sa pagiging mabait, pagsisimba, at pagsunod sa mga magulang ko," sabi ni Tine. ■



## Mga Nakatutuwang Bagay tungkol kay Tine





**Paboritong awitin:** "Katotohanan N'ya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 92–93)

**Paboritong gawin:** Maglaro ng luksong-lubid at matutong magluto



**Paboritong kainin:** Mga itlog



**Paboritong hayop:** Ang tuta niyang si Sandra. Gusto rin ni Tine ng mababangis na hayop. "Malapit sa Nairobi, na kabisera ng aming bayan, ang isa sa pinamalalaking kagubatan sa Africa," sabi ni Tine. "Maraming iba't ibang klaseng hayop doon. Alam kong mahal ng Ama sa Langit ang mga hayop. Ang mga hayop ay mahalagang bahagi ng Paglikha ng mundo. Si Jesucristo ang Lumikha, kaya sigurado ako na mahal din Niya ang mga hayop."



# Isang Panalangin sa Ama sa Langit

**Ni Chad E. Phares**

Batay sa tunay na buhay

*"Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain" (3 Nephi 18:21).*




MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK


5
Kapag nagdarasal tayo, kinakausap natin ang Ama sa Langit. Mahal Niya tayo.
Kapag nagdarasal tayo sa Kanya, mapapasalamatan natin Siya sa lahat ng ibinibigay Niya sa atin. Maaari din tayong humiling sa Kanya ng mga bagay na kailangan natin.
6
Mahal ako ng Ama sa Langit?
Oo, mahal ka Niya. Ano ang pakiramdam mo roon?
7
Gusto ko pong magdasal ulit!
8
Ama sa Langit, salamat po . . .

# MARAMING BIYAYA NG AMA SA LANGIT

Binibigyan ng Ama sa Langit ng maraming biyaya si Haruki. Binibiyayaan ka ba ng Ama sa Langit ng ilan sa mga bagay na ito? Magdrowing ng masayang mukha sa tabi ng mga larawan sa ibaba na nagpapakita ng biyayang ibinigay sa iyo ng Ama sa Langit. Sa patlang, magdrowing ng biyayang gusto mo.











## MGA TULONG PARA SA MGA MAGULANG

Maghalinhinan kayo ng inyong anak sa pagsasabi ng mga biyayang ibinigay ng Ama sa Langit sa inyo at sa inyong anak. Sabihin sa inyong anak kung bakit mahalaga sa inyo ang panalangin.



**Si Nephi ay pinagpala sa pagpili ng tama.**

"Kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin" (Mosias 2:22).

# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Sinunod ng mga Miyembro sa Buong Mundo ang Payo ng Propeta na Magdaos ng Isang Araw na Paglilingkod

**Ni Melissa Merrill**
Mga Magasin ng Simbahan

Noong Abril 2011, ipinahayag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang mga yunit ng Simbahan sa lahat ng dako ay aanyayahang makibahagi sa isang araw ng paglilingkod upang gunitain ang ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan ng Simbahan. Ang paanyaya ay opisyal na dumating sa isang liham ng Unang Panguluhan na ipinadala sa lahat ng yunit. Pagkatapos ay ibinahagi ni Pangulong Eyring ang apat na alituntunin na naging gabay daw niya nang "gustuhin [niyang] tumulong sa paraan ng Panginoon" at nang tulungan siya ng iba (tingnan sa "Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti," *Liahona* at *Ensign,* Mayo 2011, 22).

Sa natitirang mga buwan ng 2011, tumugon ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo sa panawagang iyon ng propeta, na kinapalooban ng mga alituntuning binanggit ni Pangulong Eyring.

### Alituntunin 1: "Lahat ng tao ay mas masaya at mas iginagalang ang sarili kapag napaglalaanan nila ang kanilang sarili at kanilang pamilya at pagkatapos ay tumutulong sa pangangalaga sa iba."

Kasama sa mga unang stake na tumugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan na makibahagi sa isang araw na paglilingkod ang David stake sa Panama, na nag-organisa ng isang preparedness fair para sa mas malawak na komunidad. Ang kaganapan, na idinaos noong Abril, ay sinuportahan ng ilang pampublikong institusyon, at nagtampok ng mga workshop at pagtatanghal tungkol sa mga paksang nauugnay sa pag-iimbak sa tahanan, pananalapi ng pamilya, kahandaan sa emergency, at kalusugan.

Hindi sapat na malaman lang natin ang mga alituntuning ito, sabi ni Itzel Valdez Gonzalez, na nakibahagi sa araw ng paglilingkod. Mahalaga ring paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga ito.

"Ang paglilingkod sa kapwa ay mahalagang katangian ng mga tagasunod ni Jesucristo," wika niya. "Ang kaganapang ito ay nagbigay ng pagkakataon sa mga miyembro ng Simbahan na ibigay ang kanilang panahon at mga talento upang mapagpala ang mga nangangailangan."

### Alituntunin 2: "Kapag nagtulungan tayo sa paglilingkod sa mga taong nangangailangan, pinagkakaisa ng Panginoon ang ating mga puso."

Nagpasiyang magboluntaryo ang mga miyembro ng Arusha Branch sa Tanzania sa Shanga House, isang pasilidad na nagbibigay ng vocational training sa mga taong may kapansanan at nagtuturo sa kanila na tustusan ang kanilang sarili at kanilang pamilya.

Noong Agosto 20, 2011, 35 kalahok—mga adult, kabataan, at bata; mga miyembro ng Simbahan, investigator, at misyonero—ang nakipagtulungan sa mga taong may kapansanan sa paggawa ng mga bagay na gawang-kamay at alahas na maibebenta nila kalaunan. Tumulong din ang mga boluntaryo sa mga gawaing-bahay gaya ng paglilinis at pagwawalis.

Bago umalis ang grupo, pinapunta sila ng mga coordinator ng Shanga House sa isang lugar sa gusali para makamayan sila at mapasalamatan ng mga taong pinaglingkuran nila. "Nakakaantig ang karanasang iyon," sabi ni Sister Sandra Rydalch, na nagmimisyon sa lugar na iyon kasama ang kanyang asawang si Elder Rich Rydalch. Simula noon, kapag nakikita ng mga tao mula sa Shanga House ang mga miyembro ng branch sa bayan, "madali nila tayong nakikilala, at kumakaway at tumitigil sila para makipag-usap," sabi ni Sister Rydalch.

Sinabi ni Patience Rwiza, na nag-organisa ng proyekto ng branch sa ilalim ng pamamahala ng mga lider ng priesthood, na nakatulong ang aktibidad hindi lamang sa mga nasa Shanga House

© 2011 RONALD K. NIELSEN



*Nagplano at nakibahagi ang mga miyembro sa lahat ng panig ng mundo sa paglilingkod sa kanilang komunidad bilang tugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan.*

kundi maging sa mga naglingkod. "Natututong magmahal ang mga tao sa pagtulong sa kapwa, at sa paggawa nito, nalaman ng mga tao ang mga bagay mula sa komunidad na dati-rati ay hindi nila alam," wika niya. "Napalakas ang aking patotoo sa ginawa at nakita ko—mula sa partisipasyon ng mga miyembro at sa buong komunidad."

### Alituntunin 3: "Isama ang inyong pamilya sa gawain para matuto silang alagaan ang bawat isa kapag inalagaan nila ang iba."

Naunawaan ng mga miyembro ng Coimbra Portugal Stake na ang paglilingkod ay hindi ginagawa nang minsanan. Katunayan, nakikibahagi ang mga stake sa ilang aktibidad taun-taon sa ilalim ng Mormon Helping Hands. Kabilang sa mga aktibidad noong nakaraang taon ang paglilinis sa isang pampublikong parke at pagdadala sa mga batang Primary sa isang bahay-ampunan para bisitahin ang mga batang ulila. Sa mga ito at sa iba pang mga aktibidad, mahalagang isali ang buong pamilya, sabi ni Anabela Jordão Ferreira, na naglilingkod bilang public affairs director para sa Coimbra Stake.

"Sa mga proyekto namin, kung minsan ay sinasabi namin na tinatanggap namin ang mga tao mula 8 buwan hanggang 88 taong gulang," sabi ni Sister Jordão. "Talagang totoo iyan. Nakikita namin ang mga ina na may mga sanggol at mga lolong hirap nang kumilos, ngunit malakas din ang patotoo at handang maglingkod sa Panginoon."

### Alituntunin 4: "Isinusugo ng Panginoon ang Espiritu Santo upang gawing posible na 'maghanap at kayo'y makakasumpong' sa pangangalaga sa mahihirap tulad ng Kanyang [ginagawa sa] paghahanap [sa] katotohanan."

Nang maatasan si Michael Hatch, na naglilingkod sa high council sa Farmington New Mexico Stake, na mag-organisa ng isang araw na paglilingkod ng stake bilang tugon sa paanyaya ni Pangulong Eyring, inisip niya kung saan sila makakakita ng mga ideya sa paglilingkod sa mga maralita sa kanilang komunidad. Pinulong niya ang kanyang komite, at hinikayat nila at ng iba pang mga pinuno ng stake ang mga miyembro ng stake na magbahagi ng mga ideyang nauugnay sa mga pangangailangan sa komunidad.

Nalaman ni Roberta Rogers ang isang partikular na pangangailangan sa ilang organisasyon sa lugar—kabilang na ang ospital kung saan siya nagtatrabaho sa community relations. Bagama't kadalasan ay maraming nagbibigay ng mga pantalon, polo, sapatos, at pangginaw sa mga clothing drive, kailangan pa rin ng maraming kawanggawa ng mga bagay na katulad ng mga medyas, panloob, at pantulog—mga donasyon na dapat ay hindi pa nagamit. Iminungkahi ni Sister Rogers na mangolekta ang stake ng gayong mga bagay.

Noong Oktubre 15, namigay ang mga miyembro ng stake sa kanilang sambayanan ng 1,000 karatulang isasabit sa pintuan na nagpapaliwanag tungkol sa proyekto, nag-aanyaya sa komunidad na makibahagi, at nagtatala ng mga bagay na kailangan. Pagkaraan ng isang linggo nagbalik ang mga miyembro ng stake upang kolektahin ang mga ito at pagkatapos ay dinala ang mga ito sa stake center para pagbukud-bukurin at ipamigay sa 10 lokal na organisasyong nagkakawanggawa.

Natugunan ng pinagsamang pagsisikap ang isang mahalagang pangangailangan sa kanilang komunidad, sabi ni Sister Rogers. "Kakaiba ito, at nakatulong ito sa mga tao. At dahil hindi naman talaga mahal, makakagugol ng ilang dolyar ang isang pamilya at talagang matutulungan nila ang isang tao." ■

# Inanyayahan ng International Art Competition ang mga Kabataan na Ipakita ang Kanilang mga Talento

Sa Doktrina at mga Tipan 115:4–6, iniutos ng Panginoon na gumawa ang lahat ng tao sa Kanyang Simbahan, at inanyayahan silang "bumangon at magliwanag" upang ang kanilang "liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa." Inutusan Niya silang magsama-sama sa pagsuporta sa isa't isa at maging "isang kanlungan mula sa bagyo."

Inulit ng Church History Museum ang panawagang ito, at inanyayahan ang mga kabataan ng Simbahan na edad 13 hanggang 18 na lumahok sa unang International Art Competition for Youth ng museo. Ilang taon nang nagdaraos ng international art competition ang museo para sa mga miyembro ng Simbahan na nasa hustong gulang, ngunit binubuksan na ang karanasang ito sa mga kabataan sa bagong kompetisyong ito.

Hinahamon ang mga kabataan na lumikha ng mga gawang-sining na nagpapahayag kung ano ang kahulugan sa kanila ng hiling ng Panginoon na—"bumangon at magliwanag"—. Nagsimulang tumanggap ng mga entry ang museo noong Lunes, Enero 2, 2012.

"Kahit hindi perpekto ang pag-unawa ng ating mga kabataan sa kanilang mga talento sa sining, kapansin-pansin kung paano naaantig ng isang bagay na kasingsimple ng isang drowing, larawan, o lilok ang espiritu ng ibang tao at pinagmumulan ito ng matinding espirituwal na lakas sa kanila," sabi ni Angela Ames, assistant curator of education sa museo. "At kapag ginamit ng mga kabataan ang kanilang malikhaing mga talento para espirituwal na pasiglahin at bigyang-inspirasyon ang iba, sila man ay magkakaroon ng inspirasyon."

Anumang gawang-sining na isinumite sa kompetisyon ay kailangang ginawa pagkaraan ng Enero 1, 2009. Maaaring ipadala ng mga sasali ang kanilang ginawa online hanggang Biyernes, Hunyo 1, 2012. Bawat kasali ay maaaring magsumite ng isang entry sa kompetisyon. Ang impormasyon at mga patnubay sa pagsusumite ay matatagpuan sa lds.org/youthartcomp.


Lahat ng artistic media at style ay tatanggapin sa kompetisyon—mga ipinintang larawan, drowing, retrato, lilok, yari sa metal, tela, alahas, luad [putik], at iba pa. Ayon sa mga patakaran at hinihingi sa paligsahan, "maaaring ipahayag sa gawang-sining ang iba't ibang kultura at tradisyon sa buong mundo. Tatanggapin kapwa ang mga simboliko at literal na interpretasyon ng sining."

Hindi magtatagal ay ilulunsad na ang paligsahan sa isang interactive video, sa bahaging "Your Creative Process," na maaaring maging reperensya ng bata pang mga artist kung kailangan nila ng tulong sa pagbabahagi ng isang ideya o pagpapasiya kung paano ipararating ang kanilang ideya.

Kasunod ng dalawang paghatol ng maraming hurado, pipiliin ang mga mananalo at hihilingan silang ipadala sa museo ang orihinal nilang gawa. Ipapakita ang kanilang mga entry sa isang exhibit na itatanghal mula Nobyembre 16, 2012, hanggang Hunyo 17, 2013.

Sa mga gawang-sining na ipapakita sa exhibit, hanggang 20 ang tatanggap ng mga Merit Award, na ibibigay para kilalanin ang namumukod-tanging gawa, at tatlo ang tatanggap ng mga Visitors' Choice Award, na ibibigay bago magsara ang exhibit. ■

***Ang mga kabataan ng Simbahan na edad 13 hanggang 18 ay inaanyayahang magsumite ng gawang-sining sa unang art competition para sa mga kabataan.***



# Binuhay ang mga Kuwento sa Aklat ni Mormon sa mga Binagong Video

Binuhay ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon sa binagong mga video ng *Book of Mormon Stories*, na makukuha na ngayon sa Cantonese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean, Mandarin, Portuguese, Russian, at Spanish sa bahaging mga kuwento sa banal na kasulatan ng LDS.org.

Dating nakikita online bilang mga slide show, ang mga larawan ay animated at three-dimensional gamit ang pamamaraang tinatawag na parallax animation. Ang mga tauhan ay ginupit at pinagalaw sa canvas, at ang pag-ikot, pagpapalabo, at pag-zoom ng kamera ay nakaragdag sa ganda nito.



Tampok din sa mga video ang mga sound effect at original soundtrack.

"Ang mga kuwentong ito sa banal na kasulatan ay nagtatanim ng binhi ng patotoo sa puso ng mga bata at iba pang nanonood ng mga video na ito sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo," sabi ni Brent Meisinger, project manager sa Scriptures Coordination Division ng Church Curriculum Department. "Ang mga video ay naglalaan ng karanasan sa pagkatuto na hihikayat na regular na basahin ang mga banal na kasulatan at nagtuturo ng mga kasanayang maghahanda sa mga nanonood na pag-aralan pang lalo ang mga banal na kasulatan."

Mahigit tatlong oras ang palabas sa pinagandang video na pinaghiwa-hiwalay sa 54 na yugto, magmula sa "Paano Natin Nakuha ang Aklat ni Mormon" (Kabanata 1) hanggang sa "Ang Pangako ng Aklat ni Mormon" (Kabanata 54).

Ang mga larawan sa mga video ay mga paglalarawang nilikha nina Jerry Thompson at Robert T. Barrett. Ang kanilang gawang-sining na ipininta ng kamay ay sunud-sunod na inilathala sa *Friend* at *Liahona* nang halos isang dekada, simula noong 1989, pagkatapos ay sama-samang inilimbag noong 1997 bilang *Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon*.

Maaari ding panoorin ang mga video bilang mga podcast sa iTunes at bilang mga clip sa YouTube at Roku. Maaari ding panoorin ng mga pamilya ang programang "Scripture Stories" sa Mormon Channel, kung saan binabasa ng mga bata at isang moderator ang mga kuwento, tinatalakay ang mga ito, kinakanta ang mga awitin, at pinatototohanan ang mga aral sa mga banal na kasulatan.

Ang mga video na *Mga Kuwento sa Bagong Tipan* ay ginawa ring animated sa 11 wika kamakailan. Makukuha rin ang mga ito sa LDS scriptures page, iTunes, at Mormon Channel sa YouTube. ■



### Nadarama Ko ang Espiritu Kapag Nagbabasa Ako

Pinasasalamatan ko ang lahat ng pagsisikap para magawa ang *Liahona,* at nadarama ko ang Espiritu kapag binabasa ko ito. Nitong huli ay pinag-aaralan ko at pinagninilayan ang mensahe ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na, "Paghihintay sa Daan Patungong Damasco" (*Liahona,* Mayo 2011, 70). Ito at ang iba pang mga artikulo sa magasin ay nakatulong sa akin na magpakabuti pa at makahanap ng mga solusyon sa mga kahinaan ko.

**Elder Emined Edward Ashaba, South Africa Durban Mission**

### Mga Mensahe mula sa Diyos

Sa *Liahona* nakakakita ako ng mga mensahe mula sa Diyos—na ipinadala sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, ang mga buhay na propeta at apostol. Ang mga naghahanap ng espirituwal na patnubay ay madali itong matatagpuan kung taos-puso nilang pag-aaralan ang magasin.

**Manuel de Araujo Fernandes, Mozambique**

### Lagi Akong Nakakakita ng mga Sagot

Ang *Liahona* ay nagpapalakas sa aking patotoo na mahal at pinagmamalasakitan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin. Nasasabik akong basahin ang magasin buwan-buwan dahil lagi akong nakakakita ng mga sagot sa aking mga dalangin. Nagpapasalamat ako sa pagkakataong matanggap ang mga salita ng Panginoon sa ganitong paraan.

**Carlota A. Bosotros, Pilipinas**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para paikliin o palinawin pa.* ■

### Pinakinggan ng mga Banal ang Kumperensya sa Wikang Georgian sa Unang Pagkakataon

Noong Oktubre 9, 2011, isang kongregasyon ng 35 mga Banal ang nagtipon upang panoorin ang pangkalahatang kumperensya—at pakinggan ito sa kanilang katutubong wikang Georgian sa unang pagkakataon. Bago sumapit ang Oktubre, tinatayang 50 aktibong miyembro sa bansa ang nagkaroon ng opsiyon na pakinggan ang kumperensya sa Russian, Armenian, o Ingles. Gayunman, marami ang Georgian lang ang sinasalita, kaya ang interpretasyon sa wikang iyon ay naging isang mahalagang kaganapan.

"Tuwang-tuwa akong marinig ang mensahe ni Pangulong Thomas S. Monson sa Georgian," sabi ni Lela Tsnobiladze. "Malaking kaibhan ang nagagawa ng pakikinig sa kumperensya sa iyong katutubong wika."

### Tumugon ang Simbahan sa Pinsalang Dulot ng Bagyo sa Pilipinas

Kasunod ng mga Bagyong Nesat at Nalgae sa Pilipinas noong Setyembre, na nakaapekto sa halos 200,000 katao, tumugon ang Church Area Welfare Department sa pamamagitan ng pagpapadala ng 600 sako ng bigas sa Pampanga. Ang Social Action Center of Pampanga ng Archdiocese of San Fernando Pampanga, isang katuwang na organisasyong hindi pag-aari ng gobyerno, ang namahala sa pamamahagi ng ibinigay na bigas.

Nagtulungan ang mga boluntaryong Katoliko at LDS sa pagbabalot at pamamahagi ng donasyong bigas sa 352 apektadong mga nayon sa Pampanga.

### Nakibahagi ang mga Miyembrong Aprikano sa Limang Araw na Paglilingkod

Sa loob ng limang taon, nakibahagi ang mga miyembro sa Africa sa All-Africa Mormon Helping Hands Day, isang pagtutulungan ng Africa Southeast at Africa West Areas. Isang araw sa bawat taon, nagbibigay ang mga miyembro sa mga lugar na ito ng iba't ibang uri ng paglilingkod sa mga komunidad sa kanilang lugar. Ang kaganapan sa taong ito ay idinaos noong Agosto 20, 2011; ang mga ulat tungkol sa ilan sa mga proyekto ay mababasa sa news.lds.org. ■

***Ang mga Banal sa Lagos, Nigeria, ay nakibahagi sa All-Africa Helping Hands Day noong Agosto 20, 2011.***



LARAWANG KUHA NI EBERE EVANS





LARAWANG KUHA NI CRAIG T. OLSON

### Binisita nina Elder Ballard at Elder Jensen ang mga Miyembro sa Mexico

Noong Sabado't Linggo, Setyembre 10–11, 2011, kinausap ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol at ni Elder Jay E. Jensen ng Panguluhan ng Pitumpu ang mga miyembro at misyonero sa Cuernavaca, Mexico. Hiniling ni Elder Ballard sa mga miyembro na itanim ang ebanghelyo sa puso ng mga tao ng Mexico sa pamamagitan ng mga espirituwal na karanasan. "Napakaraming tumatanggap sa ebanghelyo na walang nararanasang espirituwal na pagtanggap," wika niya. "Kailangang magkaroon ng matinding pananalig sa espiritu para maisapuso ng ating mga miyembro ang sinang-ayunan nila sa kanilang isipan."

### Bumisita sina Elder Oaks at Elder Andersen sa Peru at Bolivia

Noong Agosto 2011 naglakbay sina Elder Dallin H. Oaks at Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Bolivia at Peru sa South America. Kabilang sa mga mensahe ni Elder Andersen ang kanyang turo na sa buong

mundo, nahihirapang pumili ang lahat ng tao sa pagitan ng mabuti at masama. "Kapareho rin ninyo kaming nahihirapan sa pagpapasiya ng mga bagay-bagay ukol sa mortalidad," wika niya. "Narito tayo para matutong mamuhay nang may pananampalataya."

### Tumupad sa Tungkulin si Elder Bednar sa Europe

Sa unang bahagi ng Setyembre, kinausap ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga Banal sa England, Germany (kung saan siya naglingkod bilang full-time missionary halos 40 taon na ang nakararaan), at Denmark. Sa bawat lugar, itinuro ni Elder Bednar ang doktrina ni Cristo at binigyang-diin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Patuloy rin niyang itinuro ang alituntunin ng moral na kalayaan at ang responsibilidad nating kumilos. "Ang kalayaang moral ay kapangyarihan at kakayahang kumilos nang malaya," wika niya. "At kapag kumilos tayo nang angkop at alinsunod sa mga turo ni Jesucristo, nagbabago ang mismong likas nating pag-uugali sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo."

*Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga kuwentong ito, saliksikin ang news.lds.org gamit ang pangalan ng General Authority at ang lugar na kanyang binisita bilang mga keyword.* ■

## MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Ang Doktrina ng Ama,"** pahina 20: Magsimula sa paghiling sa mga kapamilya na ibahagi ang nalalaman nila tungkol sa likas na katangian ng Ama sa Langit. Talakayin ang artikulo, na ibinubuod ang mga punto sa bawat bahagi na nagbibigay ng ideya kung sino ang Diyos Ama. Isiping magtapos sa inyong patotoo tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

**"Ito ay *Inyong* Gawain,"** pahina 42: Una, basahin ang sidebar na pinamagatang "Ano ang Magagawa Ko?" at pumili ng isa sa mga ideyang makakatulong sa inyong pamilya na makibahagi sa gawain sa family history at templo (tingnan din sa lds.org/familyhistoryyouth). Sa family home evening, basahin ang artikulo sa inyong pamilya at saka itanong kung anong mga pagpapala ang ipinangako ni Sister Beck sa mga gumagawa sa mahalagang gawaing ito. Isagawa ang ideyang ipinlano ninyo at isiping ipagpatuloy ang proyektong ito sa mga linggong darating.

**"Ang Magiliw na Awa ng Panginoon,"** pahina 48: Basahin ang kuwento tungkol sa isang pamilyang tumanggap ng espesyal na Christmas card at ang kuwento tungkol sa lider ng priesthood na nalaman ang mga pangalan ng mga kabataan sa kanyang stake. Ipaisip sa mga kapamilya ang magigiliw na awang natanggap nila mula sa Panginoon. Isiping itanong, "Ano ang magigiliw na awa? Sino ang tumatanggap ng magigiliw na awa? Paano ninyo mapasasalamatan ang magigiliw na awang tinatanggap ninyo?" Maaari ninyo itong sundan ng mga sagot ni Elder Bednar sa mga tanong na ito mula sa artikulo.

**"Hindi Naka-plug,"** pahina 61: Basahin kung ano ang ginagawa ng mga batang ito at ng kanilang mga pamilya sa pag-uukol ng makabuluhang oras sa media. Maaari ninyong talakayin kung paano nananatiling balanse ang paggamit ng inyong pamilya ng TV, computer, at iba pang "oras ng panonood." Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011, nagsalita si Elder Ian S. Ardern ng Pitumpu tungkol sa matalinong paggamit ng iba't ibang teknolohiya: "Kahit mabuti ang mga bagay na ito, huwag nating tulutang halinhan nito ang mga bagay na pinakamahalaga" ("Isang Panahon Upang Maghanda" *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2011, 32). Isiping gumawa ng mga mithiing katulad ng nasa artikulong ito upang ang inyong tahanan ay maging isang lugar na tatahanan ng Espiritu. ■

### Mga Sunday Lesson sa Lunes ng Gabi

Gusto ko talagang magkaroon ng epektibong family home evening lesson bawat linggo, ngunit lagi akong nahihirapang mag-isip ng paksa at maghanda ng lesson.

Isang araw ng Lunes nalaman ko na nalimutan kong maghanda ng lesson. Subalit naisip ko ang nakatagong pagpapala ng pagiging guro sa Primary. Kamakailan ay natawag akong magturo sa mga batang limang taong gulang at katuturo ko lang ng isang lesson noong nakaraang Linggo. Nagpasiya akong gamitin sa FHE ang isang pinaikli (at angkop sa edad) na bersyon ng itinuro ko noong Linggo. Noong Lunes ng gabing iyon pinag-usapan namin ang tungkol sa pagsunod, at muli kong isinalaysay ang tatlong kuwentong ibinahagi ko sa Primary noong Linggong nakaraan.

Magandang paraan ang pag-aakma ng aking Primary lesson sa pamilya ko para maisakatuparan ang mithiin kong magkaroon ng handang-handa at epektibong family home evening lesson bawat linggo. ■

**Christina Sherwood, Arizona, USA**

# PAGTULAD AT PAGGALANG SA ATING MGA MAGULANG SA LANGIT

**Ni Scott Van Kampen**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ebanghelyo ng pagtulad, ang sabi ni Elder Douglas L. Callister, dating miyembro ng Pitumpu. "Isa sa mga layunin ng pagsubok sa atin dito sa lupa ay maging katulad nila sa lahat ng aspeto nang sa gayon ay maging komportable tayo sa harapan ng ating mga magulang sa langit." Tinutularan natin Sila kapag sinisikap nating mag-isip, magsalita, kumilos, at maging kawangis Nila (tingnan sa Alma 5:14).[1]

Bilang graphic designer, kailangan kong magdisenyo ng iba't ibang artistikong estilong hinahanap ng mga kliyente. Para magawa iyan, nakatulong sa akin ang pagkakaroon ng isang padron o huwaran. Kahit ipaliwanag ng kliyente nang detalyado ang gagawin at ang gusto nilang mangyari, nakakatulong pa rin sa akin ang isang larawang matitingnan ko habang ginagawa ko ito. Ang huwarang iyon—kahit nasa isip ko lang—ay nagpapaalala sa akin ng aking mithiin at itinutuon ako palagi sa dapat kong gawin.

Gayundin sa pagsubok sa atin dito sa lupa, hindi laging sapat ang mga tagubilin lang para magparating ng impormasyon o maglahad ng bagong konsepto. Maaaring kailanganin natin ang isang larawan o huwaran sa ating isipan para matulungan tayong tularan ang banal na gawain. Dahil diyan, kung iisipin natin na mga anak tayo ng Diyos, na naghahangad na makabalik sa Kanya, mas malamang na itulad natin ang ating buhay sa Kanya at sikapin nating taglayin ang mga katangiang likas sa Kanya.[2]

Ibinigay ng ating matalinong Ama sa Langit ang Kanyang Bugtong na Anak upang maging tunay na halimbawa natin ng pagtulad sa Kanya. Nang magministeryo ang Tagapagligtas sa mundo, ginawa Niya ang kagustuhan ng Ama, na ginugugol ang Kanyang panahon sa paglilingkod sa iba. Gayundin, kapag tinularan natin ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak, ginagamit natin ang ating mga kaloob, talento, at talino upang bukas-palad na maglingkod. Sa ating paglilingkod, binibigyan natin ng karangalan ang ating Ama at binibigyan Niya tayo ng karangalan sa pagtawag sa atin na makibahagi sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.



*Dahil ang pagkakaroon ng huwaran sa ating isipan ay makakatulong sa atin na tularan ang banal na gawain, ibinigay ng ating matalinong Ama ang Kanyang Anak bilang tunay nating huwaran sa pagsunod sa Kanya.*

Tulad sa graphic design, kung minsan ay napapalitan ng isang bagay na nasa isipan lang ang isang huwarang nakikita at nahahawakan. Madalas tayong matuto sa paglilingkod ng iba. Naaalala ko pa noong bago pa lang akong ward executive secretary na hindi ko maiayos ang iskedyul ng pag-iinterbyu ng bishop. Mabuti na lang at ipinalala sa akin ng bishop na ang Panginoon ang bahala at alam Niya kung sino ang kailangang kumausap sa bishop sa araw na iyon—kahit hindi namin alam. At totoo nga na tuwing may ganito kaming "problema," bigla na lang may tatawag sa telepono o may darating para itanong kung may panahon ang bishop. At dahil mahusay siyang mamuno, lagi siyang may panahon.

Bukod pa sa halimbawa ng mga pinuno, pinagpala akong magkaroon ng mga magulang na huwaran ng kabaitan, kasipagan, suporta, katapatan, at pagkamatwid. Ang kanilang mga halimbawa ay isang huwarang maaari kong sundan, na nagpapamalas sa akin ng kaugnayan ng pagtulad sa Diyos at paggalang sa ating ama at ina. Ang mabuting halimbawa ng ating mga magulang sa lupa ay bahagi ng huwaran ng Ama sa Langit, at sa paggalang sa kanila, matututo tayo ng mga katangiang kailangan natin upang makapiling na muli ang ating Ama sa Langit. At habang nagiging bahagi tayo ng mabuting huwarang susundan ng ating mga anak sa kanilang buhay, makakatulong pa tayo sa pagsasakatuparan ng Kanyang plano at pagsasagawa ng Kanyang huwaran ng pagiging magulang sa pamamagitan ng pagdadala hindi lamang ng ating sarili kundi pati na ang ating walang-hanggang pamilya pabalik sa Kanya. ■


**MGA TALA**

1. Tingnan sa Douglas L. Callister, "Ang Ating Dalisay na Tahanan sa Langit," *Liahona,* Hunyo 2009, 27; *Ensign,* Hunyo 2009, 55.
2. Tingnan sa Sherrie Johnson, "Instilling a Righteous Image," *Tambuli,* Hunyo 1984, 10; *Ensign,* Hulyo 1983, 21.

PAGLALARAWAN © IRI


Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa karton, makapal na papel, maliit na sako, o patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa mga larawan.

**Inutusan ng Ama sa Langit si Nephi na Gumawa ng Barko**
**1 Nephi 17**



Nephi







Laman at Lemuel

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

“Naniniwala kami sa Diyos,
ang Amang Walang Hanggan,
at sa Kanyang Anak,
na si Jesucristo, at
sa Espiritu Santo.”

Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1

TAGALOG
4 02104 82893 9